my girl and i by SGwannabe

– T T T+

My Girl and I

By: SGwannabe

© December 2006

Who's who:

Lance Kristofer Dy = "Dylan" or "Tofer"

5'11 ang taas, tama lang yung laki ng katawan niya, sobrang matalino, at mayaman.. medyo masama nga lang ugali. Lapitin siya ng babae pero kadalasan ay sinusupladuhan niya lang sila. May Mom and Dad siya at meron siyang isang batang kapatid na lalaki. Simula nung 9 years old siya, alam na niyang may nakatakdang babae na ipapakasal sa kanya pag turn niya ng 18 years old. Nagpropose siya sa babaeng gusto niya pero hindi pumayag yung babae kaya dito nagsimula ang lahat.

Bianca Marie Velo = "Bianca"

Only child lang si Bianca. Mabait, marespeto sa taong karesperespeto, nasa 5'4 ang taas at medyo chubby siya pero maganda. Daddy na lang niya ang bumubuhay sa kanya dahil namatay yung mom niya nung 12 years old siya. Siya

lang ang tumatawag kay Dylan ng Tofer. Mabilis pakisamahan si Bianca. Alam niyang mahina utak niya siya sa pagaaral at pagibig. Hanggang isang araw..

Ryan Lee = "Ryan"

Kababata ni Dylan si Ryan, Mayaman, gwapo at matinik sa babae, matalino rin siya gaya ni Dylan. Music ang hilig niya. School, babae at music lang takbo ng buhay niya. Pero ng makilala niya si Bianca nagbago siya.

Niña Angeline Hernandez = "Niña"

Maganda, matalino at mayaman. Class A din siya sa school katulad ni Dylan. Member siya ng isang drama club sa school. Nagpropose sa kanya si Dylan pero hindi niya tinanggap dahil sa "kaibigan lang" daw ang turin niya kay Dylan. Matapos iyon..

Nathan Dizon = "SangMin" or "Nathan"

Half Filipino half Korean. Grumaduate siya sa Korea, pero marunong siya magtagalog. Filipino kasi yung Dad niya. Sobrang gusto niya si Bianca, nung nalaman niya kay Bianca na kasal na siya, naisipan niyang bumalik ng Korea, pero pag balik niya dito.. nag bago na ang lahat..

Carla Gamboa = "Carla"

Penguin friend ni Bianca, siya lagi nag aaya ng inuman. Weird pero cute! Beach bum din siya. mahilig sa guys pero NBSB siya, mahahanap na kaya niya ang prince charming niya dito sa story..?

Mae Aduna = "Mae"

Si Mae ay may HD kay Ryan! Maarte pero nakakatuwa. Hindi gaya ni Carla, nagka boyfriend na siya. Pero isa lang. Yun nga lang naloko pa! Dito na kaya niya mahahanap ang sinasabi niyang TRUE LOVE?? Oh isa lang to sa mga kahibangan niya sa buhay?

Stephany Ablir = "Steffi"

After ilang years ng paghihintay ay naging successful din siya dahil nakuha na niya ang pinaka-aasam niya, si Dylan. Maganda naman ang pakikisama sa kanya ng pamilya ni Dylan dahil alam nila na masaya si Dylan sa piling niya. Nung nalaman niyang bumalik na si Bianca, gugunawin niya muli ang ngayong masayang buhay ni Bianca.

Kristofer Dy - Bianca and Dylan's son (season 2)
Kris Dy - Dylan's brother
Larry Dy - Dylan's dad
Kristy Dy - Dylan's mom
Mar Velo - Bianca's dad

- * - action/expression
- ~ - sa sarili lang sinasabi
- ** - music playing

Soundtrack:

♪ A little bit - MYMP
♪ Need to be next to you - Leigh Nash

♪ Beautiful as you - All for one
♪ I wish I wasn't - Heather Headley
♪ Without you - 1TYM

Season ONE

Chapter 1

Bianca's POV

Ako si Bianca! 17 years old, pero mag 18 na ko sa September 20, namatay si Mama nung 12 years old pa lang ako kasi nagkasakit siya ng Leukemia, sad noh? pero gaya nga ng sabi nila Life goes on tama naman sila diba? Hindi naman ako kelangan mag mukmok ng magmukmok! Simula nung mamatay si Mama sa apartment na lang kami tumira. Hay grabe, 6 years ko na rin gusto si Lance Kristofer Dy! Tofer tawag ko sa kanya, pero sila Dylan, ewan ko ba! Parang gusto ko lang maiba. Never ko siyang naging kaklase kasi matalino siya samantalang ako.. I LOVE MATH yung nga lang MATH HATES ME nakakatuwa noh? Bobo talaga ko, lagi kasi akong nasa class F! HAHAHA! Akalain mo ba naman yun? Kababaeng tao, class F?! KAMUSTA NAMAN YUN?! O

andito na yung dalawa kong kaibigan!

SCHOOL VERANDA. 2nd quarter, 4th year HS.

inhales "GRABE! 6 YEARS KO NA SIYANG GUSTO! PWEDE NIYO NA KO PATAYIN NGAYON! HAHAHA!"

"Pakyu! Haha wag ka ngang sumigaw dyan!! Oo nga eh! Sa 6 years na yun hindi niya nalaman na gusto mo siya! Naging close na nga kayo't lahat wala pa rin! Kelan mo ba ipapaalam sa kanya yun? "

"O nga noh, naging close pala kayo nun kahit papaano! Bakit nga ba hindi na kayo close ngayon? Pati kelan mo ipapaalam lahat?"

"Eh, ganun eh, baka gusto niyang maging astronaut.."

"ASTRONAUT?!"

"Eh baka kasi he needs space.." sabay tawa "Ewan ko, ipapaalam ko sa kanya 1 week before mag graduation! Gagawan ko siya ng letter!"

Eto ang dalawa kong best friends! Si Mae Aduna at Carla Gamboa, simula grade 1 pa lang magkakaibigan na kami kaya tingnan niyo! Pare-pareho kaming nasa class F! magkakaibigan nga talaga kami diba?

"BIANX!! SI ANO OH.."

~OMG! SI TOFER DUMAAN! Ano ba 'to! Bakit parang naging slow motion yung paligid ko? Grabe..~

I was kinda hesitant to tell you, should I let you know? I was never really like this before, need I say more?..- I'm a little bit of crazy, I'm a little bit of a fool, I'm a little bit of lonely, I'm a little bit of all oh I need a cure. Just a little bit of you. And I will fall...

"Grabe ang tagal na kita gusto.. kulang na nga lang eh pilitin kitang magpakasal sa akin.. kaya lang hindi mangyayari yun, hindi pwede.." mahinang sinabi ni Bianca.

Habang papalapit ng papalapit yung mukha nila Carla at Mae sa mukha ni Bianca sabay nilang sinabi ng mahina..

"Bakit naman hindi pupwede..?"

Nagulat bigla si Bianca at napatingin sa dalawa, dahil narinig pala nila yung binulong niya

"ha?? o nga noh? bakit nga ba?" *thinks* sabay sigaw "BAKIT NIYO NGA BA KO PINAPAKINGGAN!! Tss. Tara na nga! Baka mapuno na yung bus!"

Eto na ko sa Bahay! Anong date ba ngayon? Wednesday!? Nako si Papa! Ipapaalala na naman saakin yung bagay na yun!

"Anak, alam mo naman yung pinagkasunduan diba? Kaya

lang, ang tagal ko na silang hindi nakikita hindi ko alam kung natatandaan pa nila yun. Pero sana matandaan nila yun.. kasi yun lang yung naiwan ng Mommy mo na gusting gusto niyang matupad.." Napailing siya pag tapos

"PA!! ano ka ba?? Wag muna nating isipin yun, tutal 17 pa lang naman ako! Sa susunod na buwan pa ko mag 18! Kasi naman eh!! Halos once a week mo na yan pinapaalala sa akin! Opo opo! Natatandaan ko.. ~nako po, hindi ko ata

Dylan's POV

"Magkaka daughter-in-law na ko!! Matutupad na yung wish ko na magka anak na babae!"

~ano ba 'tong si Mommy akala niya ata natutwa ako at ikakasal ako ng maaga! May iba akong gusto, bakit ba gusto nila 'ko magpakasal sa taong ayaw ko? Hay grabe na to!!

"MOM! LOOK I'M ONLY 18! Halos kaka18 ko nga lang nung June eh! Ano ka ba naman!"

"Baby, hindi ka na pwede mag backout. Nasabi na namin sayo to matagal na panahon na bakit ngayon ka lang umaangal? Oh Tomorrow night may dinner tayo, okay? Sige na! I'm sleepy. Goodnight baby!"

"MA!!!!"

~Ano ba naman to! Palagi na lang yun yung sinasabi nila eh, hay nako! Tama ba naman ba kasing sabihin nila sakin at the age of 9?! Malamang wala pa akong alam nun sa mundo! At malamang hindi ko pa kilala si Niña nun! Hindi ko pa nga

nasasabi kay Niña na gusto ko siya eh, tapos biglang ipapakasal na nila ko sa taong hindi ko kakilala?? OMG! OMG TALAGA!~

Ako nga pala si Dylan, sabi nila matalino daw ako, pero hindi naman ako nag aaral tuwing gabi, sa katunayan nga maaga pa kong natutulog. Magaling lang talaga siguro ako. Sabi ng parents ko, pag dating ko ng 18 ikakasal na daw ako, kasi meron silang matalik na kaibigan at nagkasundo sila tungkol sa bagay na yan, grabe noh? ibang generation na nga to pero may "fixed" marriage pa rin! Kakaiba talaga sila! Meron din pala akong bunsong kapatid, siya si Kris, katulad ko, matalino din siya, parehong pareho kami halos ng ugali, yun nga lang hindi siya kasing tinik ko sa babae, mataba kasi!

Noone's POV

Sa bahay nila Dylan

Mommy Kristy: "Dear ang tagal mo! Malapit na mag 2:00 oh! Pupuntahan pa natin yung bestfriend mo."

Daddy Larry: "Oo, Dear! Andyan na!"

SCHOOL LOUNGE.

Dylan's POV

Nakikita ko na naman si Niña.. sabihin ko na kaya? Para pag pumayag siya na pakasalan ako, may reason na ko para mag backout. Pero pano na pag hindi siya pumayag? Edi tuloy ang

kasal.

"Niña! Sumama ka sa akin, bilis! May sasabihin ako sayo. ~magpopropose na ko sayo..~"

"Now na? Oh sig-"

"Tara na!" hinaila ko na lang siya para wala nang maraming tanong.

~OMG! Bakit tumatakbo si Tofer? At bakit hawak ni Tofer yung kamay ni Niña? Ano ka ba naman Bianca!! Syempre simula nang dumating si Niña sa school na to naging close na sila. Kaya nga nawala ka bigla sa paningin ni Tofer diba? *sigh* tama! Kelangan ko na amin kay Tofer bago pa mahuli ang lahat.. malay niyo gusto niya rin ako diba? UMASA PA DAW BA AKO? Kamusta naman yon??~

MUSIC ROOM

"Niña, grabe ang tagal na nating magkaibigan, gusto kong malaman mo na mat-

"Matagal mo na 'kong gusto. Alam ko na yun, napansin ko yun eh, sa totoo nga eh ako rin.. gusto rin kita.."

"TALAGA?! You like me, too? Kasi, ako gusto talaga kita."

"Oo, a-"

"Will you marry me?"

~Aba nakakagulat naman 'to!! Sasabihin ko ba kay Bianca? Wag na, baka masaktan lang siya! Ano nang gagawin ko?? Grabe, nagpopropose na si Dylan kay Niña! Ano kaya sasabihin ni Niña?~

"Huh??? Dylan, I like you as a FRIEND. Siguro nga nagkaroon ako ng weird feelings sa 'yo before pero ang hirap naman ata sagutin ng tanong mong yan.."

"As a friend.. Kasi sa totoo lang, baka eto na rin yung last time na mgpopropose ako sa 'yo..hindi mo ba pupwedeng ireconsider? Sige na naman oh"

~ANO DAW?! 18 pa lang si Dylan ha?? Pero kung magsalita siya eh parang si Niña na yung gusto niyang makasaa habang buhay.. Nako, pano na talaga si Bianx.. tablado na!~

"Ano ba yang pinagsasasabi mo? Ewan ko sa 'yo. Tama na baka magkailangan pa tayo. Sige mauna na ako."

~OMG! Lalabas na si Niña! TAKBO!! Kelangan ko mahanap si Bianx bago pa niya malaman sa iba! Teka asan na nga ba sila? SASABIHIN KO BA KAY BIANX YUNG NAKITA'T NARINIG KO?~

Chapter 2

~Hay grabe, ano kaya nangyari kela Tofer? Tagal naman nilang dumaan ulit. Nasaan na nga ba si Carla? Kakaiba

talaga yun! Parang kabute eh. Bigla-biglang sumusulpot bigla-bigla rin nawawala.~

"Mae, nakita mo ba si Carla? Kanina ko pa siya hinahanap eh!"
"Hindi pa nga eh! Tara na sa classroom baka na una na yun!"

Pagdating naming sa room andun nga siya, teka bakit parang may iniisip siya? Mukhang malalim pa! Aba! Mukang nababahala 'to ah? Hmm.. matanong nga..

"CARLA!! Loko ka! Hindi mo man lang kami tinext na andito ka na sa room!"

Vince: "Bianx kanina pa yan natutulala! Sarap ngang batukan eh! Akala mo math yung sinosolve niya! Jusko po! Pwede ba!"

"OH andito na pala kayo!! San kayo galing??"

"Anong san kami galing?? San KA nanggaling?!"

"Ah.. ako ba.. sa.. cr! Oo tama sa CR!! ~ano ba yang excuse mo Carla.. minsan nga magisip ka!~"

"Ahh.."

Andito na yung Adviser namin! Nako mukhang napagalitan na naman ng principal 'to ah.. ano kaya sasabihin niya ngayon?

Mr. Fuentes: "Class, kinausap ako ng principal.. as usual wala na naman daw naka pasok sa Top 100 miski isa sainyo. Please naman.. magaral naman kayo kahit papaano.. lagi

akong pinagtatawanan sa faculty room, ako naman tanggol ng tanggol sa inyo, hindi ba pwedeng kahit ngayong ga-graduate na kayo mag aral naman kayo?"

Class F: "Opo.."

Mr. Fuentes: "Ok class, wala ako sa mood mag turo ngayon, bukas na lang ulit tayo magka-class. Adjourned."

Class F: "goodbye and thank you Mr. Fuentes"

Aba tapos na class ko! Pwede ko na ibigay yung letter ko kay Tofer! Asan na ba siya? Ah nasa east wing nga pala yung class room niya! Iintayin ko nalang siya sa may hallway! This is it!!

"Mae, Carla.. sasabihin ko na sa kanya! Ibibigay ko na 'tong letter ko! Eto na yung araw na pinaka hihintay ko!"

"BIANX! WAG!!!"

Wag? Bakit? Bahala siya! Tumakbo nalang ako papunta sa east wing para mag intay sa hallway..

"Bakit naman? Hayaan na natin siya na ipaalam kay Dylan yung tunay niyang nararamdaman, kesa naman habang bihay niya iyon pasahin.. at least nasabi niya yung gusto niyang sabihin. Kung ano ang magiging reaction ni Dylan, yun nalang ang isipin natin.."

"Pero.. ~nagpropose siya kay Niña!!!~ o sige.. tara, sundan na natin siya.."

~Ang tagal namn ni Tofer.. na saan nab a siya?? OH MY GOD! AYUN NA SIYA! Ba't nanlalaki mata ko? Teka wag! Pangit pangit! Dapat pa-cute ng konti..~

Habang naglalakad si Dylan papunta sa direction ko bigla kong inabot yung sulat at nakapikit na sinabing..

"GUSTO KITA MATAGAL NA. ETO SULAT PARA SAYO.."

"Tara! Inuman tayo! Para makalimutan mo na yang pesteng Dylan na yan! Ang kapal kasi ng mukha eh!"

"Oo nga!! Ano naman kung gwapo siya?! Sabagay, matalino.. samantalang tayo tres bobitas! Pero he's so kapal pa rin ha! Wag na tayong uminom! Shopping na lang!"

"Ano ba kayo! Ikaw talaga Carla! TOMADOR KA NA TALAGA NOH? Puro alak na ata laman ng ulo mo eh! Ikaw naman Mae puro ka shopping! Eh pag nag babayad ka nga ng mga biibili mo eh halos madaya ka na sa sukli kasi hindi mo binibilang! Mabuti pa, kakalimutan ko na lang siya! Bahala siya!"

Nakarating narin ako sa bahay sa wakas! Eto naman si Papa, may kausap pa sa phone! Sino kaya yun.. matanong nga..

"Oo sige, dun na lang tayo. Mga 7:00. okay."

"Papa"

Daddy Mar: "Bianx, magbihis ka na at makaka didinner tayo sa labas."

"Dinner sa labas?! Sino nanaman!? O sige po, magmaliligo lang ako tapos magbibihis na."

"o sige anak, bilisan mo ha."

Italian Restaurant. 6:30 pm

ABA akala ko naman kung saan yung dinner sa labas na yan, dito lang pala sa restaurant namin! Eto na nga lang yung bumubuhay sa aming dalawa tapos makakalibre pa yung makaka dinner namin! Tsktsk, ayos, ayos talaga.. 15 minutes ng nakalipas at dumating na sila..

"Anak, eto sila Mr. and Mrs. Dy. Kumiss ka sa kanila.."

"Yes papa.. ~MR. AND MRS. DY?! OMG baka kamaganak nila si..TOFER?! no.. hindi pwede..~ Good evening po." tapos nag kiss ako.

Grabe! Imposibleng kamag anak nila si Tofer, hindi naman niya kamukha yung mama! Pero ung babae mero.. hawig niya.. nako.. baka naman kamag anak lang! pero hindi niya pwede maging magulang yan! Ang tangkad niya eh.. samantalang itong dalawa tama lang..

Mrs. Dy: "Teka lang ha! lalabas lang ako sandali.." Then she left.

Mr. Dy: "Eto na ba yung anak mo? Aba! Ang ganda ha! mejo malusog nga lang ng konti pero maganda! Kaya lang.." hinead to toe nya si papa "hmm..hindi mo siya kamukha Mar."

"Hindi ka pa rin nagbabago! Oo, kasi mas kamukha niya yung mommy niya. Halos wala nga nakuha saakin eh"

~Hahaha! Nakakatawa naman etong mama na to! Pero teka bakit ganun sila kung mag usap, parang sobrang may pinagsamahan sila? Tapos kung sabihan ako ng maganda at MALUSOG eh akala mo isasali ako sa pageant! Sino ba kasi sila? At asan na nga pala si Mrs. Dy?~

"Bianx, can you call tita Kristy? Tell her that it's time to eat.."

"~Tita Kristy? Aba! Ayos to ah! Parang Tita Kristy Fermin! Haha! Puro kalokohan nanaman ako!~
Yes Papa."

Lumabas ako para puntahan si Tita kristy, nasan na nga ba siya? Baka naman kasama niya pa si Tito Boy! Ay chika minute sila! Hahaha! Ang baduy ko talaga. Ayun pala siya! May kausap sa cellphone niya, sino kaya yun?

Mrs. Dy: "..ikaw na lang baby ang hinihintay namin dito, bilisan mo na dyan, 5 minutes lang to from Ryan's house sa Makati, kaya bilisan mo. Mag paalam ka na kela Ryan." Napatingin siya sa akin "Oh. that was my eldest son, I told him to come here to eat with us, i explained everything to him, don't worry, hija." Then she smiled.

"Tita Kristy kakain na daw po tayo." Tapos ngumiti rin ako.

~Ang weird naman namin, pero mas weird siya. Tintigan niyo ka ng kakaibang klaseng titig, nakangiti pa! Explained everything?! Ano inexplain niya? Ryan!? Who's Ryan? Teka ang gulo nila mag asawa. Meron ba akong hindi alam? Oh well maybe sasabihin nila sa akin later.~

Pero infairness, mukhang mayaman sila! HELLO!? Last name palang noh.. DY! Omg! Pang Chinese! And yung car nila, WOW! Convertible na Beetle! San ka pa!? Maiintindihan ko sana kung nasa states tayo, pero hinde! PILIPINAS TO! Kamusta naman yun diba?? Sinong bibili ng convertible beetle dito? At pag naka bukas yung ulo nun, ay jusko! Tingnan lang natin kung hindi sila maka singhot ng pulusyon!

Habang kumakain na kami, narinig na naming may dumating na car..

"Ry, pare salamat sa pag drop by sakin dito!"

"Sus wala yun! Ikaw pa, sige pasok ka na baka iniintay ka na nila dun! Pupuntahan ko pa yung dalawa kong chicks at baka magtampo na yun!"

~ano ba naman ba kasi 'tong sila Mommy! Wrong timing eh, ano kaya meron? Eto na ba yun?? Sige, ipakasal na nila ko dun, wala na rin si Niña eh.. friends lang daw talaga.. haay. Tablado ko..~

"Excuse me po, kukuha lang ho ako ng pinggan pati spoon and fork.."

"Oh sige anak."

~Sino kaya yung anak nila? Gwapo kaya? Ano ba yan! Ano naman paki ko kung gwapo? Eh kanina lang nasabihan ako ng "ayoko sa isang babaeng bobo" tapos ngayon mahihiligan ko pa sa isang gwapo? Kakaiba nga naman talaga ako~

"Ate Tess, lagyan mo pa nga ng isa pang plato, spoon and fork pati na rin baso. Salamat."

Mrs. Dy: "Anak, siya si Tito Mar, nasa loob ng kusina yung anak niya, halika maupo ka."

"Good evening po tito.."

Habang nasa loob ako ng kusina narinig ko na yung boses nung lalaki. Kakaiba, parang napaka..ano nga ba yun? Magalang.. maamo at parang matalino!

~ano ka ba Bianca!! Wake up! Kung matalino yan edi lagot ka na naman! *slapslapslap*~

Pag labas ko ng kusina dirediretcho lang ako sa table namin, nang tumingin ako para malaman kung sino yung guy..

"OH MY GOD."

Chapter 3

"Anak anong problema??" Lumapit siya sakin to check kung ok lang ako.

"Ah Pa, wala.. nakalimutan ko po kasi... ~KASI PO ANG GWAPO NG LALAKING NAKIKITA KO!! loko pa cute ka na naman ha~"

Mr. Dy: "Anong nakalimutan mo anak?"

"Ah.. ~anak? Bakit niya ko tinawag na anak? Tatay ko rin ba siya??~ yun po kasi.."

Nakatingin lang sakin yung lalaking yun, siguro iniisip niya na mukha talaga akong tanga at bobo dahil simpleng bagay lang hindi kaagad ako makagawa ng excuse.

Mrs. Dy: "Bianca, anak, may problema ba?"

"Anak.." Mahina kong sinabi. "Ah, nakalimutan ko po kasing.. mag.. toothbrush?"

Nagtawanan silang lahat pagsabi ko nung "magtoothbrush"

~Ang tanga mo talaga Bianx!! Bakit mo makakalimutang mag toothbrush?? Baka isipin nila hindi ka talaga sanay mag sipilyo! Tsktsk stupid! stupid!!~

Mrs. Dy: "Ah oo nga pala, Bianca meet Dylan, Dylan, meet Bianca."

"Magkakilala na kami niyan, in fact nagkasalubong kami kaninang uwian eh"

Sabay tingin sa akin.

"Schoolmates kayo Bianca??"

I just nodded my head.. na medyo wala sa mood yung itsura.. ~stress naman 'tong lalaking to! Kahit saan ako mag punta paniguradong andun na rin yan, akalain mo ba namang family friend!? Haay! Kung alam ko lang na family friend sila, edi sana hindi ko na siya naging crush!!! Pero.. hindi mo naman mapipigilan yun eh..gwapo kasi talaga eh ~

sigh

Mr. Dy: "Mar, kelan ba mag 18 si Bianca? Para maasikaso na nating yung mga dapat asikasuhin.."

"Sa September 20 na."

Mr. Dy: "Ahh..malapit na pala, bukas lumipt na kayo sa bahay." Tapos tinuro kaming dalawa ni Tofer. "Bianca, alam mo naman yung tungkol sa kasunduan diba? Matalik kong kaibigan ang Papa mo at ang Tita Kristy naman ay matalik na kaibigan ng iyong Mama, habang nagbubuntis ang mga Mommy niyo, nagkasundo kami na kapag lalaki ang anak namin at babae naman ang sa iyong Mama ay ipapakasal namin, at ayun na nga ang nangyari." Then ngumiti siya sa akin

"S-s-siya yung papakasalan ko?! Si Tofer yung papakasalan ko??!"

Mr. Dy: "Tofer? Nakakatuwa naman. Ikaw lang ang

tumatawag sa kanya ng Tofer, pero maganda pakinggan kesa sa Dylan."

Mrs. Dy: "Oo anak, ang Baby ko nga ang mapapangasawa mo, bagay na bagay kayo! Ano nga bang section mo, hija?"

"Section ko po? Ah..-"

"Class F yan."

Mr. & Mrs Dy: "F?!"

nodded ~pakyu ka Tofer! Grrrr! Hindi porket crush kita pwede mo na kong ganyanin! kung pupwede lang kitang sapakin ngayon eh ginawa ko na!! pero.... ano ba to, pacute pa rin ako ng pacute.. nakakagigil! ~

Mr. Dy: "Aba'y bagay nga talaga kayo! Si Dylan naman ay nasa section A. Oh diba Mar, bagay sila?"

Umoo na lang ang Papa ko kahit alam kong nahihiya siya dahil mana sa kanya yung anak niya. OO mana ko sa tatay ko! tanungin mo tungkol sa math nako! nakakatuwa yan, titingnan niya muna yung problem pero pag nakita niya na sasabihin niya sayo na "ANAK MASAKIT ULO NI PAPA, WALA AKO SA KONDISYON MAG SOLVE EH." Hay nako, excuses! Ayaw niya lang aminin na LIKE FATHER LIKE DAUGHTER! Pagsamasamahin mo man utak naming dalawa, kulang parin para maka kuha kami ng 85%!

Sangayon hindi na math ang kelangan kong isipin! Hindi ako makapaniwala na si Tofer ang mapapangasawa ko! Ano ba yan! Ibig sabihin titira kami sa iisang bubong? Grabe. Ano ng

gagawin ko? Ikukwento ko ba kela Carla at Mae? Masyadong Good news to para sa kanila eh, pero nasasaktan parin ako nung sabihin niyang ayaw nya sa babaeng bobo.. ano ba yan.. iisipin ko na lang ba yun palagi? Haay. Kung alam lang niya na tatlo kaming nasaktan nun! at kung sabihin niya pang CLASS F ako, aba!!! yung DADDY KO RIN CLASS F DIN SIYA DATI NOH! Yung nga lang nalipat naman siya sa Class E nun.

"Mom, Dad, tapos na ho ba? Nasabi na kay Bianca ang lahat.. siguro pwede na tayong umuwi. Pagod na ko eh." Nakasimangot niyang sinabi.

Mrs. Dy: "Baby, hindi ka na umaayaw ha, mukhang ok na sayo ang lahat.. edi mabuti! Sige Bianca, bukas sa bahay na kayo titira ng Daddy mo, ok?"

"bukas?! Ah.. eh.....ka-"

"Hindi ako tumututol at hindi rin ako pumapayag. Tara na. Sige po Tito, mauna na ho kami, pagod na ho kasi ako eh. Salamat po sa dinner."

Mrs. Dy: "Bianca honey, halika dito simula ngayon Mommy na tatawag mo sa akin ha? oh kiss na si Mommy." Tapos kiniss niya ko sa cheek.

"Ha? Mommy?? ~hindi pa nga kami kasal pati hindi pa pumapayag yung anak mo eh tapos mommy na kaagad!~ Ah.. sige po.. Ingat po kayo, Good night."

Pagdating namin sa bahay nag usap kaagad kami ni Papa, sinabi niya sa akin yung gusto niyang mangyari, sabi ko kung

yun talaga ang gusto niya, edi papayag ako. Mahal na mahal ko si Papa, kahit na parehong mahina yung ulo namin, mahal ko yan. Eto na talaga. Lilipat na kami bukas sa bahay nila.

~Oh crap. Hindi ko alam yung mangyayari sa amin don. Isa pa may bata yung kapatid, ano nalang magiging reaction nun pag nalaman niyang yung kapatid niya ikakasal sa isang bobo? Sana mabait yung batang yun! ~

Friday. Classroom. 3:00 pm. Dismissal

Mr. Fuentes: "Goodbye class."

Class F: "Goodbye and Thank You Mr. Fuentes"

Vince: Yun!! Tapos na rin sa wakas ng linggo! Bianx, Carla, Mae, alis tayo! Punta tayong Town!"

"Hinde Vince, kelangan kong kausapin silang dalawa eh..Carla, Mae.. May sasbihin ako sa inyo.. importante.." napanguso ako dahil dito alam na nila na problema yun.

"Sige, tara dun tayo." Pumunta kami sa may veranda para mag usap.

"Tungkol san ba yan? Ngumuso ka kasi eh, mukhang hindi magandang balita yan.."

"hindi naman sa masamng balita, sakatunayan, ok pa nga siya. Kaya lang ano eh.."

"Ano ba yun?"

"Kasi yung parents ko..ipinagkasundo nila akong ipakasal pag 18 ko.."

"oh? Tapos? Kanino naman?"

"Kay.. Tofer.." ngumiti ako ng pilit.

Ang sabi nila ituloy ko raw, malay ko daw kung magustuhan rin ako ni Tofer, pero wag daw ako masyadong umasa na magiging madali yun. Nag madali na akong umuwi para lang mabilis na akong makapag ayos ng mga gamit.

Pagtapos kong magayos ng gamit, dumiretcho na kami kela Tofer, ang laki ng bahay nila, may pool, tapos may malaki pang space para sa garden, simple lang siya pero maganda. Kung hindi pa naman ba kasi ako tanga, nasa Ayala Alabang ako! Wala ako bahay namin na halos kasing laki lang nung sala nila yung buong bahay namin! Tinulungan ako ni Tofer na bitbitin ung gamit ko, hindi dahil gusto niya, kung hindi dahil inutusan siya ng Mom niya. Umakyat siya ng kwarto niya pag tapos may bumaba na bata.

~yun na ba yung little brother niya? Teka bakit ganyan siya makatingin sa akin? Oh, bakit siya lumalapit??~

Mommy Kristy: "Baby, si Ate Bianca yan, dito na sila titira ng Daddy niya simula ngayon. Oh kumiss ka na kay ate"

Nakatingin lang sakin yung bata, para bang wala siyang narinig sa Mom niya, grabe to! Akala mo lalamunin ako!

"ah.. HI!! What's your name?"

Kris: "Naintindihan mo ba yung sinabi mo kanina? English yun eh. Nakwento ka na sakin ni kuya. Kakaiba ka daw. Ay teka, paturo naman nito oh.." Pinakita niya sa akin yung assignment niya.

"Anong grade mo na? ALGEBRA?! Bakit tinuturuan na kayo ng Algerbra?" tinititigan ko yung libro niya tapos biglang nanlaki yung mga mata ko.

Kris: "Grade 5. Oh bakit ganyan itsura mo? Para kang nakakita ng multo ha!"

"grabe, grade 5 ka pa lang tapos algebra na!! ano ba yan! Pero kaya ko to, teka.." kumuha ako ng papel at ballpen..

(5x2 - 6)¼ = x

"Teka, pano nga ba ulit to? Pinagaralan ba namin to?? ~Grabe ang hirap nman!~" tinabi ko yung libro at humarap ako sa kanya "TEKA MAG LARO NA LANG TAYO! MAAGA PA NAMAN EH! Mamaya ka na mag aral!"

Bumaba si Dylan galing sa kwarto at nung tiningnan niya kung ano yung sinosolve ko bigla siyang nagsalita

"Kris ganito lang yan.." kinuha niya yung ballpen at papel na hawak ko at sinolve yung problem. "since the equation involves a fourth root, raise both sides to the fourth power.. so ganito" sinulat niya sa papel
[(5x2 - 6)¼]4 = x4
5x2 - 6 = x4
x4 - 5x2 + 6 = 0

"Now let y = x2 and substitute."
y2 - 5y + 6 = 0
(y - 3) (y - 2) = 0
y = 3 or y = 2

"since y = x2, edi ganito na kakalabasan niyan."
x2 = 3 or x2 = 2
x = ± √3 or x = ± √2

"Wow..ang galling!!" nakakngangа kong tinitigan yung sagot niya, tapos pumalakpak ako! Grabe, malayong malayo yung sagot ko sa sagot niya, solution pa lang tablado na ako.

"Kris, sasusunod na magtatanong ka sa akin mo na itanong kasi pag sa iba mo pa yan tinanong *looking at Bianca* baka magkamali ka pa. Ok?" ~grabe naman 'tong si Bianca! Simpleng equation lang hindi pa kayang isolve! ~

Kris: "Kuya bobo ba siya?" Tumingin siya kay Tofer tapos timingin sa akin. "Ayaw ko sayo! Ayaw ko sa taong hindi ako kayang tulungan sa mga assignments ko!! Hindi ka pwede pakasalan ng kuya ko!

~huh! Buti nga sayo, akala mo ako lang may ayaw sayo.. tsktsk ~

~Grabe naman, alam kong mahina utak ko, bakit kelangan niya akong ganunin?? Bobo na kung bobo!~

"ka-kaya ko rin naman isolve yan noh!!! masakit lang talaga yung kamay ko ngayon kaya ayoko mag solve!! " ~umalis ka na Bianca baka bigla ka pang pagsolvin niyang magkapatid na yan!!~

Pumunta na lang ako kung nasasaan sila tita Kristy tapos sinamahan ako niya ako sa magiging room ko, pagkita ko.. ~anak ng tipaklong naman oh!!

ink na pink tapos puro stuff toys! Grabe.. may mga ruffles ruffles pa!! Ganito siya kasabik magkaroon ng daughter? Pero natouch ako, kasi pinaghirapan niya pang bilhinyan.. ayos ha! pinaghihirapan pala yun! Haha! Kakaiba talaga itong room na to, sobra sobra yung naka display!~

Mommy Kristy: "Oh hun, nagustuhan mo ba? Hindi ko kasi alam yung gusto mo eh, kaya bumili na lang ako ng kung ano ano.. and sorry kung medyo nasobrahan, ang tagal ko na kasing gustong magka anak na babae, kaya ganito kita tinatrato ngayon." Tapos ngumiti siya saakin.

"Hindi po Tita!!, nagustuhan ko po to.. nag abala pa tuloy kayo.. thank you po sa pagtrato niyo sa akin ng mabuti, ngyon ko lang po ulit naramdaman ung magkamommy.." tapos hinug ko si Tita.

Kinabukasan...

"OH MY GOD! OH MY GOD!! Baka ma-late ako!!"

Pag baba ko nakita ko sa Tofer.. grabe.. nasa iisang bahay na nga pala kami, nakalimutan ko..

Mommy Kristy: "Oh Bianca, kain ka na tapos sabay na kayo ni Dylan pumasok."

Umupo ako sa tapat ni Dylan, nagbabasa siya ng newspaper? Grabe naman pala 'tong taong to eh.. bata ba talaga 'to? Kakaiba eh! Pag tapos namin kumain naunang naglakad si Dylan,

"TOFER INTAY LANG! SABAY NA TAYO TOFER!!"

hinabol ko siya hanggang sa ma..

BLAG

"Ano bang problema mo?" Palapit ng palapit yung mukha niya sa mukha ko.

"Sorry, sabi ko kasi sayo sabay na tayo hinahabol kita tapos-"

"FIRST wag na wag mong ipagsasabi na naktira sa bahay naming at ikakasal ka saakin!"

"O-"

"SECOND wag mo akong kakausapin sa school. Let's just pretend na we never met and that I never existed in your life"

"An-"

"THIRD wag mo akong didikitan o babanggain man lang. MALIWANAG?"

"Ha.. ah.. o sige.." sabay nuna na akong nag lakad sa kanya at tumakbo.

Chapter 4

Habang nasa bus, magkahiwalay kami ng lugar, wala nang maupuan kaya nakatayo kami pareho, bigla nalang may nararamdaman akong kamay sa may legs ko

"Manong manong!! Tumigil na po kayo.. maawa na kayo sakin.." tapos biglang tinawag ko sa Tofer. "Tofer! Tofer, tulungan mo ako.." mangiyak ngiyak ko siyang tinawag pero hindi niya ako pinansin hanggang sa makababa kami ng bus.

"Oh bakit ganyan itsura mo?" Natatawa niyang tinanong.

"Tinawag kita pero hindi mo ko pinansin, ano ba problema mo?"

"Nasa school na tayo, wag mo na ko kausapin." Sabay lakad.

Habang naglalakad siya.. naluha ako at mahinang sinabi na..

"Bakit mo ba ako ginaganito.. anim na taon kitang crush tapos

ganito lang makukuha ko... ang sakit kaya.."

CLASS ROOM NILA DYLAN

Loko pala talaga yung babaeng yun eh! Bakit ako makikialam sa kanya eh siya nga tong humiwalay sakin! May sira talaga ulo nun eh! Maluwag na turnilyo sa ulo! Kakausapin ko na nga lang si Jason.

"Pare.. ikakasal na ako.. wag mo munang sabihin kahit kanino ha hayaan mo na sila na ang makaalam.."

Jason: "OH!? HINDI NGA?" Nagulat na sinabi ni Jason

"Oo gagy, wag na wag mong ipagkakalat yan ha!"

Jason: "Eh alam na ba ni Niña?? Akala ko ba siya gusto mo?"

"Hindi pa nga eh, nag propose ako sa kanya, pero tinanggihan niya ako.. he likes me lang daw as a friend. That effing word."

Jason: "Ah ganun? Wala ka pala eh! So anong itsura niya??"

~loko rin pala tong ungas na to eh! Akala ko pa naman din kakampi ko siya!~

"Ok lang isip bata. Malayo sa itsura ni Niña, pero bobo eh."

Jason: "eh diba ayaw mo sa bobo?"

Umoo lang ako sa kanya at biglang natahimik na kami. Grabe papakasalan ko yun? Eh ang hina ng utak nun eh! Kakaiba. Utak palaka ata yun eh! Pati gusto niya ko? Grabe.. siya pa nga lang yun nakikilala kong babae n may gusto saakin eh, yung naglakas loob na lumapit saakin at mag bigay ng sulat.. pero ewan ko! Ang gulo! Si Niña lang ang naiisip ko sa ngayon.. siya lang..

Haaay. Halos 4 weeks kaming ganun, apat na linggo rin akong binabastos sa bus. A week before mag birthday ko nalaman ng school na nagtapat ako kay Tofer, ang daming chismis na kumalat, pati may kumalat din na lumuhod daw ako kay Tofer at nag attempt na magsuicide para lang magustuhan niya din ako! Ano ba yun! May nakakita pala sa amin nung araw na yun.. hay grabe na talaga to! kahit kelan ipapahamak ako niyang mokong na yan!

Living room

Mommy Kristy: "Bianca, ready na ang lahat para sa debut mo, nabigay mo na ba yung mga invitations?"

"Opo.."

"At saka nga pala, naayos na naming yung marriage license niyo, yung church wedding chaka niyo na lang pag isipan yun pag dating niyo sa college, okay?" sabay ngiti niya saamin ni Dylan. "O pano ba yan? Mag balae na tayo!"

"HA?!"

Mommy Kristy: "Oo nga eh, natupad narin natin yung gusto naming mangyari ni Bea"

~WHAT?! Naayos na ung license? Kalokohan! Ibig sabihin legal na kami?? BEA?! Mom ko yun ah? BALAE?! Ayoko! Hinde pwede!!! nako..teka nga tatawagan ko sila Mae at Carla para masabi ko na to.~

SEPTEMBER 20 - MY DAY.

Simpleng party lang, ako lang naka gown, syempre ako bida eh! Teka sino ba yung nakikita ko.. may naka pink na dress.. bakit siya naka pink?

~Tsk ano ba yan, dapat nga pink suot ko pero pinag white nila ko na gown! Kasi daw kunwari gown sa kasal! Ano ba to! Tapos siya naka pink? Teka malapitan nga at ng Makita ko kung sino yun.~

"Si Niña..magkakilala ba kami? Ininvite ko ba siya?" mahina kong sinabi

Nakita ko sa malayo si Jason at si Niña.. Tapos papalapit si Dylan sa kanila.

"HAPPY BIRTHDAY AND CONGRATULATIONS!!"

"loko talaga kayo! Anong congratulations!! Pero thank you at dumating kayo.. sige kain na kayo.. ay nako.. wala na talaga.. legal na kami.. haay."

"Ok lang yan noh! Bianx, ang ganda mo ngayon ha! teka, hindi mo ba pupuntahan si Dylan?"

"ha? bakit ko naman siya pupuntahan? Hayaan mo muna siya"

"si Niña yun ha.. Bianx, sorry.. pero nagtago ako ng secret sa inyo eh.. si Dylan.. " Napayuko si Carla, ano kaya yun?

"Huh? Ano meron kay Tofer?" Nagtataka kong tinanong..

"Kasi.. nakita ko siya.. sa..sa-"

"SAAN??! Grabe to! AFTER 10 YEARS!"

"Sa music room..

kasama si Niña.."

"nag propose si Dylan kay Niña.."

"Kelan mo sila nakita?!?! Ba't ngayon mo lang sinabi? Nako, tapos na yun Bianx, hayaan na natin yun.."

~Pag tapos niya sabihin yun, feeling ko gumuho yung mundo ko. Feeling ko lahat ng tao naka tingin sa akin, hinde! Hindi pwede yun! Ano ba to.. yun ba yung araw na nakita ko silang tumatakbo?? Ano ba! Bakit ako nagkakaganito..~

"Bianca! Ok ka lang ba..ka-"

"Ano ka ba! Syempre ok lang ako! Diba nga bata ako?? Pag

nasugatan kiss lang ni mommy tapos wala na! Sige dun lang ako, puntahan ko lang sila Tita Kristy.. maiwan ko muna kayo.."

"Pero Bianx hindi pumayag si Niña kaya tuloy kasal niyo."

Nag nod nalang ako kay Carla, kahit masakit. Kanina pa pala ako hinahanap nila Tita Kristy, may ipapakilala raw sa akin, ano ba yan ang tagal! Sino kaya yun?

Mommy Kristy: "Oh andyan na pala siya! Ryan, eto yung wife-to-be ni Dylan, si Bianca. Oh anak, ientertain mo muna si Ryan ha!"

"Uy! Hi! Happy Birthday! Ako nga pala si Ryan Lee, childhood friend ko si Dylan." sabay nag smile siya.

Ryan? Ah, narinig ko na pangalan niya! Yung nag dinner kami tapos humabol si Dylan. Siya pala yun. ~Gwapo siya.. hmm.. bagay sa kanya yung braces niya.. tapos maganda mata niya.. nakakatuwa naman to magkaibigan silang gwapo.~

"Bianca? Ok ka lang?"

~nako nahuli akong natulala sa kanya!~

"AH OO! Hahah! :DSorry ha. malalim lang iniisip ko.."

"Ah, kababata ko nga pala si Dylan, balita ko Tofer tawag mo sa kanya ha!"

"Ha? Ah, oo. Hehe! Wala lang, sayang kasi yung name niyang Kristofer, kaya yun yung gusto kong itawag ka sanya,

kasi pag Dylan naiisip ko kambing!" tapos nag smile lang ako sa kanya.

"Ah ganun ba? Ang kulit mo rin pala.. hehe! Grabe to si Dylan, mali mali kung magsabi, maganda ka naman! Bakit kaya ganun yun?" tapos tumingin siya kay Dylan na nasa table nila Niña

~loko talaga tong si Dylan, maganda naman yung mapapangasawa niya, bakit kaya ayaw niya pakasalan? Kung ayaw niya akin na lang to, mukha pang mabait.~

"ha? anong ganun?" Tapos napatingin din ako sa tinitingnan niya.

"Siguro.. gusto niya talaga siya, kaya kahit birthday ko hindi niya ako maasikaso kasi andyan siya..oh well. Party must go on! Diba?" then nag smile ako sa kanya.

"Ha? anong sinasabi mo?"

"tinatanong kita kung marunong ka mag guitar, kasi kung marunong ka tulungan mo ako mag perform"

"Oo marunong ako, anong tugtog? Buti na lang lagi kong dala yung guitar ko, sige dun ka na sa harap. Susunod na ako."

Nagsmile na lang ako at sinunod siya. Ano naman kakantahin ko?! Yung A LITTLE BIT na kanta ko sa kanya? O kaya yung First Love ni Utada Hikaru na english version? Ano kaya?? Basta bahala na! gusto ko lang ilabas yung galit ko! Yung inis ko..

"kinakabahan ata ako.."

"Bakit ka kinakabahan!? Happy Birthday nga pala.." kinalabit ako tapos may inabot na gift.

Huh?! Sino yun?? Pag tingin ko sa likod ko...

"Oh Tofer?"

"Bianca andito na yung gitara ko, tara n-" Napahinto si Ryan sa pagsasalita.

"Oh pare kilala mo pala tong manok na to?"

"MANOK?!?!?!"

"Loko ka talaga Dylan! Oo pinakilala sa akin ni Tita kanina, sige dyan ka muna, may gagawin lang kami!"

"Teka anong gagawin ni-"

~aba, ano kayang gagawin nitong dalawang to? Bigla na lang hinatak ni Ryan si Bianca. Close ba sila? Bakit ganun nalang ung hawak ni Ryan kay Bianca? Ano nanaman pakulo nung manok na yun??~

"Good evening po!! Si Bianca kakantahan yung husband-to-be niya! Hehehe! Sana magustuhan niyo."

clapclapclapclap

While at Niña's table

Niña: "Husband-to-be?! Sino??"

"H-ha? e-ewan ko sa mga yan, mga trip nga naman nila!"

"Wag niyong pansinin tong katabi ko, makikikain lang yan dito eh. Nagmakaawa sakin na papasukin siya! Hehehe! A LITTLE BIT po yung kakantahin ko para kay SY (read as S Y). Game na ryan!"

Ryan started playing the guitar..

**I was kinda hesitant to tell you, should I let you know? I was never really like this before, need I say more? Or maybe I'm confused when you are near me. I don't know what to do or I should be There's only one thing in my mine, that's you and me.. I'm a little bit of crazy, I'm a little bit of a fool, I'm a little bit of lonely, I'm a little bit of all. Oh I need a cure, just a little bit of you.. And I will fall.. I'm always on the run to see you, would you allow me to? It wasn't my intention to hurt you this feeling is true.. Or maybe I'm confused when you are near me, I don't know what to do or I should be.. There's only one thing in my mind, that's you and me. I'm a little bit of crazy, I'm a little bit of a fool, I'm a little bit of lonely, I'm a little bit of all. Oh I need a cure, just a little bit of you.. And I will faaaall..

Or maybe I'm confused when you are near me, I don't know what to do or I should be.. There's only one thing in my mind, that's you and me. I'm a little bit of crazy, I'm a little bit of a

fool, I'm a little bit of lonely, I'm a little bit of all. Oh I need a cure, just a little bit of you.. And I will faaaall..**

~S.Y?! Loko to ha, sino si SY? Huh! Humanda siya! May pa SY SY pa siya jan!

Chapter 5

Magaling pala siya kumanta, at andami pang sumisigaw ng "more" akalain mo ba naman na maganda pala boses nitong manok na to! Teka, paano ko nga pala ieexplain kay Niña na ikakasal na ko? Ganun ganun na lang? Sabagay.. nireject niya naman yung "will you marry me" ko ng ganun ganun na lang eh.. hay nako! Bahala na nga si batman!

"Huy Dylan! Ok ka lang ba? Bakit natutulala ka ata? Na mangha ka ba sa boses ni Bianca?" nakangiting nanong niya.

"Ah, oo. Hindi ko pa kasi naririnig kumanta yan, first time eh. Hehe!" sabi ko naman.

"Nagustuhan niyo po ba? hehe! Lahat po ng gusto maki jamming kay Ryan lumapit na lang po kayo dito at si Ryan na ang bahala. Pasensya na po kayo at yun lang po ang makakanta ko sa ngayon, bigla ho kasi akong nabibianca! Sorry po ulit."

Naglakad ako papunta sa loob ng bahay sa may living room. Hindi ko mapigilang hindi umiyak, si Tofer, si Tofer na nagustuhan ko for 6 years.. kasama si Niña na pinagproposan niya.. anong gagawin ko?

~Bakit ganun? Si Niña tinanggihan siya, pero ako hindi man lang niya kayang tingnan..~

~ano kaya nangyari dun? Pupuntahan ko ba siya? Bahala siya. Gumawa na naman siya ng eksena! Kakaiba talagang manok to~

Pinuntahan ako nila Mae at Carla para i-comfort ako.

"Bianx.. obviously hindi ka ok, ano ba nangyari sayo? Ang saya mo pang kumakanta kanina ha? bakit ka umiiyak ngayon?"

"Mae ok lang ako, masyado lang ako masaya kasi andito kayo, sa debut ko. Tapos ikakasal ako kay Tofer na SIX YEARS ko nang gusto, six years ko ng hiniling.." I smiled.

"O sige, uuwi na kami ni Mae, late na masyado, pati nandyan na yung sundo namin.. Happy birthday ulit." ~naguguilty ako, parang pinasa ko yung pasan kong mundo sa kanya sorry talaga, sorry.~ Nagmamadaling makalabas ng bahay.

Habang nasa car kami ni Mae sinasabi ko na sa kanya yung mga plano para sa gagawin naming surprise wedding para kay Bianca at Dylan..

"Surprise wedding?! Saan naman natin gaganapin yun?"

"Edi sa GYM! Malaki naman yung gym para sa dalawang section eh!"

"O sige, kakausapin ko na lang yung President ng class A para sa plano."

"Oo tama yun. Para naman mapasaya natin si Bianca. Ako na lang bibili ng mga singsing nila. Tama na siguro ang white gold para medyo mura."

Sa living room.

Ano ba 'to, parang hindi ko birthday ha! bakit kelangan ako yung aapektuhan? Ano nga naman ba kung nag propose siya kay Niña? Eh ako na rin naman yung pakakasalan? Yun nga lang.. walang love. Pero kahit na! lalaban ako! Kung hindi niya ako kayang mahalin, dodoblehin ko yung pag mamahal na ibibigay ko para sa kanya!

"TAMA!! DODOBLEHIN KO YUN!" *evil laugh*

"Anong dodoblehin mo? Yung size ng katawan mo? Hah! Ang laki laki mo na nga oh!!" sabay tawa.

"Ay Tofer, kelangan natin mag usap.."

"Tungkol saan naman?"

"Sa atin. Ga-"

"HOY MANOK. THERE'S NO US."

"Pwede ba patapusin mo muna ako??"

"Ganun ba? Hehehe!"

"Gumawa na lang tayo ng marriage contract. Ilagay natin yung mga dapat at hindi dapat. Ano?"

Pumayag siya sa inalok kong marriage contract paguusapan na lang daw namin yun after ng party. So after ng party nakita ko si Tofer, hinatid si Niña sa may car niya,

"Grabe, wala talaga akong laban dyan.."

Nilapitan ako ni Tita Kristy at kinausap tungkol kay Dylan

Mommy Kristy: "Gusto mo siya diba?" tapos ngumiti siya sakin na parang siguradong sigurado siya sa tanong niya.

"Ha? Ah.. hindi ko pa po alam eh."

Mommy Kristy: "Eh bakit mo sisnasabi na wala kang laban kay Niña?"

"Ah.. yun po ba.. kasi.. kasi.. kasi po sabi ng kaklase ko mas sexy sakin yun! Pero pag tinitingnan ko siya.. mukhang mas sexy naman ako! O baka sa paningin ko lang yun? Tita ano sa tingin niyo? Ay teka... Oo nga mas sexy siya! Tingnan mo tita wala talaga akong laban kasi mas sexy siya! ~nako! Ang boba mo talaga!! Nakakainis!!~

Mommy Kristy: "Ah ganun ba? Ok lang yan, mas sexy lang naman yan sayo eh! mas cute ka naman sa kanya!"

" ~ay. cute lang? dapat mas MAGANDA! kala ko pa naman

kakampi kami~ Hehe.. o nga po! Tama tama!"

Aba sumisipsip ka pa sa Mom ko ha, humanda ka sa akin!!

"Ma

dun ako matutulog sa room ni BIANCA ha?"

"ANO?!"

Ano ba 'tong si Tofer!! Malaki nga talaga siguro tama nito! Bakit siya sa kwarto ko matutulog?? Kalokohan! Baka magpatayan lang kami dun!!

Narinig ni Papa yung sinabi ni Tofer kaya lumapit siya sa kanya at sinabing

"Chaka na pag tapos ng church wedding niyo. Masyado ka naman nag mamadali eh, gusto mo na ba mag kaanak?" sabay tawa sila ni tita kristy.

"Ah hindi po! Hindi po! Bianx, punta na tayo sa room mo, may paguusapan pa tayo, diba?"

"Ah oo, sige po papa, tita, maguusap lang kami ni Tofer."

"oh sige anak."

MY ROOM.

"Oh pagusapan na natin yung kontrata natin."

"FIRST. Dapat responsible tayo sa lahat ng bagay."

"SECOND. Bawal mag interfere sa personal na bagay."

"THIRD. Dapat pag nagbreak na tayo, friends pa rin or at least maging cool tungkol sa bagay na yun."

"FOURTH. Dapat magkahiwalay tayo ng kwarto."

"FIFTH. 2 years ang minimum. Pag grumaduate tayo ng high school, pagusapan ulit kung dapat ba i-renew yung contract."

"SIXTH. Dapat magtutulungan tayo sa lahat ng bagay."

~2 years minimum.. ibig sabihin after nun wala na, so parang yung first boyfriend at asawa ko 2 years lang yung tinagal namin.. grabe naman.. tama ba yun.. ba't kasi yun pa sinuggest ko eh~

~tama lang yung bawal mag interfere! Huh! Kala niya.. 2 years yung minimum? ano na kaya mangyayari sa amin sa 2 years!? Sana maging ok naman ung pagsasama namin. Teka

bakit ko nilagay na mag tulungan?? Mali ata yun! Hay nako bahala na nga!~

After 5 mins na nakatitig sa marriage contract namin ako na yung unang nagsalita.

"Oh ayan, tapos na, mag pahinga na tayo, goodnight To-"

Tinulugan na pala ako ni Tofer, matahimik lang saglit nakatulog kaagad! Hahaha! Batugan tong hayop na to!

Tinititigan ko siya matulog tapos napangiti ako..
~ang gwapo niya talaga.. hindi ko aakalain na siya yung mapapangasawa ko.~ "Tofer, pwede mo rin ba akong magustuhan? Kahit 20% lang, tapos ako ng bahala sa natitirang 80%.. Pag hindi ka nagsalita ibig sabihin pumapayag ka....Talaga? Goodnight baby.." tapos bigla ko siyang hinalikan sa pisngi niya. Tinititigan ko parin siya, hindi pa rin ako makapaniwala na siya yung nakatakdang ikasal sa akin..

~ganito pala feeling pag kasama mo yung guy na gusto mo sa isang room, tapos tinitingnan mo lang siya habang tulog.. ANO BA YAN!! NALOLOKO NA BA AKO?!! ANO BA TONG PINAGSASABI KO?! NAKAKADIRI NAMAN! Parang napaka hopeless romantic ko! *slapslap* gising Bianx gising!~

Nakatulog na rin si Bianca after 5 minutes tapos biglang nagising si Dylan.

~huh? Nasaan ako? Ha!? nakatulog ako sa room ni Bianx? Wala naman siguro nangyaring masama..~ pinagmasdan ko si Bianca matulog. ~Ang cute niya pala pag natutulog, parang baby. Hah! Naka ngiti pa. nananaginip siguro.isip bata na nga kilos bata pa.~ "Sweet dreams Bianx.."

mahina kong sinabi sa tenga niya, tapos..

Lumabas na ako ng room niya.

After ng Birthday ko naging close na kami ni Ryan, syempre textmates kami! Para naman nasa uso kami. Pero may nadiscover din ako tungkol sa kanya, matalino siya gaya ni Tofer, pero paminsan minsan utak unggoy. Magkaibigan nga naman talaga sila!

September 25, CLASSROOM.

Hay grabe! Sa wakas na tapos na rin yung class namin! Ikamamatay ko na tong Physics! Puro formula! Hindi ba pupwedeng simpleng r + t = d? grabe! And to think na walang nakikinig kay Prof. Dan, hay nako dada parin siya ng dada! Kakaiba nga naman! Manok din yata to gaya ko eh! Did I just say that!? Inamin ko ba na manok ako! Hay nako, kahit ano!

Jan: "Bianx, mamaya sa GYM may celebration tayong gagawin dahil kelangan natin icelebrate yung debut mo."

"Ha? nagcelebrate naman ako nun ha.. andun pa nga kayo diba? ulianin ka na ba Jan?" nakapagtataka naman 'tong mga to, cecelebrate ulit? Labo. Masyado naman magastos tong mga to!

Jan: "Basta pumunta ka na lang! Andami mo pang dada eh!! 7:00 pm dapat andun ka na ha! Mag White na gown ka ha! pwede na yung suot mo nung birthday mo. O sige bye na!"

"Ang gulo mo. Bading ka talaga! O sige pupunta ako dun."

Hindi ko na hinintay si Tofer at nag madaling umuwi para makapag ayos na, nakakahiya naman kasi kung pupunta ako

dun nang parang wala lang yung mangyayari.

"AYAN! TAPOS NA KO! Pwede na kaya to? Nako, bahala na nga. Wow ang ganda ko!! Muahahaha! Pero ano ba to, mukha naman akong ikakasal! Bakit naman white na gown!? Pambihira!"

Pagbaba ko sa may living room para mag paalam, nakita ko si Tofer na naka Americana ~saan kaya to pupunta? Bihis na bihis ah.. nako ang gwapo pala niya pag naka formal wear siya.. lalo tuloy ako na-i-in-lo--- inlove? in-love na ko sa kanya? nako hindi pwede!!! Wala naman kainlove inlove sa ugali niya eh!~

Napatingin siya sa akin aba mukhang natulala pa! mukha talaga tong engot!

~oh? Ba't ganyan ayos niya? Saan ba siya pupunta? Makikipag date? Aba kakagawa lang ng kontrata namin kamakailan lang lalandi kaagad yang manok na yan??~

"Hoy ikaw kambing! Mukha kang engot dyan! ~bakit naman kambing!!~ bakit ka natutulala? Ok lang ba suot ko ngayon? Maganda ba? Sayang kasi tong gown eh hindi ko na suot nu-"

"ANG PANGET!! Tingnan mo nga yang buhok mo? Bakit may naka umbok? Mas nagmukha ka lalong manok!! Kambing?! Bakit ako nag mukhang kambing aber?"

"Hoy kambing! Yan ang uso ngayon! Bakit kambing? Kasi.. kasi.. kasi.. *isip* ang haba kasi ng baba mo! Tingnan mo pa nga yang buhok mo! Pang kambingt alaga! Anong gusto mo?! UNICORN?! Eh teka, san ka ba pupunta?"

"Sa school ako pupunta, bakit MANOK?" ~nilalakihan niya pa ako ng mata akala mo naman bagay! Tusukin ko yan eh!~

"Oh? Sabay na tayo, dun din ako pupunta eh! Tara na, ihahatid tayo ng Papa ko." Sabay hila ko sa kanya papunta ng kotse.

Pag dating namin sa school, nagulat ako at sa gym din siya patungo, aba mukhang iisang lugar lang ang pupuntahan namin ah? Inimbita rin ba to? white gown.. Americana.. KASALAN BA MANGYAYARI?!

"Tofer, mukhang alam ko na mangyayari."

"May utak ka pala?? Kakaibang manok ka pala eh! Oo alam ko na rin.."

"Basta mag pretend na lang tayo na nasurprise tayo, ha? ayoko kasi silang malungkot.. ha?"

"Oo na. tara pasok na tayo"

Pag pasok namin, ang dilim ng buong gym tapos pag dating namin sa kala gitnaan umilaw ang stage at..

Chapter 6

**Gelo: "Time, I've been passing time watching trains go by, all of my life..lying on the sand watching seabirds flywishing

there could besomeone waiting home for me. something's telling me it might be you all of my life."

Nagulat kami ni Tofer kaya bigla siyang nag smile sa akin tapos sinabing..

"Grabe, sobra sobra pa yung ginawa nila.. bilis humawak ka na sa may braso ko." Sabay kuha sa kamay ko tapos lagay sa may braso niya.

Daphny: "looking back as lovers go walking pass all of my life wondering how they met and what makes it last if I found a place would I recognize the face? something's telling me it might be you
it's telling me it must be you.."

Gelo: "iv'e been saving love songs and lullaby"
Daphny: "and there's so much more no ones ever heard before.."

Nakangiti kaming naglakad papunta sa may stage kakaibang surprise to, parang sobrang pinagplanuhan nila. Akala ko sa mga telenobela lang nangyayari ang mga ganito, sa mga artista, sa mga bigating tao.. pero sakin? Wow!

Gelo and Daphny: "something's telling me it might be you yeah it's telling me it must be you and im feleing it'll just be you all of my life.." **

Pagkatapos ng kanta, biglang bumukas yung ilaw ng buong gym. Papalapit saamin yung kaklasi ni Tofer na si Jason.

"Aba. Nakasuot pangpari ka pa!"

Jason: "Syempre, ikakasal ko na kayo eh."

"Loko talaga kayo oh."

Jason: "Oh game na. Ikaw ba Lance Kristofer Dy tinatanggap itong si Bianca Marie Velo na maging asawa mo at makasama mo habang buhay? Sa hirap at ginhawa? kahit maging pangit siya at mag mukha ng ubod ng tanda at mangamoy lupa na siya,ipinapangako mo ba na hindi mo siya iiwanan??" Loko to ha napatawa pa!

"Ang haba naman ng tanong mo!!"

Jason: "Sumagot ka na lang."

"Uhm..o sige.. titingnan ko.." ~loko tong unggoy na to ha!!~

Jason: "Ikaw ba Bianca Marie Velo, tinatanggap mo ba itong si Lance Kristofer Dy na maging kabiyak mo habang buhay? Sa hirap at ginhawa?"

"Hmm.. ~OO! YES!!! OPO!! I DOOOOOOOOOOOO!!!! ~ depende kung magiging mabait siya..sige." Pacute na tumingin ako kay Tofer at ngumiti.

Jason: "Oh yung singsing isuot niyo na!"

Paakyat si Carla sa stage para iabot yung singsing samin.

Habang sinusuot namin yung singsing sumisigaw yung crowd ng

"KISS KISS KISS KISS"

"Oh kiss daw!!"

Tumingin ako kay Tofer tapos sinabi ko na "ang kulit ng mga to!" sabay tawa. Nakangiti lang siya sa akin at bigla niya akong

Kiniss sa may pisnge.

Jason: "Dylan, si..... Niña." Bigla kaming napatingin sa lugar kung nasaan si Niña.

"Tofer..." Hindi niya ako pinansin. Bigla na lang siya bumaba ng stage at nilapitan si Niña, hinila niya siya at pumunta sa labas.

"Ano to..? akala ko ba... gusto mo ba siya?"

"Wag ka magalala. Wala lang to.."

"Kaya mo ba sinabing baka yun na yung last time na mag popropose ka saakin?"Yumuko lang ako. Wala akong masabi sa kanya. Bakit hindi mo.. Alam mo ba kung anong meron ngayon?! Sorry. Kelangan ko na umuwi." Tumakbo na lang si Niña. Hindi ko na siya hinabol. Para saan pa.

"Dylan, pumasok ka na.. hinihintay ka na ni Bianx.."

"Sige, tara na.." Ano ba to. Ano na lang ang sasabihin ko sa

kanya? Jahe to. Minsan talaga tanga din ako kahit matataas yung grades ko at sa pagiging top 1!

Pag pasok namin ayun si Bianca pinagkakaguluhan ng mga tao may nagpapapicture may nakikipag usap akala mo artista eh!

"bakit ba nila pinagkakaguluhan yung manok na yan? Jusko po.."

"manok? Anong meron sa manok?"
"ha?! manok...? May sinabi ba akong manok? Sabi ko JUSKO PO eh."

"ah ganun ba."

Oh bakit umaakyat sa stage si Bianca? Aba at may kasama pang mag gigitara! Ano ba yan! Matatagalan pa pala kami dito, bwiset naman. Kung kelang gustong gusto ko na umuwi eh.

"Oh etong song na kakantahin namin ay para sa lalaking iniwan ako sa stage kanina"

** Bianca: Will it ever be?
I've tried so hard to find sweet serenity
Are you still afraid?
Just close your eyes and dream
The feeling fade away

~o nga will it ever be? Will it ever be na ako naman yung hahabulin mo.. ~

Time won't flow everyone knows
When the pain fades away
Dreams won't die tears in our eyes
You've got to hold your head up high
Yeah, yeah, yeah
Hold your head up high

Gelo: It's taken some time
And i've given off the will to change your state of mind
So try and understand
It's not so hard to see that I am just a man

Time won't flow everyone knows
When the pain fades away
Dreams won't die tears in our eyes
You've got to hold your head up high
Yeah, yeah, yeah
Hold your head up high

Bianca: Will it ever be
I've tried so hard to find sweet serenity
Gelo: Are you still afraid?
Just close your eyes and dream
Bianca and Gelo: The feeling fade away

Gelo: Yeah, yeah, yeah
Bianca: Hold your head up high**

Nakatingin lang ako kay Bianca sa stage habang kumakanta siya. Sila naman naka tingin saakin. ~Grabe ang ganda ng boses niya. Parang- ~

"UY TINGNAN NIYO SI DYLAN TULO LAWAY DAHIL

KINANTAHAN SIYA NI BIANCA!!!"

Tinawanan pa ko ng buong tao dun sa gym!

"Loko! Hinde noh!" tumingin ulit ako kay Bianca at sinabing "HOY MANOK TAMA NA YAN! TUMITILAOK KA NA NAMAN EH! HINDI PA UMAGA NOH!! BUMABA KA NA!" Natawa tuloy sila saakin.

"Sa lahat ng Class A and Class F, thank you sooo much! Sobrang naappreciate ko yung ginawa niyo for us! For the first time nagkasundo ang A and F. thank you talaga. Pero kelangan na po namin umuwi. Nagmamadali na kasi umuwi yung kambing. Baka kelangan na kumain ng damo." Bumaba na si Biancang stage ~and kapal talaga niyang kambing na yan!~

What was I thinking?? Napahiya ko ata siya.. Bigla kasi siyang bumaba sa stage eh, pero bakit ko nga ba kelangan gawin yun? Naoffend ata siya. Mag sosorry ba ako? Ginawa lang naman niya yun para maging ok ako eh, pero nabastos ko pa ata.

"Nako! Wrong move!" napa hampas na lang ako sa ulo ko ng mahina at hinabol si Bianca sa labas.

"Uy Bianx joke lang yun ikaw naman.." humarap siya sa akin at naka ngiti pa siya, ang labo, akala ko ba galit siya?

"ha? sira ok lang yun noh, tara uwi na tayo. Pagod na kasi ako eh.." sabay ngumiti ulit. Ang labo nito kanina lang parang nainis siya ngayon naman nakangiti!

"hindi ka ba galit? Ka-"

"hindi noh. anong pinag usapan niyo sa labas ni Niña?" lagot! Tinatanong niya kung ano yung pinag usapan namin! Sasabihin ko ba? Wag na muna. Hindi pa panahon. Pero ano naman kung sabihin ko? Wala naman eh. Hindi ko naman siya mahal. At una sa lahat hindi ko naman ginustong magpakasal kami!

"ah yun, wala lang yun tinanong niya lang kung mahal ba kita at pumayag akong makasal sayo."

"ah ganun ba? Ano ang sinabi mo..?"

"syempre sabi ko hinde!! at kasal kasalan lang yun noh!! naaawa lang ako sayo kasi utak manok ka!! Diba chix??"

"kasal kasalan.." mahina niyang sinabi. "ah oo nga pala.. hehe sige tara na." nagmamadili siyang mag lakad papalayo sa akin

"UY TEKA CHIX! SANDALI! INTAYIN MO KO!"

2 months na ang nakalipas simula nung kinasal kami, eto na, kelangan na namin mag hanap ng school para sa college. Ako madali lang ang lahat sa akin si Bianca malamang mahihirapan. Sabi ni Mommy kelangan iisa lang daw yung

school na papasukan namin.

Si Bianca nagpa-piano lessons sayang daw kasi yung "talent" niya sa pagpipiano dahil matagal na siyang hindi nag practice kaya yun. Ay oo nga pala gusto niya kasi sa UP mag college at music ang kukunin niyang course. Ano pa ba pwede niyang kunin dun? Eh yun lang naman kaya niya! Kumanta ng kumanta!

Pero infairness, simula ng tumira siya sa bahay nasa Top 100 na siya! Siya yung 1st na class F na naka pasok sa top 100. Ehem! Syempre nagmamana na sa akin eh! Ako hindi ko pa alam ang gusto ko. Gusto ko PolSci sa Ateneo pero ayaw nila kasi magkakahiwalay daw kami ng asawa ko pero sabi naman niya kung saan ako mag aaral edi dun na lang rin daw siya.

"Si Niña sa Ateneo mag aaral.. ano ba to. Naguguluhan na naman ako.." ayan kinakausap ko na naman sarili ko! Siguro may sayad na ko. Nahahawa na ako sa manok na yun!

"Edi sa Ateneo ka mag aral!"

NAKO LAGOT!!!

Chapter 7

"lakas ng pandinig mo ha! daga ka na pala ngayon? Minnie na tatawag ko sayo!" biniro ko pa siya, pero na fifeel ko na

hindi siya natuwa sa narinig niya.

"lakas mo kasi mag salita eh! Megaphone ka kasi kung magsalita, akala mo lahat ng tao binge, pero sa totoo lang ikaw yun ungas! Sino ka naman, si Mickey?" Tumawa pa siya! Ibig sabihin wala lang sa kanya yun? Oh sige pipilitin ko siyang mag aral sa Ateneo!

"Bianx.. sa UP ba talaga gusto mo? Ayaw mo ba sa Ateneo? Diba gusto mo rin kunin yung European studies? Oh kaya theatre arts? Diba? Try mo lang. tara test tayo!" ~ano kaya isasagot niya? Papayag kaya siya?~

"O sige, para at least dalawa yung mapagpipilian ko. Pero pag tinanggap ako sa UP dun tayo, ha?" UP talaga gusto niya! Kakaiba. Akala mo naman papasa! Asa pa siya!

"Oo, sige dun tayo pag natanggap ka. Pero.. sige..."

Haaay. Nginitian ko na lang siya. Gusto niya talaga si Niña! Hindi ko nga sila nakikita magkasama sa school o kaya naguusap, pero kahit sa pag college namin, gusto niya pa rin si Niña ang makasama niya! Kawawa ka naman talaga Bianca.

Grabe ang bilis ng panahon. Hindi manlang namin namalayan na 2 weeks na lang at gagraduate na kami. Syempre si MR. LANCE KRISTOFER C. DY ang Valedictorian sa batch namin, samantalang ako?? Aba syempre! TAGA PALAKPAK LANG! hanggang Top 100 lang ang kaya ko hindi top 10! Ngayon araw din namin makukuha yung resulta nang UP at ATENEO!

SCHOOL 4:00 pm

"Tofer!! Halika dito!" Ayan papalapit na siya, masunurin din pala ito kahit papaano noh?

"Oh bakit, ano problema mo?"

"Wala lang, kinakabahan kasi ako eh.. upo ka muna sa tabi ko samahan mo naman ako oh, please?" ~bakit parang seryoso siya sa na pagsabi niyang samahan ko siya~

"BIANX!!!" tumatakbo sila Carla at Mae papunta sa kinauupuan ko.

"Wag na! andyan na rin yung mga kaibigan mo eh! Sige hahanapin ko pa si Niña eh!" tumalikod kaagad siya sa akin at nag lakad.

"Niña..? ah.. oh, o sige.." napayuko na lang ako.

"Bianx! Sa UST ako mag aaral! Nakuha mo na ba yung result nung UP mo?" masaya niyang tinanong saakin.

"Hindi pa nga eh, kinakabahan pa ko.."

"ano ka ba! Ok lang yan, papasa ka dun noh!! ako rin UST na ko mag aaral! Sabihin mo nga pala kay Dylan na thank you sa pagtuturo niya ha! kung hindi dahil sa kanya

malamang hindi ako papasa at makakagraduate!"

"Oo, sige sasabihin ko yan pag nagkita ulit kami. Uy sige teka lang baka andito na yung result nung exam." Pumasok ako sa faculty room para kunin yung resulta nung Ateneo at UP, pag kuha ko dumeretso na ko sa labas.

"Eto na yung sa Ateneo..." binuksan ko yung envelope at binasa ko..

"NAKAPASA AKO SA ATENEO!!!!"

"TALAGA?? Edi ok!! Eh yung sa UP naman! diba dyan mo gusto mag aral? Go! Buksan mo na.." binubuksan ko na rin yung sa UP..

"OH MY GOD!"

"ano???"

"Sige hahanapin ko muna si Tofer! Sasabihin ko muna sa kanya ito! Gusto ko kasi siya yung unang makaalam ng mga resulta! Sige maiwan ko na kayo"

Tumakbo ako bigla para hanapin si Tofer. Gusto ko kasi siya yung unang makaalam nung resulta ko sa UP. Bagsak o Pasado.

Takbo Bianca takbo! Magpaka kabayo ka ngayon! Kelangan mo siya maabutan para masabi mo na yung good news!

Sa wakas nandito na rin ako.. nasaan na kaya siya.. ayun may dumadan mag tatanong na lang ako.

"Excuse me, nakita mo ba si Lance Dy dito?"

"Hinde eh, sorry."

"Sige, thank you na lang." Dito ba talaga nag punta yun? Baka naman niloloko niya lang ako?

"nako!! Pag yun hindi ko nakita dito lagot yun sa akin! Nasaan na ba kasi yung ulopong na yun.." habang nag lalakad ako bigla ko siyang nakita!

"ayan ka lang pala eh!" habang lumalapit ako biglang

"OH MY GOD Dylan! Thank you sa flowers!"

~Teka.. totoo ba tong nakikita ko???

Kiniss siya ni Niña sa lips..~

"Wow.. touch naman ako.. thank you talaga! Grabe Congrats din sayo! Atenista na tayo!"

"Oo nga eh. Pareho tayo ng university na papasukan! Hindi na tayo magkakahiwalay."

"Totoo ba to.. hindi ba ako na nanaginip..."

~parang bumamagsak yung mundo ko.. biglang parang pasan pasan ko na yung mundo.. ang bigat ng pakirmdam. Mas masakit to kesa nung nalaman kong bumagsak ako sa math at physics.. parang sandali nalang hihimatayin ako~

"hindi.. hindi yun totoo.." Tumakbo na lang ako palabas ng theater. Yun lang ang pwede kong gawin sa ngayon.

Anong oras na ba? Malapit na mag 5:30 ha. bakit hindi pa rin niya ako tinatawagan para makauwi nakami.

~asan na kaya si Bianx? Nakuha na kaya ung
mga resulta niya? Ayun sila Mae at Carla, itatanong ko nalang~

"si Bianca nasaan na?"

"Hindi ba kayo nagkita?"

"Ha? Eh iniwan kami nun pagka kita niya sa mga resulta. Sabi niya hahanapin ka raw niya at gusto niya na ikaw unang makaalam ng mga nakuha niyang resulta. Baka naman nakauwi na yun." ~pinuntahan niya ko para lang sabihin yun.. ~
"Hindi eh.. Ganun ba. sige mauna na ko, bye." Tumakbo ako palabas ng iskwelahan para makauwi na kaagad.

Kelangan ko na makauwi bago pa ako maunahan ni Bianca sa bahay. Panigurado lagot na naman ako dun!

"ano ba yan, 6 months na kami pero wala pa rin nag

babago.."

"Huy! Bianca! Kamusta na? hindi ka na masyadong naglala-labas ha!!" si Ryan, hindi pa rin nag babago. Ang bait talaga niya. ~sasabihin ko kaya sa kanya yung problema ko.. o wag na lang.. ~

"Ryan! Ok lang ako, eto nakapasa ako sa UP at Ateneo, si Tofer malamang nakapasa rin yun sa lahat ng pinag eksaman niya. ikaw? Kamusta na mga niloloko mong babae?" pagkatapos kong sabihin yun tumawa ako.

"Pakyu! Anong niloloko ka dyan! Pasado rin ako sa lahat ng pinageksaman ko. Tara hatid na kita sa inyo." Umoo na lang ako sa sinabi niya tapos nag lakad na kami pauwi.

Nang makarating kami sa bahay, pumasok kami at umupo sa may garden. After 5 minutes dumating si Tofer.

"Tofer, pare nandito kami sa garden!" lumingon si Tofer at ngumiti kay Ryan. Tiningnan niya ako pero umiwas ako ng tingin.

"Ry kanina ka pa dito?" ~ano kaya pinag uusapan nitong mga to? mukhang seryoso eh~

"hindi naman, nakasalubong ko kasi si Bianca na naglalakad tapos mukhang malungkot kaya sinamahan ko na siya umuwi."

"malungkot?" tumingin siya sa akin at sinabing "BAKIT HINDI KA NAKAPASA SA ATENEO???"

Chapter 8

pasigaw niyang tinanong sa akin. ~sana nga hindi ko nalang pinasa yun. Reyna ka talaga ng kaengotan! ~

"Gagy Dylan ano ka ba! Hindi mo pa ba alam?" nakangiti niyang tinanong si Tofer.

"Ha? bakit? Ano ba resulta?"

"Loko pare! Pasado yan sa UP at Ateneo!! Bigtime yan!"

Pagsabi ni Ryan nun, biglang nanlaki yung mata ni Tofer at biglang tumingin sa akin.

"Sisigaw sigaw hindi naman pala alam yung resulta.."

"Bianx, totoo ba yun? Bakit hindi mo kaagad sinabi?"~sana alam mo na kung hindi ka hinalikan nung ungas na yun edi maaga pa lang nasabi ko na~

"Ry masakit na ulo ko, pwede mo ba akong ihatid sa taas? Kanina pa to masakit eh.." hindi ko siya pinapagselos. Ayoko lang na makita siya ngayon. Pati walang selos selos dyan sa unggoy na yan! Pati kasalanan ko ba kung sumakit ulo pagkita ko sa kanya? haay. Bwiset siya!

"Ha? ah.. eh.. o sige. Sige Dylan hatid ko lang si Bianca ha.."

habang hawak na ni Ryan yung balikat ko.. Tumayo si Dylan at biglang hinawakan yung kamay ni Ryan.

"Hindi sige ako na, may dapat pa kasi kaming pag usapan eh, thanks sa pag hatid mo sa kanya." Inakbayan ako bigla ni Tofer at inalalayan niya ako papasok sa loob ng bahay.

~pagusapan? Sasabihin niya ba sakin kung gano kasaya yung feeling niya at hinalikan siya nung impaktang yun? Tss. wala na kaming dapat pang pagusapan.. ~

~nakita niya kaya yung ginawa ni Niña kanina sa may theater? Dapat ba akong mag sorry? Teka, bakit naman ako magsosorry? Wala naman masama sa kiss ha? bahala nga siya.~

Pagpasok namin sa kwarto ko binuksan niya kaagad yung aircon at pinahiga niya ako sa kama.

"gusto mo ba ng gamot? Anong kelangan mo? Sabihin mo lang.." ~napapraning na ata ako eh! Bakit ako nagkakaganito? Nauulol na ba ako? ~

"wala. Ok lang ako. Sige thanks na lang. pwede mo na ko iwan."

"sigurado ka? Sabi mo masakit ulo mo? Gusto mo ng tubig? Baka gutom ka?"

"ANG KULIT MO!! SINABI NANG OK LANG AKO EH!" hindi ko na napigilan ang sarili ko. Nasigawan ko tuloy siya. Ngayon ko lang to nagawa sa kanya. Tama lang yun! ~hindi ko na kaya.. naiiyak na ko pag naaalala ko yun.. bakit naman

ba kasi kelangan ko pa makita yon.. hindi ako pwedeng magbulag bulagan na lang..~

"Bianx,

sorry.."

pagsabi niya ng sorry bigla akong naiyak.

"iwan mo na ko, please lang.."

"Ano ba talaga ang problema mo? Ano masakit? Bakit ka umiiyak? Sorry kung nasaigawan kita kanina, kasi akala ko hindi ka nakapasa sa Ateneo, hindi mo naman kaagad sinabi sa akin eh."

"Hinanap kita sa school pag tanggap ko nung mga resulta, pero hindi kita nakita.. hindi naman ako galit dahil sinigawan mo ko eh.." Ang galing ko na talaga mag sinungaling. Kahit na nakita ng dalawang mata ko yung mga pangyayari, pinagtatakpan ko pa rin siya. Pinagtatanggol na wala lang yun.

"Eh bakit ka umiiyak?"

"kasi.. kasi.. ~tanga! kasi nakita kong kiniss ka ni Niña!! ~ ..akala ko iniwan mo na naman ako sa school kanina, mag kocommute na naman ako mag isa, alam mo naman na

natrauma na ko dati kasi binabastos ako dun. Pero pag dating ko dito nauna pa pala ako, na guiguilty ako kasi nag isip ako ng masamang bagay tungkol sayo."

"Ano ka ba! Edi kung natatakot ka mag commute, edi magpahatid sundo na lang tayo! Para hindi yung kung ano ano iniisip mo! Kahit kelan talaga utak manok ka! O sige na magbihis ka na at kakain na tayo." Ngumiti siya sa akin na parang walang nangyari kanina sa may theater.

"O sige.."

Ibang klase, ayaw niya talagang magtapas sa akin. Sa iba ko na nga nalaman na nag propose siya sa iba, tapos ngayon ako na mismo yung naka kita na pero wala pa rin. Hanggang kelan niya ba ako gaganituhin? Hindi ko na nga pinansin yung nangyari sa prom eh.. ano ba 'tong pinasok ko.

Tapos na ang graduation. Bakasyon na rin kami sa wakas! Walang Niña walang kontrabida. Nasa living room kami ngayon, pinaguusapan kung saan ako mag aaral. Saan ko nga ba balak mag aral? Pasadonaman ako sa parehong school, pero wala pa akong napag dedesisyunan.

"Oh saan mo balak mag aral? Ateneo na lang tayo! Maganda dun! Ano? Tara?"

"Oh sige.....

Sa Ateneo ka na, UP ako. "

Napag desisyonan ko na sa UP ako, ayoko ng malapit pa sa sakit. Ok lang naman sa akin na magkasama sila sa iisang university eh.. basta hindi ko sila nakikita. Hindi ko na rin kelangan pang mag doubt kasi alam ko na. Pati tutal andun din naman si Jason. At alam nila pareho na kasal na kami ni Tofer. Yun nga lang, de kontrata.

"Ano? Hindi tayo pwede maghiwalay. Baka magalit si Mommy!"

"HA! HA! that's what you thiiink.. nasabi ko na kay Mommy na gusto ko talaga sa UP. Sayang naman yung auditon ko kung hindi ako papasok dun... ikaw kaya magaudition!!! tingnan natin kung hindi ka maihi sa pantalon mo!"

Lumapit samin si Mommy dahil narinig niya kaming naguusap tungkol sa school na papasukan namin.

Mommy Kristy: "Oo anak, na sabi niya na sa amin yun. Hayaan na natin siya. Kasi sayang nga naman.."

Biglang nagring yung cellphone ko

Always follow what's in your heart Always listen to what's inside Always fly high And don't come down And don't come down Push yourself over the limit Push your mind I had with your spirit..

Calling...
Ryan Lee
+639178**9663

"Hello? ..Ryan!"
"Hoy panget! Sa UP na ko mag aaral, ikaw?"
"Pakyu! Gaya gaya! UP rin ako eh!! Nasabi ko na sakanilang lahat.. pumayag sila!!"
"oh? Ayos, pareho tayo ng course pati major! magkaklase tayo!! Woohoo!!"
"Oo nga eh! Saya! Uy panget, sige kausap ko si Tofer eh, bye na!"

"si Ryan ba yun?" tanong sakin ni Tofer.

"ah oo. UP rin siya mag aaral! magkaklase kami!"

"oh? Edi masaya ka na niyan kasi may kakilala ka na?"

"oo naman! Gwapo pa yung kakilala ko na yun! Tingnan namin kung hindi kami sisikat sa UP! Isang maganda a isang gwapo! Hm! Muahahaha!" biro ko naman sa kanya.

"Kapal ng mukha mo!! Ikaw maganda?! Sino nagsabi!? UMASA KA PA NA SISIKAT KA! Ay sabagay. Sisikat ka dun, kasi pag sikat ng araw titilaok ka na! Sige sisikat ka talaga!"

"Sinong nagsabing maganda ako!? Kunwari ka pa.. binulong mo yun sakin nung prom eh! You cant deny it! Yung bulong mo kasi parang normal na nagsasalita ka eh! Hihihi!" sabay tumawa kami nila mommy.

Daddy Larry: "kayo talagang mga bata oh! Kukulit niyo. Nagaasaran na naman kayo."

"Daddy, Papa, sabay na kami ni Ryan mageenroll ha? baka

next week na po kami magenroll."

"O sige anak. Teka hindi ba masyadong malayo ang UP sa alabang? Hindi ka kaya mapagod sa biyahe?"

Mommy Kristy: "Bumili kami ng bahay ni mareng Lisa malapit sa may Ateneo. Halos 5 blocks away lang ang layo sa isa't isa."

"Magiging mag kapit bahay parin kami ni Ryan? Ayos!"

"Mommy talaga?? Mabuti naman para may kasama na akong magcommute papuntang UP! Hindi na ako matatakot pang mag commute. Kasi pinapabayaan ako ng iba dyan" Nakakagulat! Si Ryan kapitbahay pa rin namin! Ang saya ko! Kasi kahit na kasama ni Tofer si Niña, alam kong may magcocomfort sa akin.

Mommy Kristy: "Oo Bianx, commute? Bibigyan namin kyo ng car para hindi na kayo mahirapan pa! O wala na bang tanong? Halika na! sumama ka sakin. Pupunta tayong mall! Ipagshoshopping kita ng mga damit. Hindi naman kasi pupwedeng yung high school uniform ang gamitin mo dun noh!"

Ang bait talaga ni Mommy! Sobrang natutuwa ako at siya yung naging mother-in-law ko. Spoiled kasi ako sa kanya eh. Hehehe! Kahit na medyo weird siya, at gustong gusto niya kami mag katuluyan ni Tofer. Thankful parin ako at siya yung tumatayong "mom" ko.

"Sige po mommy! Mag bibihis lang ako saglit tapos alis na tayo!"

Ayun at umlis na nga yung dalawa sila Daddy naman at Papa Mar umalis din, si Kris at ako na lang ang naiwan sa bahay. Ano ba to ang boring.

"Badtrip walang magandang palabas! Sana sumama na lang tayo kela Mommy!"
Kris: "Ok na to kuya kesa naman kasama ko yung bobo mong asawa!" tumawa kami pareho. Magkaugali nga talaga kaming magkapatid!

DINGDONG

"Kris tingnan mo nga kung sino yun." Lumabas si Kris para tingnan kung sino yung nag doorbell. Agad agad pumasok si Kris sa loob ng bahay para tawagin ako.

"KUYA KUYA!! May nag hahanap sayo! Babae.. maganda!" Ngayon lang may bumisita namin na babae, at take note! Sabi ni Kris maganda! Sino kaya yun?

"Sino daw siya? Bakit ako hinahanap?"

"Hindi ko na tinanong eh, andun siya sa may garden labas ka na lang mag titimpla ako ng juice pati ipaghahanda ko na rin kayo ng cake na binake ni Mommy." I just nodded my head tapos lumabas na para puntahan yung babae.

Paglabas ko sa may garden nakita ko na siya, nakatalikod.. nakasleeveless na pink tapos naka skirt. Pag harap niya nagulat ako..

"Nina?"

Chapter 9

"Dylan! Wala lang.. nag punta lang ako dito para makita ka.. namiss na kasi kita eh, pati gusto ko makipag kwentuhan sayo." Ngumiti siya na parang gusting gusto niya nga talaga ako makita.

Nagkwentuhan kami tungkol sa buhay-buhay. Nakakatuwa, ngayon ko lang siya nakitang tumawa ng ganito dati kasi madalas kaming seryoso at paminsan pinsan lang makapag kwentuhan. 4 years na kaming magkakilala at halos 4 years ko na rin siyang gusto.

"Kuya, eto na yung juice at cake, ate kain na kayo."

"Salamat Kris ha. Niña, eto nga pala yung bunso kong kapatid, Kris ang name niya."

"Hi Kris!" sabi niya kay Kris. "Ang cute naman ng kapatid mo! Magkamukha kayo."

Magkamukha nga kami, pero chubby siya, loko tong si Kris pacute ng pacute kay Niña! Bumulong sakin si Kris at sinabing..

"Kuya, bagay kayo.." ngumiti na lang ako sa kanya tapos bigla na siyang pumasok sa loob.

2 hours nang wala sila Mommy at Daddy at mag 2 hours na rin kaming nag kukwentuhan dito

"Ang bilis ng oras noh? 2 hours na pala tayong nagkukwentuhan. Ang kulit mo kasi eh! Haha! Nakakatuwa ka!"

Biglang dumating sila Mommy and Bianca. Aba ang dami pala nilang pinamili! Akala mo mag a-out of town eh!

"Ma, Bianx, si Niña yung classmate ko."

"Goodafternoon po tita, Bianca"

"Goodafternoon din, hija. Sige pasok lang kami ha! kwentuhan lang kayo."

"uy, sige pasok lang kami "

Sa loob ng bahay

Mommy Kristy: "Ngayon lang may bumisitang babae kay Dylan dito sa bahay."

Kris: "Oo nga! At maganda pa si Ate Niña! Di katulad ng iba. Diba mommy?" ~itapon ko na kaya 'tong batang 'to!? mas sexy lang yun sakin hoy! Mas maganda kaya ko dun!~

Mommy Kristy: "Sira ka talaga! Mahuhurt si ate Bianca mo, ay oo nga pala Bianx, bigyan mo sila ng ice cream, buti nalang bumili tayo dahil may bisita pala itong si Dylan."

"Opo Mommy."

Papunta na si Bianca sa may garden ng bigla niyang marinig silang naguusap ng seryoso

"Dylan, kwentuhan mo naman ako tungkol kay Bianca.." nagulat ako nung sinabi niyang Bianca. Hindi ko kasi naisip na pag kukwentuhin niya ako tungkol kay Bianca.

"Ano naman tungkol sa kanya?"

"Kahit ano.. basta gusto ko lang siya makilala ng lubos." Ngumiti na naman siya. Ano kaya pwede kong ikwento?

~ ano naman kayang ikukwento nito? Gustong makilala? Bakit si Tofer pa tatanungin niya, bakit hindi nalang ako? lubos?! bruha ka!! pagtapos mo siyang halikan eh.. gusto mo pa kong makilala! ~

"Si Bianx? Nako, makulit yun. Pag tinopak yun nako! Hindi ka na tatantanan nun. Pero nakakatuwa naman siya pag

nangungulit kasi para siyang bata.. Ayun! Isip bata nga yun! Pala ngiti rin, kaya nga nagulat ako nang malaman kong close na sila ni Ryan kas-"

"Ryan? Yung kababata mong si Ryan Lee?" tanong niya

"Oo siya nga napakilala ko na sayo yun diba? Si Ryan kasi yung tipong pag kinausap ng babae, pacute lang yun ng pacute, pero pag si Bianca yung kausap niya grabe! Parang sobrang tagal na nilang magkakilala dahil kung makatawa sila HALAKHAK talaga! Ano pa ba? Ah parang manok yun si Bianca! Bigla bigla nalang magsasalita yun tapos hindi na titigil sa pagsasalita! o kaya kakantahan ka nun ng pasigaw! Wala naman sa tono! Eh ayun.." nakangiti akong tumingin kay Niña at napansin kong seryoso yung mukha niya at biglang ngumiti.

"Gusto mo na ba siya..?" nabigla ako sa tanong niya. Bakit ba niya tinatanong tong mga to? para saan ba?

~ omg. Ano kaya sasagot ni Tofer.. ~

"Sino? Si Bianca?" ngumiti ako at sinabing..

"Asawa ko yun,

pero kaibigan lang turingan namin.."

"kaibigan lang turingan namin..?" mahina kong sinabi..

"ah.. talaga." Nakangiti niyang sinabi.

Hindi niya alam na nasa labas ako, narinig ko lahat ng sinabi niya. Kaibigan lang turingan namin? Akala ko pa naman din gusto niya na din ako, hindi pa pala. Nako yung ice cream!!

"Tofer! Eto ice cream oh! Pinapabigay ni Mommy, Niña eto sayo oh ~tapon ko to sa mukha mo eh! Grr. Bisibisita pa! ~ sige pasok na ako ha." nginitian ko na lang sila na parang wala na lang akong narinig.

"Bianca!" lumingon ako sa kanya "Thank you.."
Ngumiti na lang ako kesa naman magsalita ako at makipag plastikan.

"Dylan, picture tayo! Dapat madami! Kasi wala tayong masyadong pic, kaya dapat damihan natin."

"Pic? Ha? o sige! Hehe!"

Dumerecho kaagad ako sa kwarto ko at napahiga sa kama. "ANO? KAIBIGAN LANG?! Bwiset ka talaga!!!" kumuha ako ng unan at pinagsususuntok iyon! "Wala kang kwentang asawa! Kuto!! KUTO! TITIRISIN KITA DYAN EH!!! KUTOOOOOOOO!!!"

Kris: "Anong problema mo? Nasisiran ka na ba ng bait?"

"K-k-kanina ka pa ba andyan?" ~grabe naman to, parang

kabuti rin pala to eh, biglabiglang sumusulpot.~

Kris: "Narinig ka kasi namin sa babang sumisigaw! Sa susunod isarado mo muna yung pinto mo! KUTO? Sino kaya yung kuto? Sa tangkad ni kuya, mas magmumukha kang kuto! Sige bababa na ako!"

"ano ba tong magkapatid na to! ang sama talaga ng ugali! Masama nga ugali ni Tofero pero bakit gusto ko parin siya.. manok na nga talaga ata ako.. "

Ang bilis ng panahon, andito na kami sa bago naming bahay sa QC, si Tofer at ako lang ang nakatira dito. Simple lang yung bahay, may tatlong kwarto dalawang banyo, living room at kitchen. Binigyan din kami ng bagong kotse nila Mommy para daw may gagamitin kami.

Bagong bahay. Bagong kotse.. siguro dapat magbago na rin ako, simula ngayon hindi ko na ipapaalam sa kanya na gusto ko siya, ipapadama ko sa kanya na para saakin biro lang ang lahat, yung kasal, kontrata, yung pag sama namin sa iisang bahay at lalong lalo na SIYA. Pero....

KAYA KO KAYA?

Chapter 10

"Oh dapat hati tayo sa paglinis ng bahay! MW ako TTH ikaw, Friday tayong dalawa. Tutal pareho lang tayong halfday tuwing Frieday e."

"Eh pano Saturday and Sunday??"

"Oo nga noh? Wag na lang tayong mag kalat para walang lilinisin! Day-off natin yun!"

"o sige! Tamang tama! Gigimik ako tuwing Friday and Saturday!"

"May pera ka ba pang gimik?"

"Wala! Sabi ko bang gimik as in GIMIK!? Tss. Labo mo! Dyan ka na nga! Wala kang kwentang kausap eh!" ~ano ba yan! napahiya pa tuloy ako.. yung pera pala namin sakto lang para mabuhay kami.. haay.~ pumunta na ko sa may kwarto ko.

"Tingnan mo to, ako pa raw walang kwentang kausap, ANG LABO MO!"

2 weeks na ang nakaraan simula nung nagpasukan! Haaay! May math na ako ngayon! Ano ba yan!! MATH NANAMAN!!! IM DEAD!!

"7:00 am na!!!! Tofer ikaw na mag hugas nung mga plato! Maliligo pa ako eh! Bilisan mo ha!! malelate na ako!!"

"Aba! Loko loko ka rin noh? driver mo na nga ako maid pa! bahala ka! Hindi kita ihahatid! Sasusunod kasi wag mo na

tanggihan yung inaalok ni mommy na katulong! Ako yung napeperwisiyo eh!"

After ko maligo hindi niya nga ako ihahatid. Nakalimutan ko Wednesday ngayon, 9 pa pala class niya. Bakit ba kasi pinapairal ko na naman yung kaengotan ko?! Nakakainis!!

"Sige sasabay na lang ako kay Ryan!"

Nagulat siya nung sinabi kong Ryan. Habang tinatawagan ko si Ryan nagsimula na siyang mag hugas ng mga plato.

"Ryan! Pasabay naman ako oh! Yung driver ko hinahighblood eh! Sunduin mo na ko now na ha!" hindi ko na siya pinagsalita pa! para hindi na siya makatanggi!
"AYOS! " Biglang tumingin si Tofer sakin at sinabing

"ANG KAPAL DIN NG MUKHA MO NOH? bakit ka sasabay kay Ryan?? Ano mo na ba yun? BOYFRIEND?!"

"ano naman sayo kung KAMI NGA?! Wala naman diba?"

"Ha? ah.... OO! Wala nga akong paki sainyo! Nagaalala lang ako sa bestfriend ko! Baka mamaya tinutuka na ng manok yung utak niya at baka maging utak manok na rin yun!"

"DYAN KA NA NGA! ISA KANG MALAKING CHANAK!!! BWISET!" lumabas ako ng bahay at doon ko inintay si Ryan. After 5 minutes dumating na siya.

"Pasensya ka na Ryan ha.. Ang tamad kasi ni Tofer eh! Lagi siyang ganun pag MWF! Pano pa kaya kung naging babae

yun! Pag meron yun siguro wala nang gustong lumapit sakanya! Baliw na kasi yun eh!"

"Sira ka talaga! Hindi pa rin ba kayo ok?"

"HINDE! Maluwag na turnilyo nun sa ulo eh! Pag pinukpok ko yun, malamang tuluyan na yun masisiraan ng bait!"

"Oh andito na tayo, mag papark lang ako. Magkita na lang tayo sa room ha?"

"O sige. " Tumakbo na ko papunta sa room, baka malate pa ako! Ok lang sana kung si Ryan lang yung malelate! Hihihi! Oo ganun talaga ako! Alam naman ni Ryan yun eh!

2 messages
received

Sender:
Chicken Little.Ü
+639178**2520

Tofer, namimiss mo na ko? Miss na kta HAHA! KILIG K NMAN?! Cge intayn kta mya ha! sunduin mko ng 4pm kngdi lagot k sakin!! :p iintayin kta ha!ü

"Kapal talaga ng mukha nito! Pagkatapos niya akong sabihang chanak! Sino kaya yung isang nag text.." Dinelete ko na yung text ni Bianca, yung isang message naman yung binuksan ko.

Sender:

NH<3
+639176**1749

Dylan, kta tyo sa strbucks katips, ng mga 3:30pm. Tgal na ktang hnd nakkta eh.Ü

~si Niña.. magkita daw kami sa starbucks. Pupunta kaya ako..~

To: +639176**1749

Ok, see u.Ü

"2:30 na.. punta na kaya ako?"

Ano ba yan! Masyado naman akong excited!!! May isang oras pa para mag liwaliw ako.. ano ba pupwede kong gawin? Bahala na nga! Magiikot ikot na lang ako sa campus.

"ano ba to.. 3:00 pa lang... :-\ang tagal naman ng oras.. nababato na ko eh. Bahala na nga! Pupunta na ako dun! "

Pumunta na ako sa starbucks, ok lang na mauna, wag lang malate! Pangit kasi pag pinaghihintay mo yung babae. Wala lang parang ang bastos lang tignan, to think na guy ka.

"Eto na.. ayos! Buti may mapagpaparkan pa! pero lowbatt na cellphone ko ano ba yan!" pag park ko pumasok na ko sa

loob. 3:20 na, after 2 minutes dumating na siya.

"Niña! Dito!" kumaway ako sa kanya tapos nginitian niya ako.

"Kanina ka pa ba andito? Sorry kung matagal ako ha, wala kasi akong car ngayon, gamit ni Mommy kaya medyo natagalan ako."

"Ano ka ba, kakadating ko lang rin. Pati 3:30 naman usapan natin eh tingnan mo.." tinuro ko yung oras "kaka 3:30 pa lang! teka bili na tayo, ano gusto mo?"

"Vanilla frappe nalang."

"Ok, wait lang." Pumunta na ako sa may counter para mag order.

~pano ko ba 'to sasabihin? Baka iba isagot niya.. natatakot ako..~

Bumalik na si Dylan from the counter. ~Ang gwapo niya pala, bakit ko nga ba siya tinanggihan nung nag propose siya sa akin? ano bang pumasok sa utak ko at iba yung sinagot ko? ~

"Dylan" "Niña" sabay pa kaming nagsalita.

"May sasabihin ka ba Niña?"

"Ha? Ah.."

"TWO VANILLA FRAPPE FOR DYLAN"

"Teka lang ha kunin ko lang yun."

"Ok.." tumayo siya at kinuha yung binili niya. Sasabihin ko na nga sa kanya to.

"Oh eto na yung sayo."

"Dylan, may sasabihin ako sayo.."

"Ano yun?"

"Dylan,

Gusto na rin kita.."

"Talaga?? Hindi ka ba nagbibiro??"

"Oo, hinde ako nag bibiro." Mukhang gulat na gulat siya.. ano kaya sasabihin niya?

"Edi.."

"Oo.. tayo na.." hinawakan niya yung dalawang kamay ko habang naka ngiti siya.

"Ha? seryoso?"

"Oo nga. Kulit mo naman eh!!"

"Ayos! Pero-"

"Si Bianca? Wag na muna natin sabihin.. sabi mo hindi mo naman siya mahal diba?"

"Ganun.. pero.. Tayo na..?"

"Kulit mo.. hehe! Since tayo na, kelangan sabay tayong mag didinner! Syempre treat mo! Ha babe? Hehe!"

"Ha? Ah.. Oo naman.. Saan tayo pupunta? Mall?"

"Sige, sa ATC tayo, miss ko na dun eh. Tara!"Pumunta sila Dylan at Niña sa ATC gaya ng plano nila. Nakalimutan na ni Dylan na kelangan niyang sunduin si Bianca sa UP.

"Ang tagal naman niya.. 4:45pm na ha.. matext nga ulit."

To: +639178**2025

oi kuto!ü anong petcha na? sbi ko syo 4:00pm mko sunduin e, nsan kna b? d2 ko sa tapat ni fernando poe sr.ü intayn kta ha.ü kya blisan mo!

"pag ikaw hindi kaagad dumating kokotongan kita! Bahala ka iintayin parin kita dito."

7:33pm na at hindi pa rin dumadating si Dylan. Nakaupo lang si Bianca sa sahig sa Abelardo Hall at iniintay dumating si Dylan. Buti na lang at may mga tao pa.

Guard: "Miss, ok ka lang ba?"

"Ok lang po ako, manong pasama naman po oh, ang tagal kasi nung sundo ko.."

Guard: "O sige po."

~im so sure nakalimutan na niya ako...how could he.. ~

Chapter 11

Pagtapos ng dinner nila Dylan at Niña nglakad lakad muna sila. May iniisip si Dylan na parang may nakalimutan siya, kinuha niya ang kanyang cellphone at pagcheck ni Dylan sa cellphone niya

"Wala na pala akong battery.. hassle."

"Ok lang yan, nagmamadali ka ba? 8 pa lang oh!"

"Hindi, baka kasi tumatawag si Bi-... Niña kelangan ko na umuwi, hatid na kita sa inyo, tara na!"

"Ha? bakit ka nagmamdali??"

"Susunduin ko pa pala si Bianx sa school niya!"

Nagmadaling magpatakbo ng kotche si Dylan dahil mag 9 na at ihahatid niya pa si Niña sa bahay niya.

"Nako lagot na naman ako kay chicken little nito!!"

"chicken little? Sino yun?"

"ah wala yun, sige bye na! pumasok ka na ha! sorry kelangan ko na talaga umuwi."

Pagbaba ni Niña agad agad niyang pintakbo yung kotche.

"nako 9:35 na! badtrip naman tong traffic na to oh! HOY BILISAN NIYO NAMAN!!!"

10:15 na at nagiintay pa rin ako dito..

"ganito na ba ako kadesperado sa kanya.. umaasang susunduin niya pa ako dito.. halos anim na oras na kong nag hihintay dito, wala pa rin yung sira ulong yun.."

humarap ako kay manong guard at sinabing

"manong, salamat po sa pag sama sakin, mauna na po ako.."

naglakad na ako papalayo kay manong, san pa kaya ako makakakuha ng taxi nito? Gabi na..

"Ayun!! MANONG MANONG!"

kinawayan ko yung taxi. Huminto.

"manong sa may Loyola grand villa po.."

Pag dating ni Dylan sa UP hinanap niya kaagad si Bianca pero ang tanging nakita niya lang ay mga gwardya na nag babantay.

"asan na kaya siya.. umuwi na kaya yun.."

Guard: "sino hong hinahanap niyo?"

"ah, yung babae po.. ah wala po. Salamat na lang ho"

Guard: "yung babaeng naka pigtails at parang bata kumilos?"

"oo yun nga po! Nakita niyo ba siya?"

Guard: "umalis na, nag lakad na siya papunta sa labasan. Ang sabi niya malamang daw nakalimutan na siya nung mag susundo sa kanya kaya umalis na siya."

"ganun ba? Sige salamat boss!" pumasok na ko sa kotche para makauwi na.

Samay tapat ng village may nagkabanggaan, medyo naging mahigpit yung gwardya dahil magnanakaw pala yung nakapasok sa village.

"Nasa bahay na kaya yun? Bibilisan ko na lang yung takbo para maunahan ko siya. Hassle ang tagal naman nitong guard na to oh 10:30 na!! Wag mo na nga papasukin yang taxi na yan!!"

Guard: "Sorry po pero hindi po pwede taxi ma'am"

"O sige bababa na lang ako, papasukin mo na lang kami kahit sa may tabi lang nung gate ha?"

Guard: "O sige ma'am"

Pagpasok nung taxi agad itong huminto sa may gate at bumaba na si Bianca. Pagpasok nung kotche nila Dylan hindi niya na kita na si Bianca yung nasa may taxi.

"hassle! maglalakad na naman ako, buti na lang at medyo malapit yung bahay namin.. nakauwi na kaya siya? Ano kayang nangyari sa kanya..?" yumuko ako

"ano ba to.. siya parin iniisip ko.."

Pagdating ni Dylan sa bahay, hinanap niya kaagad si Bianca pero..

"Bianx? Bianx andito ka na ba? Putik walang sumasagot. Malamang wala pa siya. Nasaan kaya yun? Baka nakela Ryan!"

Nadaanan ko ang bahay ni Ryan, syempre nag doorbell ako para istorbohin siya.

"oh Bianx, napadpad ka? San ka galing?"

"ah.. sa school..."

"ngayon ka lang umuwi?? Kanina pang 4 dismissal ah??"

"kasi nakalimutan niya akong sunduin eh.."

"BIANX!!!" lumingon ako para tingnan kung sino yun

"Dylan...."

"Pare, oh bakit nandito ka rin? Reunion ba to??"

"Ah, Ryan pahiram muna si Bianca ha. TARA NA UMUWI NA TAYO!"

kinaladkad niya ako na parang aso. Na parang ako pa yung may atraso sa kanya.

Pagdating namin sa bahay hinagis niya yung gamit ko sa sofa at nagsisisigaw siya

"ALAM MO BA KUNG ANONG ORAS NA?! TANGINA HINANAP KITA SA SCHOOL MO PERO UMALIS KA NA DAW! AKALA KO BA HIHINTAYIN MO KO?! TAPOS NAKELA RYAN KA LANG?! BAKIT HINDI KA NAGTEXT O TUMAWAG MAN LANG SA BAHAY! ~bahay? Nako, nakalimutan kong kakarating ko lang rin pala. Buking.~"

~ang kapal ng mukha nito ah!! Sapakin kaya kita?~

"Ako pa ngayon?? Alam mo ba kung gano ako katagal nag

hintay? Anong oras na ba? 10:45pm na ha! Anong oras ba sabi ko sayo? 4 pm diba? Tapos kung sigawan mo ko parang ako yung may kasalanan!" bakit siya pa yung may karapatan manigaw? Anong problema niya? Sa pagkakaalam ko siya yung mali eh.

"BAKIT HINDI MO AKO TINEXT ULIT?! HA??"

"Tinext kita.. hindi ka sumagot.." tumingin ako sa mga mata niya, kitang kita na galit siya.

"TINEXT MO KO?! BAKIT WALA AKONG NARECEIVE?! KUNG TINEXT MO KO MALAMANG TUTUNOG YUNG PHONE KO! PERO HINDI NAMAN TUMUNOG EH! KUNG HINDI AKO NAG REPLY
DAPAT TINAWAGAN MO NA LANG AKO!"

"si-sinubukan din kitang tawagan.. ka.. kaya lang.. *sniff*" ~doooooont cry..~

"KAYA LANG ANO?! BAKIT HINDI MO MASABI?! KAYA LANG LUMALANDI K-"

"nakapatay phone mo eh.. *sniffsniff*" naiyak na ko sa galit. Ang kapal ng mukha niyang sabihan ako ng lumalandi!

"AN-..ano.. aahh.. ehh.. oo nga pala...sorry Bianx, mali ako."
"Sorry?"
"Oo.. sorry.. sorry talaga.."
"Pagkatapos mo ko sigaw sigawan?! :'(Dadaanin mo lang ako sa sorry mo?! *sniff*"
"Hindi ko naman sinasadya eh.. nabigla lang ako.."
"So kung palagi kang mabibigla sisigawan mo na ako? Ganun

bay un?! *sniff* Sorry pero itigil na lang natin to."
"Ha? anong titigil? Wag! Maagalit sila Daddy at Papa!"

"I'M SORRY! BUT I CAN'T STAND YOU ANYMORE! Pagod na ko. Goodnight!"

At dun nagtatapos and aming paguusap. Kasalanan ko to. aminado naman ako eh. Akala ko kasi ok lang sa kanya, pero bakit ganun? Parang ang weird ng feeling.. pumasok ako ng kwarto ko at nag chinarge ko yung cellphone. Pag on ko..

4 messages
received

Opening.....

Sender:
Chicken Little.Ü
+639178**2520
04:45:27

oi kuto!ü anong petcha na? sbi ko syo 4:00pm mko sunduin e, nsan kna b? d2 ko sa tapat ni fernando poe sr.ü intayn kta ha.ü kya blisan mo!

Sender:
Chicken Little.Ü
+639178**2520
07:33:02

Tofer gutom na ko!!!!! san kna? may nangyari ba? Txtbck

asap.. iintayin prin kta ha..ü

Sender:
Chicken Little.Ü
+639178**2520
08:05:59

Tofer... ngaalala na ako.. bkt nkaoff fone m? asan kna b? il w8 for u..ü

Sender:
Chicken Little.Ü
+639178**2520
08:30:41

Uy natatakot na ko dito...sna ok ka lng..ingat haü

Nanghina ako nung nabasa ko yung mga messages niya, bakit parang siya pa yung nag aalala? Inintay niya parin ako.

"Ang tanga mo Tofer!!! Bakit mo siya sinigawan?? Kahit kelan wala kang pakinabang!! Teka, tinawag ko lang ba yung sarili ko na Tofer? Ay nako! Bwiset! Hindi na mahalaga kung sino ako! Kelangan mag sorry ka sa kanya.."

Habang nasa loob ng kwarto si Bianca nagluto si Dylan ng hapunan, alam niyang matagal na naghintay si Bianca kaya

hindi pa siya nakakakain.

Hindi ko na napigilan umiyak. Nakakaasar siya! Lahat naman ginawa ko para sa kanya ah! Ayoko na ng ganitong feeling! Bakit ba ako umiiyak ng dahil lang sa kanya??

TOK TOK TOK

"Knock knock!" ~kapal naman ng mukha nito mag joke..~

"sino yan?"

"Dylan."

"bakit?"

"Dylan mo na, kakain na tayo ng dinner! Hahaha!"

~tsssss. Akala mo nakakatawa.. hindi mo ko madadaan sa mga ganyan ganyan mo letche~

lumabas ako ng kwarto ko at pumunta na sa may table.

"hindi ka natawa sa joke ko?"

"ang baduy mo e!"

"cute nga e!" napatingin ako sa mga mata niya.. "oh bakit namamaga mata mo? Umiyak ka..?" ~nagtaka ka pa!!!

malamang umiyak yan sinigawan mo eh! Nahihibang ka na talaga noh!~

"o nga pala.. sorry kanina.. hindi ko naman sinasadya eh.. nabigla lang talaga kasi ako, nagaalala ako kung baka may nangyari na sayo tapos makikita lang kitang kausap si Ryan.. parang mali lang.. gets mo?"

Napahinto si Bianca sa pagsubo ng pagkain at tumingin sakin. Habang ako tinuloy ko yung pagkain ko.

"Oo gets ko.. ok lang.. wala yun.. na-nagalala ka ba talaga..? bakit.. nagseselos ka ba kay Ryan...?"

Nilunok ko muna yung nasubo kong pagkain at saka nag salita

"Wag ka ngang feeling. . Parang tayo. "

Bumulong si bianca

"akala ko pa naman seryoso ka.."

"ano?"

"ang alat nung pagkain!!"

hindi ako mapakali. Isip ako ng isip sa mga nangyari kanina.

"ano kaya nangyari sa kanya.. bakit hindi niya naalala na 4 niya ako susunduin?" umupo ako sa kama "ano kayang ginagawa niya at nagawa niyang kalimutan ako? Si ano kaya...? Hinde.. hinde. Imposible eh. Magkaiba sila ng oras..

pero pwede rin.."

SINO KAYA YUNG KASAMA NIYA AT NAKALIMUTAN NIYANG NAG IINTAY AKO?

Chapter 12

Taltong araw na ang nakalipas mula nung nagaway kami, mula nung sinagawan niya ako, mula nung.. *sigh* nakalimutan niyang may nagiintay sa kanya..

"Anong date na ba ngayon..? Tu-twenty?! "

ang bilis naman ng panahon! Parang kailan lang ako yung nag debut, tapos ngayon..

"BIRTHDAY NI TOFER! Oh my God! I have to make a plan.. pero ano?? Wala akong maisip ngayon.. SUS! KELAN BA NAMAN KASI AKO NAGKAISIP? Pambihira!! Tatawag na lang ako kela Mommy para tulungan ako sa pupwede kong gawin.."

pumunta ako sa may sala para kunin yung chordless tapos dumirecho na ako sa kwarto ko. Dinial ko yung number sa bahay at..

Voice: "Hello?"

"Hello? Mommy? Si Bianca to."

"O hun bakit? Nagaway nanaman ba kayo?"

~nanaman? Pano niya nalaman? Psychic ata siya.. ~ "Ha? hinde po hinde po! Birthday po kasi ni Dylan ngayon eh.. hindi ko po alam kung anong gagawin ko, gusto ko po sanang i-celebrate kaso hindi naman po kasi ako marunong magluto eh. Kung pupwede pong pumunta ka ho dito tapos tulungan ako mag handa.."

"O sige baby, pupunta ako dyan intayin mo ako ha? sige, bye love you."

"Talaga po??? Thanks Mom!! Bye"

Binabana namin yung phone pag bye ko.

"ayos! Pupunta siya dito!! Anong oras na ba? 1 na? sabagay, dinner na lang namin se-celebrate yun!"

May nagbukas ng pinto ng kwarto ko, si Tofer.

"Bianx, alis lang ako ha! babalik rin ako mamaya, ok?"

"San ka pupunta? Umuwi ka ng maaga ha! dito ka na mag dinner!"

"Dinner? Bahala na."

"Basta iintayin kita ha, magluluto ako ng dinner kaya dapat umuwi ka!" ang demanding. Ngumiti siya at sinabing

"Oo na promise. Dito na po magdidinner!" sinara niya yung pinto at umalis.

"San naman kaya pupunta yun? Wala naman siyang pasok.. sino kaya kasama nun? Ok lang kahit si ano pa, sabi naman niya dito siya mag didinner kaya kampante na ko."

Dumating sila mommy dito ng mga 2:30pm tinuruan niya akong mag luto ng paboritong pagkain ni Tofer at nagbake rin siya ng cake na paborito niya. Natapos kami ng mga 6:35 dahil napahaba pa ang kwentuhan namin.

Pinayuhan niya ako tungkol sa ugali ni Tofer "Mabait na bata naman si Dylan eh, pagmay gusto yan, hindi niya ito pinapaalam. Ewan ko ba, medyo weird nga yan eh. Ang daming nagkakagusto pero wala naman naging girlfriend." Yan ang eksaktong sinabi ni mommy. ~may gusto rin kaya siya sakin pero hindi niya pinapaalam? HIHIHI! Umasa pa ko! Kamusta naman yon?! ~

"anong oras na ba? Mag 7 na ha.. dinner sabi ko! Baka midnight snack akala niya! Matext nga!" Pagtingin ko sa cellphone ko, may isang message akong natanggap

1 message
received

Opening...

From: SY.Ü
+639178**2025

Gagabihin ako. Bka mgdinnr nko sa lbas.

"Nagpromise kang mokong ka! Bahala ka!"

To: +639178**2025

Tof!Ü iintayin kta ha.. khit ano mngyari..Ü uwi kna kgad pgnarecv mo na to.Ü

1 message
Received

From: Chicken Little.Ü
+639178**2520

Tof!Ü iintayin kta ha.. khit ano mngyari..Ü uwi kna kgad pgnarecv mo to.Ü

"Chicken little? Sino yun? Ah si ano.." ~bakit niya papauwiin si dylan.. bahala siya ~

Delete message?

DELETED.

"Nins, may nag text ba?"

"Ha? wa-wala! Tara movie tayo!"

"Movie? Anong movie?"

"Kahit ano, basta mamaya na tayo umuwi, ayoko pa eh, pati first birthday mo to na tayo.."

"Ikaw talaga.. o sige tara, nood tayo ng movie.." ~nareceive kaya ni Bianx yung text ko? Bakit hindi nagreply.. dati naman pag nag text ako kahit simpleng period lang yung sinend ko magrereply yun kaagad..nakakapanibago ~

"Happy Birthday to you.. happy birthday to you.. happy birthday happy birthday.. happy birthday to you.. oh Tofer, gift ko to sayo.. ako nagluto nyan.. diba favorite mo yang Menudo?" imitating Tofer "oo, favorite ko yan.. thank you Bianca.. ikaw na talaga ang the best na manok na nakilala ko!"

Ang tagal niya.. 10:02pm na.. gutom na ako..

"ang kapal ng mukha niya.. ang kapal kapal.. bakit mo ba ako ginaganito.. ang sama mo.."

Pumunta ako sa kwarto ko,in-on ko yung radio

"ayos yung kanta ha.. we can never be more than friends..?!?! eh kung itapon kitang radyo ka?!" nakita ko yung organizer ko.. pagbukas ko, may nahulog na sulat tiningnan ko siya at binuksan

"Ano kaya to.." pagtingin ko...

"Yung ano.."

"eto yung sulat ko sa kanya.." binasa ko iyon, gusto ko ulit mafeel yung pakiramdam ko habang sinusulat ko yung letter ko para kay Tofer.

Dear Tofer,

Hi! Do you still remember me? It is I, Bianca. Maybe you have forgotten me.. But you know what? Ever since the day I met you, you've changed my life in simple ways. I've always thought that "magic" and "sparks" only happens in fairytales, and that wishes and dreams are merely for children.. I guess I was wrong. We were young way back then when you first smiled at me. I felt happy when you smiled.. There was magic.. sparks as for some. I felt that I'm like a princess in a fairytale that found my prince charming! I tried to stop myself from thinking of you, but I just can't. We got close but, one day you just.... ignored me. What happened? What did I do that made you stop from chatting with me?

FLASHBACK

Bianx_20: hi!! ang cute pareho tayo ng nickname!
Dylan_20: hi! taga i.s manila ka rin?

Bianx_20: yup, ikaw?
Dylan_20: yeah, what year are you in?
Bianx_20: grade 6, you?
Dylan_20: same.. so magkabatch pala tayo. =)
Bianx_20: o nga eh, anong real name mo?
Dylan_20: Lance Dy.
Bianx_20: ahh..
Dylan_20: do you have a pic?
Bianx_20: yeah, do you?
Dylan_20: yup! u wanna trade?
Bianx_20: ok

After 4 hours

Dylan_20: Miss Bianx ganda!
Bianx_20: yes Mr. Dylan gwapo?
Dylan_20: ang kulit mo kachat! Hehe! Lagi na akong magoonline para lagi kitang makachat. Ikaw rin ha! gusto mo rin ba akong kachat? *sigh*
Bianx_20: ikaw nga rin eh! Hehe! oo naman! gwapo na kulit pa! hehe! O sige na Dylan cute, dc na ko Uy sige, inaantok na ko eh. Goodnight! Mwah!
Dylan_20: O sige Bianx cute! Goodnight, sweet dreams.. mmwah! bukas ulit ha!

4 months.. we chatted for 4 months.. I'm sorry, if I pretended that I do not know you that time, but I really know it was you.. and I'm sorry for not telling you that...

I liked you ever since...But I never told you how much you mean to me 'coz I fear you won't believe me, maybe you won't

understand me. Maybe from now 'til then, I might be liking you still.. Anyway, I just want to let you know that I have liked you for almost SIX YEARS. I'm not hoping nor wishing that you'd feel the same way towards me... But I just hope that maybe one day, when you see me walking.. I just want you to look at me.. and smile again.. like the smile you did when we first met. Tofer, you're so special to me in ways you never see. I like you Tofer.. I really do.

Love,
Bianca

Over and over again I try to tell myself that we Could never be more than friends And all the while inside I knew it was real The way you make me feel.. The closer I get to you (The closer I get to you..) The feeling comes over me (The feeling comes over me) Im going closer, sweeter than gravity... The closer I get to you..

Pumunta ako sa may dining table para kuhanin yung red wine at pumunta sa may sala. "Naghanda pa naman din ako.. at may pawinewine pa akong nalalaman! Nakakainis.. ako nalang iinomin ng wine! Bwiset siya.. ang sama niya.."

12 am na. "Tawagan ko na nga tong bwiset na to.."

Calling..
SY. Ü

+639178**2025

Hindi alam ni Tofer na napindot niya yung "answer"

"hel-"

"tulog na kaya siya.."

"sinong tulog na?"

~boses babae..sino kaya to..~

"ah.... sila mommy, sabi niya kasi sakin mag didinner daw kami sa bahay namin."

"ha? bakit hindi mo sinabi?!"

"nag aya ka kasi manood ng movie eh.."

"sira ka talaga babe! Baka mamaya magalit sakin sila tita.."

~babe? Bakit niya tinawag na babe si tofer.. ~

"ano ka ba Niña! Ok lang noh, kilala ka naman nila eh. Ayan nandito na tayo."

~OMG. Si Niña? ~

binaba ko na yung fone. Ayoko na marinig pa yung mga paguusapan nila.. bahala siya uupakan ko na tong red wine na to para kahit papaano mawala yung asar ko sa kanya.

Pagdating ni Dylan sa bahay..

"Bakit kaya nakapatay yung ilaw? Makapasok na nga.."

Pagtingin ko ang daming kandila, yung dining table nakaayos..

"naghanda si Bianx para sa birthday ko.." tumingin ako sa sala
At nakita si Bianca na nakahiga sa upuan. Nasa sahig na yung bote at may luha sa mga mata niya.. drama naman nito! Magising nga.

"HOY!!!!!!!!" nagulat si Bianca at napatingin sakin na parang hindi ako yung nakita niya. Natulog ulit siya. Inalog alog ko ulo niya para magising siya. Nagising siya at sinigawan ako

"BWISET!! ANO BANG PROBLEMA MO?!" nagulat ako kasi ngayon ko lang ulit siyang nakitang ganyan.

"Bakit galit ka?!" tanong ko naman na parang wala akong kasalanan.

"BWISET KA!! LAGI MO NA LANG AKONG GINAGANITO! MABUTI PANG MAGHIWALAY NA TAYO!!!" umiyak siya ng malakas na parang batang pinalo.

"ayoko na sayo.. ayoko na sayo.. ayoko na.. pagod na ko sayo.. *sniff* ayoko naaa..."

"huy ano ba problema mo..?"

"ikaw! Ayoko na.. ang sama mo.. ang sama sama mo.." pinghahahampas niya ako sa dibdib.

~nakokonsensya ako.. parang kelan lang nagaway kami tapos naulit pa.. ~

"galit ako sayo.. iwan mo na ko.. *sniff* please lang.. ayoko na.."

nagmamakaawa siyang iwan ko na siya. Hinila ko siya papalapit sakin at niyakap.

"Bianx lasing ka lang.. sorry na.." pero patuloy pa rin siyang umiiyak at sinasabing maghiwalay na kami.

Halos sampung minuto ko rin siyang yakap yakap. Nung nahimasmasan na siya nagusap ulit kami.

"Bianx ok ka na ba?"

"Tofer..."

"ano yun? Gusto mong kumain? Tara kain na tayo.."

"Hinde.

Gusto ko na makipag hiwalay sayo.."

"Bakit?! Dahil ba nagintay ka? Tinext kita na wag mo na ko intayin diba?!!"
"Nagreply ako sa text mo na yun.."

"nagreply ka? Wala..wala akong nareceive.. sorry. Sorry na. ano ba kelangan kong gawin para lang mapatawad mo?"

~bakit ganito, nakikipaghiwalay na siya sakin.. matagal ko na ngang gusto mangyari yun eh, pero bakit hindi ko kayang mawala siya.. ~

"Sabihin mo nga sakin, bakit kelangan magsama pa tayo..?"

"Kasi pag nawala ka.. baka hindi ko kayanin.. baka malungkot ako.. kasi wala ka na.. ang boring na ng buhay ko.. wala na akong aasarin. Wala ng manok na magiingay sa bahay na to.." nagsalubong yung kilay niya at tinitigan ako ng masama,

**i've tried to tell you so many times these feelings of mine but it's not that easy letting you know how i love you so

biglang napalingon si Bianca sa may radio pagrinig niya sa kanta..

completely, you complete me i've never felt this way
completely, you complete me like words and melody..
don't you know that we both belong baby don't you know that we will last forever don't you know that we both belong i knew it from the start we belong..

Pareho kaming natahimik.. pinapakinggan lang namin yung kanta.. ibang klase, parang ang lakas ng impact nung kanta. Yung lyrics yung melody..

hoping that someday for that hello just a simple hello and maybe tomorrow i'm the reason you smile and you'll make my day completely, you complete me i've never felt this way completely, you complete me like words and melody..
don't you know that we both belong baby don't you know that we will last forever don't you know that we both belong i knew it from the start we belong.. together you're my shelter in the pouring rain i just hope that you will see you and me we belong

don't you know that we both belong baby don't you know that we will last forever don't you know that we both belong
i knew it from the start we belong..**

"kanta ko yan.."

"HA?" ang gara naman nito ni Bianca! Ano daw?

"WALANG ULITAN SA BINGI!" umupo si Bianca sa sofa, at tumabi ako sa kanya. Hinawakan yung dalang kamay niya at sinabing..

"Pagisipan mo muna lahat.. please? Wag ka pabigla bigla.. hindi ko naman sinasadya na gabi ako makauwi eh. Sorry."

"Si Niña ba yung kasama mo kanina kaya nakalimutan mo yung dinner? Naghanda ako, nagpaturo akong magluto ng menudo, magbake ng favorite cake mo.. Per-"

"Oo.. siya nga kasama ko, pero nagkita lang kami sa mall. Nagkayayaan lang manood ng sine kaya tinext kita.. wala siyang kasalanan. sorry na naman oh.."

"O sige.." nilagay niya yung ulo niya sa balikat ko at ipinikit ang mga mata niya, habang ako? Hawak ko pa rin yung mga kamay niya..

~SANA LAGI NA LANG TAYONG GANITO... ~

Chapter 13

August na, dalawang buwan na kaming hindi nagaaway at nagtatampuhan.. pero syempre hindi pa rin maiiwasan yung asaran. Habang kami naman ni Niña dalawang buwan na mag on. Dalawang buwan ko na rin niloloko si Bianca..

Habang nagaayos si Bianca ng gamit..

"Tof, wag mo na akong sunduin mamaya ha! " napatingin bigla ako kay Bianca. Ano daw? wag sunduin?? tama ba yung narinig ko?

"Bakit naman? Gagabihin ka ba? Ok lang sakin na sunduin ka kahit anong oras.." napahinto siya sa ginagawa niya nung sinabi kong ok lang sakin kahit anong oras ko siya susunduin.

"Talaga..?"

"Syempre.. Joke lang!" sabay ngiting nakakaasar.

"Akala ko pa naman din totoo bwiset." Binulong niya. Ano daw? tinuloy niya yung pag aayos niya ng gamit.

"Bakit ngumunguso ka? Tss ikaw talaga oh! "

"Tof wag mo na ko sunduin ah!"

"O sige mag text ka nalang sakin ha!"

"Ok" lumabas na siya ng kotse at tumakbo papunta sa classroom.

"Bakit kaya hindi nagpapasundo yun.. labo."

Pagdating ko sa classroom andun na si Ryan nagaaral.

"RY!!!! Anong ginagawa mo?? May lagnat ka ba?? WAAAAAAAAAAAAAAAAAHH!! Himala! Nagaaral ka ata!!" Napatingin sakin yung mga kaklase namin dahil sa pag sigaw ko. Tumingin rin sakin si Ryan at sinabing

"Engot ka ba? MAY LONG QUIZ KAYA TAYO SA MATH!"

"ANO?!?!?!? MERON!?"

Badtrip naman! Bobo na nga ako sa math, hindi pa ako nag aral!! Pano na kaya to??? binuklat ko yung notes ko para makapag aral, pero pabukas pa lang ako biglang

"Ok class let's start the quiz. Keep all your notes."

"hassle.." bulong ko

"ok lang yan, papakopyahin kita.." bumulong rin siya

"uy gusto ko yan!! Sige sige!"

Pagkatapos ko sagutan yung quiz pinass ko na sa Prof. yung paper ko, chineckan niya sa tapat ko at nakakuha ako ng.....

"81%! Ayos!" tapos ngumiti sa akin syung Prof. at lumabas na ako ng room.

Pagtingin ko sa labas, andun si Ryan iniintay ako, nakangiti!

"Thanks ha! kelangan ko talaga yun!"

"ALAM KO! Utak manok ka kasi eh!" nag-beh siya sa akin at naglakad na kami papunta sa next class namin.

Exam week na sa susunod na lingo. Kelangan ko na mag aral. Si Tofer wala naman siyang problema, halos ako lang ata yung pinoproblema niya eh. Kelangan makapasa ako sa lahat ng subjects para naman hindi na ako asarin ni Tofer na utak manok. Nagpapaturo ako sa kanya at siya naman tuturuan ako. Sorry na lang siya, wala akong maituturo sa sa kanya eh! Pag may mood swings naman si Tofer pupunta ako sa bahay ni Ryan at sa kanya mag papaturo.

EXAM WEEK

Nakita ko si Ryan nag lalakad papunta sa may kotse niya.

"Ryan!!" Lumingon siya para tingnan kung sino yung tumatawag sa kanya.

"Oh Bianx? San ka pupunta?"

"Ewan.. Oo nga, san nga ba ako papunta? AH! yayayain sana kita pumunta sa apartment nila Carla and Mae eh, ano gusto mo ba?"

"O sige tara! O sige, uwi muna tayo para mag bihis tapos papaalam na rin tayo kay Tofer."

"Sige."

Sumabay ako kay Ryan, hindi kasi ako masusundo ni Tofer pag exam week, kasi daw ung sched niya. Umuwi na kami sa bahay para magpalit. Kakadating lang rin ni Tofer galing sa school.

"Tof, aalis ako ha! Bantayan mo muna yung bahay! Hehe!"

"Kapal mo! Iiwan mo ko dito?"

"Bakit?! Gusto mong sumama?!"

"Ha.. ehh.. Ayoko nga!!"

"Alam ko! Ayaw naman talaga kitang isama eh! Boring ka kaya kasama!!"

"Ako boring?!"

"Hindi ba?!"

"Kapa--" nagsimula na akong maglakad papalabas ng bahay

"Hay nako makaalis na nga wala talagang sense kausap to oh" at bigla kong sinalpak yung pinto

"Tingnan mo nga naman to oh! Tumakbo pa! excited masyado! Anong gagawin ko magdamag dito?? Boring ba talaga ako? Bwiset talaga yun. "

"Hello Ryan! Nandito ako sa labas ng bahay mo! Bwiset ka lumabas ka na at ang mahal na ng bill ko noh!!!!" Lumabas kaagad si Ryan.

"Ano tara na?"

"Hinde mag hihintay pa tayo dito ng 5 hours." Napatingin sakin si Ryan na parang naguluhan "MALAMANG! KAYA NGA KO ANDITO EH!"

"Ewan ko sayo! Hahaha! Ang kulit mo! Sapakin kita dyan eh!"

Sumakay na kami sa auto niya at pinuntahan sila Carla at Mae sa apartment nila. Nag aya kasi si Carla uminom. Tomador talaga noh? kakaibang babae! Nahahawa tuloy ako! Eto namang si Ryan kahit ilang bote pa inumin hindi

nalalasing! Grabe, may bahay alak na ata to eh!

Nasa may UST na kami, 4 lang kaming nagiinuman syempre kahit apat lang kami masaya naman! Hindi rin maiiwasan na ako yung maging topic nila.. pambihira!

"Ryan, ano na ba status nung dalawa? Lumelevel up na ba??"

"Ewan ko. Wala naman nababanggit si Dylan sakin tungkol sa kanilang dalawa eh, puro Niñ...

puro aral aral aral!"

"Nahiya ka pang sabihing NIÑA!!! Alam ko naman yung tungkol dun eh, matagal na! *hik*"

"Bianx lasing ka na! uy masyado na syang madaming nainom.. pigilan niyo nga siya!"

"Tama na Bianca, akin na yang bote. Baka mamaya bigla kang mag dive dyan eh baka akalain mo ibon ka!"

"Alam niyo, simula ngayon, hindi ko na siya papakialaman. Kung ayaw niya ako edi di wag.. ayoko na pagpilitan pa sarili ko..*hik*"

"Carla, Mae, dapat siguro umuwi na kami, lasing na tong si

Bianca eh."

"Mabuti pa nga! Sige ingat kayo ha."

Habang palabas na ng apartment sila Ryan at Bianca napagusapan nila Carla at Mae yung tungkol sa relasyon ng kaibigan nila.

"Mae, napansin mo ba yung titig ni Ryan kay Bianca?? Parang may meaning noh?"

"Oo nga eh! Chismax nanaman tuloy to! Pero naaawa ako kay Bianca, biruin mo mahal na niya ata si Dylan. Ang alam ko crush niya lang yun eh, as in NAGAGWAPUHAN. Pero ngayon mukhang nag-fall na siya talaga."

"Sayang naman si Bianx.."

"Bakit sayang?"

"Kasi nakasal siya kay Dylan, eh hindi naman siya gusto nun, pero gustong gusto ni Bianx si Dylan."

"Oo nga noh, si Ryan gwapo.. swerte ni Bianx dun noh? ang bait na sa kanya, tapos mukhang gusto pa siya!"

"Oo nga gwapo yun!!! Mukhang hindi naman trip ni Bianx yun eh, pati grabe nag bago talaga si Ryan para kay Bianx! San ka pa?!"

Tumayo si Carla at kinuha yung mga bote para mag ligpit na.

"Haaay. Tayo kaya, kelan tayo makakakuha ng Dylan at

Ryan?"

"Ako masaya na ko kay Ryan.."

"OH MY GOD! YOU LIKE HIM TALAGA?!"

"Oo eh, hehe! Kaya lang si Bianx gusto niya.. pero siguro kung magiging Bianca ako, baka magustuhan niya rin ako.."

"O sige, maghintay ka ng six years ha?? malay mo maging miserable rin buhay mo! Hahaha!"

"Loko! Basta, bahala na! hehe! Cute naman talaga siya ha!"

"O sige! Cute na kung cute! Tama na pag mumuni muni mo dyan at tulungan mo ko mag ligpit nito."

"Ang tagal naman nilang umuwi!! Dito pa ba yun matutulog? Gabi na ah!! Iniwan niya pa yung susi niya! Bahala siya! Ilolock ko na yung pinto! Tutal hindi naman siya tumawag na uuwi siya eh!"

Pagdating nila Ryan sa bahay nila Bianca naabutan nila itong lock. Hindi na nila ginising pa si Dylan. Kaya dinala na lang ni Ryan si Bianca sa bahay niya.

"Bianx dito ka muna matulog. Nakalock yung pintuan niyo eh."

Pumunta kami sa may sofa at naupo.

"Ryan salamat ha. ang bait mo sakin. Alam mo kung na una lang kitang nakilala kesa kay Tofer siguro ikaw yung gusto ko ngayon.." tapos ngumiti siya saakin

~pwede ko pa bang ibalik yung panahon na hindi mo pa nakikilala si Dylan? Para ngayon ako yung kasama mo.. para ako yung nag aalaga sayo.. promise hinding hindi kita sasaktan at paiiyakin..~

"Ganun? Alam mo ikaw nga lang yung nag bago sakin ng ganito eh. Simula nung nakilala kita hindi na ko nambabae pa! tama si Dylan kakaibang manok ka nga!" Sabay tumawa ako.

"Syempre! Sasapakin kita pag nambabae ka pa! Uhmm.. Mahal ba talaga ni Tofer si Niña?" tanong niya saakin.

"Bakit mo naman yan natanong?"

"Wala lang, gusto ko lang.. kasi sa tingin ko.. in love na ko sa kanya eh.. una gusto ko lang siya.. magkaiba naman yung gusto sa mahal diba? yung gusto kasi para saakin.. crush lang.. ang gwapo niya kasi noon eh, ang gwapo niya nung kalbo siya.. tapos ngayon may buhok na siya..bagay pa rin.. parang ikaw, bagay sayo yung kalbo. Huy wag mong sasabihin ah! Kung hindi patay ka sakin!!"

"Ang alam ko lang gusto niya si Niña.. ewan ko! Simula kasi nung damating si Niña nagbago na takbo ng buhay niya. May babae pa nga siyang close nun sa chat eh pero iniwasan na niya kasi nalaman niyang mababa yung grades na nakukuha nung girl, at bigla rin dumating si Niña sa eksena."

Pagharap ko kay Bianca, tulog na pala siya. Napaka seryoso

niya nung tinanong niyang mahal na ba ni Dylan si Niña, ako naman hindi ko alam kung ano yung isasagot ko. Pero kelangan niyang malaman yung totoo. Nakakatuwa magisip si Bianca, pag gusto niya yung guy crush lang pala yun para sa kanya! para siyang grade school! Naglalakad na ako papunta sa kwarto ko ng biglang nagsalita si Bianca..

"Alam mo Ryan, love ko na si Tofer.."

napahinto ako sa paglalakad at lumingon sa kanya. tama ba yung narinig ko? "mahal na niya si Dylan?" ibig sabihin goodbye Ryan?

"oo tama narinig mo.. mahal ko na siya.. mahal na mahal.." lumapit ako sa kanya at umupo sa tabi tabi niya.

"Akala ko tulog ka na.."

bumangon si Bianca para mag unat. umupo ulit siya sa sofa.

"Sorry ha.. hindi ko na kasi kayang itago to sa sarili ko eh. Ang hirap. Masakit.." nagsisimula ng tumulo ang mga luha sa mga mata niya.

"Kahit alam ko na para sa kanya wala lang yung tungkol samin, patuloy pa rin akong nag iintay.. six hours? eleven hours? eleven months.. wala lang yun sakin. kakayanin ko pa maghintay ng higit pa dun.. " humarap ako sa knya at pinunasan yung luha niya.

~kung sabihin ko sayong mahal na kita.. masasaktan ka pa kaya? Aalagaan kita.. hindi kita pababayaan.. hinding hindi

kita pag hihintayin Bianx.. ~

"minsan nga tinatanong ko na yung sarili ko kung tama ba talaga 'tong ginagawa ko eh, para kasi akong gumagawa ng sarili kong penitensya. Ayoko naman sabihin sa kanya yung tunay kong nararamdaman kasi.. baka ano.."

huminto siya at napayuko bigla. niyakap niya yung unan at pinatong yung baba niya dito.

"baka ano? Iwan ka niya..?" lalo siyang naiyak nung sinabi kong baka iwanan siya..

Tumungo lang siya, patuloy pa rin ang pagiyak niya..

"Oo, sa sobrang pagmamahal ko sakanya, natatakot ako na pag nalaman niyang mahal na mahal ko siya.. baka pag gising ko isang araw wala na siya sa tabi ko.." tahimik lang akong nakikinig sa kanya "loko ka. Hindi ko kelangan ng awa mo, gusto ko lang talaga malaman mo yung tunay kong nararamdaman. I mean gusto ko nang ilabas yung nararamdaman kasi masakit na eh, masyado nang masakit itago..

~Bianca, kung alam mo lang.. na sila na..~ "hindi naman ako naaawa ha? basta pag iniwan ka niya, nandito lang ako, o kaya pag naghiwalay kayo, pwede ka makitira sakin. Pero..."

"Pero ano..?"

"Ikaw mag lilinis ng bahay!"

"WAG NA! UUWI NA LANG AKO SA BAHAY BAHAY NILA DYLAN SA ALABANG! SPOILED PA KO! HMPH! hehehe!"

"Hahaha! Ayan, pinapatawa lang kita eh, edi nakangiti ka na ulit!"

"Sira ka talaga! Sige Ry, uwi na ako, baka kasi nag aalala na yun eh, tatawagan ko nalang siya.. thanks ha! gumaan yung pakiramdam ko.."

"Sigurado ka ba? Ihahatid na kita."

"hindi na, ako na lang magisa.. hoy. Wag mo ipagsasabi yan ha! I gave you my trust.. keep it."

Lumabas na ako ng bahay niya at naglakad pauwing.. umiiyak.

Calling...
SY.Ü
+639178**2025

"Hello..."

"Tof, andito na ko.. pabuksan naman nung pinto oh.."

Binabaan niya ako. Nung una akala ko hindi niya bubuksan, pero bumukas yung mga ilaw at binuksan niya ang pinto.

"Kanina ka pa? Lasing ka noh?"

"Oo, nakela Ryan lang ako, nagusap kami."

Tumingin siya sakin

"hindi ako lasing"

"A-anong pinagusapan niyo?"

"buhay may asawa."

"ASAWA KA DYAN! Ano naman tungkol sa buhay asawa?"

"BAKIT BA ANG TANONG TANONG MO HA? MATUTULOG NA KO AT BORING KANG KAUSAP!"

Chapter 14

Ang sungit naman nun! Ano kaya yung pinagusapan nila? Kilala ko tong si Ryan. Hindi niya rin sasabihin sakin yun. Basta pag babae yung nagsabi hindi niya ipinagsasabi kahit kanino. Pero pag lalaki na nagkwento nako! expect mo nang kakalat yun! Kakaiba talag etong kaibigang kong to! Pero bakit kaya ganun? Ano meron sa buhay mag asawa? Eh halos parang hindi nga kami kasal eh, halos wala pa sa kalagitnaan ng "magboyfriend"

"Ano kaya yung pinagusapan nila tungkol sa buhay asawa...? Bakit hindi niya sinabi sakin? baka naman.. sinabi ni Ryan

yung samin ni Niña? Pero iba naman reaction niya kanina eh.. parang namamaga mata.. "

naglakad ako papunta sa kwarto ko at nahiga sa kama. sinubukan kong ipikit yung mga mata ko pero may bumabagabag sakin.

"bakit ba apektado ako??? ano ba yung pinagusapan nila at inabot sila ng madaling araw??? bakit pa kasi sila naging close eh.. ayan tuloy wala akong alam! hindi ako nasasabihan ng secrets.. "

pagulong gulong ako sa kama. hindi parin ako makatulog

"DYLAN MATULOG KA NA! WALA YUN. WALA SIYANG ALAM. GOODNIGHT! "

6 days na lang at birthday ko na. magaan na yung pakiramdam ko, wala na akong tinatago. Alam na nila Carla at Mae yung tunay kong nararamdaman. Siya na lang ang walang alam..

"Bianx, alis ako ha? balik rin ako kagad."

"O sige, ingat." Sumagot lang ako sa kanya at hindi ko siya tiningnan..patuloy pa rin ang pagcocomputer ko.

"yun lang?" tumingin ako sa kanya at napansin kong medyo disappointed siya sa sagot ko.

"Pag nagtatanong ako kung san ka pupunta nagagalit ka, tapos ngayong wala akong tinatanong nalulungkot ka!!" nabigla lang siya sa sinabi ko at tahimik.

"Utak manok ka na rin noh? umamin ka na.. hindi ko pagkakalat.." mahina kong sinabi

"WALA! SIGE BYE NA!" sinalpak niya yung pinto pag labas niya

"ang labo talaga nun! Hari ng mga kambing! Bwiset. Mag da-download na nga lang ako ng mga kanta!"

Humarap ulit ako sa laptop at tinuloy ko yung ginagawa ko.

Mag kikita kami ni Niña, siguro panahon na para itigil na namin yung relasyon namin. Mali na eh. Feeling ko malalaman na ni Bianca lahat pag pumitik si Ryan.. and hindi ko na ata kayang itago pa ang.. *sigh* basta yun na

tinawagan ko si Niña sa cellphone niya..

"Niña, nandito ako sa may starbucks, labas ka na."

"Okay, wait lang." pag baba ko ng phone, nakita ko na siya. Pumasok siya ng kotche at humalik sa pisngi ko.

"Niña.. hindi na tayo pwede magkita.."

"WHAT?! Bakit? Hindi mo na ba ako mahal.."

tumingin ako sa mga mata niya at nakikita kong nasasaktan siya sa mga nasabi ko..

"Sabi mo gusto mo ko.. naalala mo pa ba nung 3rd year highschool tayo? Ang sabi mo sakin hindi mo ko iiwan.. hindi mo ko hahayaan mag isa.. pero bakit mo to ginagawa sakin ngayon?"

"Hindi naman sa iiwanan kita.. pero naaawa kasi ako kay Bianca.."

"Bakit ka maaawa sa kanya? Ang sabi sakin ni Jason kontrata lang naman daw yung kasal niyo eh.. nakalimutan mo na ba yung pinagsamahan natin?"

tumingin ak osa bintana. Si Jason talaga! Ang daldal.

"Ang tagal na natin magkaibigan Dylan.. hahayaan mo bang magkaganito tayo dahil lang sa babaeng hindi mo naman gusto? Magiintay ako.. iintayin ko matapos yung kontrata niyo.. sana natatandaan mo pa yung pangako mo nung prom natin.."

Lumabas si Niña sa kotse at bumalik sa loob ng starbucks.

Pano na to, bukas pa naman din namin isecelebrate yung birthday niya.. pumunta ko kela Ryan para tulungan niya ako sa party bukas. Habang nagiisip tinanong niya ako tungkol kay Niña

"Ano naman tungkol sa kanya?"

"Kung alam mo na.. kayo pa."

"Ahh.. oo kami pa eh.. wag mo munang sabihin kay Bianca, ako na bahala dun."

"Loko ka pare!! Ibahin mo nga si Bianca! Pano na lang pag nalaman niya?! Alam mo ba kung gano kasakit yun?? Kung ayaw mo talaga sa kanya sabihin mo habang maaga pa. ~kung ayaw mo talaga.. ako na lang mag aalaga sa kanya.. ~ Ibang klase ka akala ko pa naman din ok na kayo ni Bianx.. hindi pa pala.."

tumahimik lang ako pero patuloy pa rin siya sa pag sasalita.

"Dylan umayos ka. Sa lahat ng nakilala kong babae, iba si Bianca. Alam kong isip bata yun pero hindi mo kelangan abusuhin yung nararamdaman niya. Pati tiyak lagot ka sak--kela... kela.. kela Mae! Alam mo naman na ayaw nilang may masamang mangyayari sa kaibigan nila eh.."

"Ginagawa ko na nga lahat eh, basta ako na lang bahala dun. Alam kong close kayo.. pero sana wag mo muna tong sasabihin sa kanya.. hayaan mong ako na ang magsabi.. please?"

"O sige.. basta sabihin mo na yun sa kanya. ASAP."

Iniba na namin yung usapan kasi baka umitin lalo yung dugo nun, alam ko na sobrang close na sila at mas kilala niya si Bianca kesa sakin. Simple lang yung party bukas, dinner

tapos inuman. Si mommy na raw ang bahala sa pagkain. Dadalhin din ni Ryan yung banda niya para tumugtog.

6:30 pm September 17

Nagdadatingan na yung mga tao, andito na yung banda ni Ryan, pati sila Carla and Mae, yung iba mga kaklase ni Bianca sa UP. Hindi ko kilala yung mga yun eh.

Mommy Kristy: "Dylan, tawagan mo na sila Mar, sabihin mo dalhin na niya dito si Bianca."

"Yes mom."

Calling..

Daddy Mar

+63188**1703

"Papa, pwede mo na raw ibalik dito si Bianca pero secret pa rin para masurprise."

"O sige, malapit na kami."

Pagdating nila Bianca, biglang nagsimulng tumugtog yung banda ni Ryan,

** Wag kang maniwala d'yan, 'di ka n'ya mahal talaga Sayang lang ang buhay mo kung mapupunta ka lang sa kanya

Iiwanan ka lang n'yan, mag-ingat ka Dagdag ka lamang sa milyun-milyong babae n'ya

Akin ka na lang (akin ka na lang) Iingatan ko ang puso mo

Akin ka na lang (akin ka na lang) At wala nang hihigit pa sa 'yo

'Di naman ako bolero katulad ng ibang tao

Ang totoo'y 'pag nand'yan ka, medyo nabubulol pa nga ako

Malangis lang ang dila n'ya, 'wag kang madala

Dahan-dahan ka lang, baka pati ika'y mabiktima (huwag naman sana)

Akin ka na lang (akin ka na lang) Iingatan ko ang puso mo

Akin ka na lang (akin ka na lang) At wala nang hihigit pa sa 'yo

'Di naman sa sinisiraan ko ang pangit na 'yan Huwag ka dapat sa 'kin magduda, hinding-hindi kita pababayaan

---

Sira tong si Ryan ha! Pag kasabi ng 'pangit na yan' bigla akong tinuro! Loko talaga to!!

Akin ka na lang (akin ka na lang) Liligaya ka sa pag-ibig ko

Akin ka na lang (akin ka na lang) At wala nang hihigit pa sa 'yo**

Nagpalakpakan yung mga tao at si Bianca nila pitan si Ryan at nagpasalamat. Tuwang tuwa siya pagkita niya sa simpleng party na ginawa namin. Sa kalagitnaan ng party hinila ng isang kabanda ni Ryan si Bianca para makikanta sa kanila.

"Kayo talaga! Pati ako dinadamay niyo! Bilib talaga kayo sa boses ko noh? hahaha! Sige mamaya na ako kakanta! Kayo naman!" sabay lakad niya papunta sakin.

"Baby!!" napatingin ako sa kanya

"Baby? Ikaw nga yun eh! Oh anong atin, baby?"

~waaah! he called me BABY!! ~

"Tss.. kunwari ka pa! *giggles* thank you ha! sabi sakin nila Ryan na ikaw daw nag plano nito"

"Tss. Syempre para sa baby ko diba? baka mamaya umiyak ka pa ng malakas kasi hindi tayo nagcelebrate, tukain mo pa ako!" ngumiti ako sa kanya.

"Akala ko pa naman.. pero thank you talaga!" kiniss niya ako sa pisnge pagtapos bigla siyang tumakbo sa table nila Mae.

"Nakita namin yun!! Kinikilig ako para sayo!!"

"Ano ka ba! Halatang ginulat mo si Dylan! Tingnan mo, hindi pa rin gumagalaw! Nanigas ata!"

Unti unting naguuwian na yung mga tao, si Bianca medyo may tama na rin. Hindi may tama sa ulo ha! medyo lasing na kaya lumapit sa banda nila Ryan at kinuha yung mic.

"Eto para sa guy na sobrang special sakin."

bumulong siya kay Ryan

"I hope it's you"

**Ryan: Are you real or are you a dream

Are you true, or not what you seem
Cause I've been here before
Don't wanna hurt myself no more oh no

Bianca: Someone who feels for me
Who's constantly inlove with me
And cares for me
Someone who won't say goodbye
Someone who can change my life
I hope its you, I hope its you

Ryan: Will you stay, or will you leave
Shall I doubt, or shall I believe
Cause I've been here before
Don't wanna hurt myself no more oh no no

Bianca: Someone who feels for me
Who's constantly inlove with me
And cares for me
Someone who won't say goodbye
Both: Someone who can change my life
Bianca: I hope its you, I hope its you

Ryan: How will I know

If you're gonna be here tomorrow

Bianca:Tell me baby how can I stay

When there's no other way

Ryan:But to give you my heart, my love

Bianca:And trust you from the start

Both:Baby don't break my heart

Both: Someone who feels for me

Who's constantly

Ryan: inlove with me

Bianca: And cares for me

Someone who won't say goodbye

Both: Someone who can change my life

Both: Someone who feels for me

Who's constantly inlove with me

Bianca: And cares for me

Someone who won't say goodbye

Ryan: Someone who can change my life

I hope its you

Bianca: I hope its you..**

"dun na naman SY na yan.. wala ba yan kanta para sakin?
Ang kapal ng mukha, nakakabwiset."

Mommy Kristy: "ang sweet naman ni Bianca! Dylan kasi.. maging mabait ka naman kay Bianca! Tingnan mo, pag ikaw nagpakabait lagi ka niyang kakantahan."

Daddy Larry: "Tama anak! Ang ganda ganda ng boses niya oh. Sinasayang mo lang sa pangaasar!"

Daddy Mar: "Kayo talaga, hayaan niyo na si Dylan."

Nakakatakot naman tong tatlo! Biglabiglang sumusulpot, nakakagulat! Buti nalang hindi ako highblood! Pumasok ako ng bahay para kunin yung regalo ko kay Bianca pero biglang..

/ 98

Calling..

NH<3

+639176**1749

"Hello?"

"Babe, andito ko sa tapat bahay niyo. Puntahan mo ko now na."

Pinuntahan ko siya gaya ng sabi niya. Pumasok kami sa loob ng kotse niya at nagusap.

"Kakausapin ko si Bianca. Pipilitin ko siya tutal may gusto na rin naman daw siyang iba."

"Wag! Ako na bahala.."

napatingin ako sa kanya sa may labas

"Masyado pa siyang masaya ngayon.. tingnan mo."

"Ano kaba! Wake up! Meron na siyang ibang gusto! She doesn't like you anymore!! Ako yung may gusto sayo! Please... kausapin mo na siya.."

"Basta ako na bahala."

Lumabas ako ng kotse at naalala ko yung sinabi niya bago siya kumanta..

"para sa guy na sobrang special sakin.."

bilgang nagpatakbo ng mabilis si Niña.

"sino kaya yung guy na yun.. si SY o si Ryan? eh sino ba yung SY? si Ryan kaya...?"

Natapos na ang party at eto pa rin ako, natutulala. Dapat ko pa bang sabihin kay Bianca yung samin ni Niña? Pano na lang kung makipag hiwalay siya? Ano nang gagawin ko? Bakit tuwing hiwalayan yung naiisip ko feeling ko malaki mawawala sakin..

Hindi ako makapag isip. Ngayon lang ulit ako nabagabag ng ganito. Hindi ko magamit yung mga "theories" ko, yung "logic" at mga "philosophies" ko..

Eto na. September 20 na, saktong sakto Monday. Kelangan act normal, act happy. Ayoko pati si Bianca malungkot ng dahil lang sa akin.

"Saan ko kaya siya pwede dalhin? Sa E.K. para magsaya kami? Gusto ko medyo relaxing.. Tagaytay kaya? Tama! Dun nga! Pupuntahan ko na siya sa kwarto niya para makapag handa na kami! "

TOKTOKTOK

"Bianx, papasok ako ha?" aba walang sumasagot! Silence means yes. Pumasok ako kahit hindi pa siya sumasagot.

Pagpasok ko, tulog pa si Bianx.. umupo ako sa may tabi niya sa kama, pinagmasdan ko siya...

"bakit ka ba ganyan Bianx? Ang hirap tuloy.." maya maya, ginising ko na rin siya

"Bianx, Bianx gising na.."

dumilat siya at ngumiti sakin.

"Bait ka andito? Late na ba ako?" ngmiti ako sa kanya at sinabing,

"Oo late ka na, wag na tayong pumasok ngayon, ligo ka na. aalis tayo.."

tapos tumayo na ako sa may kama niya naglakad papalabas

"wag mo na itanong kung san tayo pupunta, basta maligo ka na, bilisan mo ha! ayoko mag intay ng matagal."

sinara ko yung pinto ng kwaro niya.

"ano na naman kaya pakulo nun? May atraso na naman ba ako? Yayayain akong umalis tapos hindi sasabihin kung san pupunta!! sira na talaga ulo nun! Teka.. baka sasabihin na niya na gusto na rin nya ko?? OH MY GOD!!!!!!!!!!! " bumangon ako sa kama "Eto na yung pinakaiintay kong part!! nako!! *giggles* maka ligo na nga!!"

Chapter 15

After one hour, nakaalis na rin kami sa bahay. Wala pa rin siyang clue kung saan kami papunta. Palipat lipat siya ng radio station, lahat kasi ng station puro senti ang pinapatugtog eh dapat nga masaya kami diba? kasi first time namin 'tong aalis ng kaming dalawa lang. sweet diba? Hinde. Wag kayong kiligin. Birthday niya kasi kaya ko to ginagawa. Eventually.. mag hihiwalay din kami. Gusto ko kahit papaano may magagandang memories na maiiwan ko sa kanya.

"89.9, maganda yung station na yun! hindi ka kasi mapakali kakalipat eh! "

"alam ko! Naghahanap lang naman ako ng magandang kanta eh.."

"Lipat mo na dun! Bilis!"

paglipat niya bigla siyang kumanta

"I wake up, i wash my face and go Here's another day, i'm sure I fight for what i love.. And my music keeps going on, My heart

begins to beat And my music keeps going on and Makes my life complete Flying away... I'm flying away.. iiiim flying away!"

aba at sumasayaw pa!! ano ba tong kantang to?

"TOF HINDI MO ALAM YAN?! ANG BADUY MO KAHIT KELAN!!"

nagsalubong na lang mga kilay ko.

"Sorry ha! hindi ko alam yan eh! Wag kang magaalala magreresearch na rin ako ng mga usong kanta ngayon!" iniimitate niya na kunwari siya yung nag guiguitar. feel na feel niya pa! pagbigyan! Birthday eh!

Mga 1 pm nakarating na rin kami sa tagaytay heighlands. Buti na lang at member kami dun, kung hindi sa taal vista bagsak namin. Si Bianca nagrereklamo, ang sakit daw ng pwet niya! Hindi ko raw siya winarningan na sa tagaytay kami pupunta, buti daw sana kung taga alabang lang daw kami, at least daw dun hindi ganun katagal yung biyahe. Wala na kaming magagawa. Andito na kami eh! Hehehe!

Pag park namin ng sasakyan hinila niya kaagad ako sa may buffet table, gutom na gutom na raw siya. Hindi daw kasi kami nag stop over sa kung saan mang gas station. At kahit sandwich daw hindi ko siya pinagbalot. Grabe, ang dami niyang nakain! Sulit na sulit sa kanya yung ibabayad eh!

98

"HOY! tumitriple na yung katawan mo oh! Easy lang!!!"

"Hindi kaya ako nakakakain ng ganitong klaseng pagkain sa bahay!!"

sabay lunok ng pagkain

"Kung hindi maalat yung pagkain, walang lasa! Mas mabuti ng de-lata na lang yung kainin natin eh!"

ang yabang naman nito! Masarap naman ako magluto ng itlog ha??

"Oo na oo na! Kumain ka na! at magiikot pa tayo!"

"Magiikot pa tayo? Talaga? Sayang.. wala tayong dalang camera.. ikaw kasi eh!"

"Tange! Meron! Eto oh"

nilabas ko yung cellphone ko at pinakita ko sa kanya.

"Tss. Ikaw talaga! Meron din naman ako oh!!" nilabas niya rin yung kanyang cellphone.

Pagtapos naming kumain, nagikot ikot kami, pumunta kami sa may mini zoo at sumakay kami ng cable car. Dun tuwang tuwa siya, kitang kita sa mga mata niya na sobra sobra yung happiness na nararamdaman niya. Pero hindi niya lang alam na may kelangan akong sabihin sa kanya.

"Bianx, may sasabihin ako sayo." Tumingin siya sakin.. may spark sa mga eyes niya..

~ano ba yan, kelangan ko pa bang sabihin to?~

"Tungkol san naman?" nakangiti niyang tanong "Teka, picture muna tayo!" Nilabas niya yung cellphone niya at hinanda sa camera "o game ha, 1..2..3!" tiningnan niya yung itsura

"Ayan! Ang ganda ko! Sesend ko nga kela Carla, Mae, at Ryan!" tuwang tuwa naman siya masyado sa itsura niya sa pic!

"Ayan! Na send ko na!"

3 messages

received

Mae-ganda.Ö

+639176**9542

Omg! ur wth dylan!? dts nyc.. u dint go to skul jst to be wth hm ha!.. cute nung pic.ü

Carla-ganda.Ö

+639175**7584

WOW! CONGRATS! HAHA! PAKYU WG M NA KC AWAYIN!

Ry-unggoy.Ö

+639178**9663

Aba ayos ha! ndi nyo manlang ako sinama! hmph! tampo nko! cge, lovelove na muna kyo! Hehe bgay kyo..

"Ang bilis naman nila mag reply, haha! Atat!"

"Oo nga eh, anyway, ano yung pag uusapan natin?" biglang bumukas na yung pinto ng cable car andito na pala kami sa may restaurant sa taas..

"Ahh, teka mirienda muna tayo dito.. sa loob na lang natin pagusapan.. baka kasi magreklamo ka na hindi kita pinapakain ng masarap na pagkain eh!"

ngumiti lang siya at hinila niya ako papasok. Umupo na kami sa may table namin, nakaharap kami sa isa't isa. Hindi ako sigurado kung dapat ko pang sabihin to sa kanya, baka masira mood niya.. basta dadahan dahanin ko na lang..

"Bianca.. yung paguusapan natin" tumingin siya sakin

"Tungkol san ba? ~eto na.. O-M-G this is it!! most awaited moment.. *kilig*~ kanina mo pa binabanggit yan eh.. importante ba yan? Tungkol sat --

"Kay Niña."

Napatigil siya sa pag kain, tapos humarap ulit sakin

"Ano tungkol sa kanya...? "

"Gu.. gus..gusto ko kasi siya dati.."

Halatang umiiwas siya ng tingin sakin..

"Alam ko na yun, matagal na." tapos nag smile siya sakin at nagpatuloy sa pagkain ng ice cream niya.

"Alam mo na?? hindi ka galit?!" hinawakan ko yung kanang kamay niya.

"Sus! Matagal na yun eh, pati kasal na rin naman tayo eh, eh ano rin naman kung nag propose ka sa kanya, pati yung kiss?? Wala lang yun. Tss."

Nakangiti niyang sinabi.

"Alam mo n-na nag propose ako sa kanya..? Kiss??! ~kiss?! kelan nangyari yung kiss??? yung nasa theater kakami!?~ *gulp* Huh?"

"Oo! May nag sabi sakin. Kiss? Yung time na hinanap kita sa school pero wala ka. Kaya ako umuwi. Wag ka mag alala hindi naman ako

nagagalit or nagseselos eh! Tagal na yun! Wala ka na bang sasabihin?"

"Wa- ~yun ba yung reason kaya siya umiyak nun sa bahay???~ wala na.." hindi ko kayang sabihin na kami na ni Niña, na pag nareach na namin yung 2 years, iiwanan ko na siya at babalik na ako kay Niña.

"Talaga? Ok. Ubusin mo na yan, mag 6 na oh!" ngumiti siya na parang hindi nga siya nasasaktan.

6 o'clock pm na nung nakaalis na kami sa tagaytay, medyo na traffic kami pabalik. Hindi parin kami nag iimikan ni Bianca simula nung nasa restaurant kami. Malamang napaisip na naman yun. Maya maya binuksan niya yung radio. End of the road ng BoyzIImen yung tugtog, mayamaya nilipat niya sa ibang station What If naman ni Babyface, so nilipat niya ulit Jealous naman ni Nina.

"ano ba yan! Puro malulungkot.."

pero tapos ng kanta ni Nina, nagulat si Bianca, nalungkot tapos napatingin sa may bintana.

"gusto mo lipat ko?" alok ko sa kanya dahil mukhang nalungkot sa tugtog pero tumingin siya sakin ng nakangiti

"hindi, gusto ko yung kanta, naaalala ko kasi siya sa kantang yan eh.."

~sino kaya yung SIYA? ~

tapos humarap ulit siya sa may bintana.. may binulong..

/ 98

"kanta ko kasi sayo yan eh.."

"Bianx? May sinasabi ka ba?"

"Ako? Wala ha.."

mayamaya kumanta na siya..

"Or maybe I'm confused when you are near me, I don't know what to do or I should be.. There's only one thing in my mind, that's you and me. I'm a little bit of crazy, I'm a little bit of a fool, I'm a little bit of lonely, I'm a little bit of all. Oh I need a cure, just a little bit of you.. And I will faaaall.."

"Yan yung kinanta mo nung birthday mo diba?"

umoo lang siya habang nakatingin sa may bintana..

"Sorry kung nagustuhan kita ng walang paalam sayo.. Hindi ko lang talaga mapigilan.."

Chapter 16

Nagpanggap na lang ako na kunwari wala akong narinig. hindi ko pupwedeng kalimutan si Niña. May naghihintay sakin. Pagdating namin sa bahay dumeretso na kami sa kanya kanya naming kwarto. Ayaw ko na pagusapan pa yun. Tsaka ko na lang rin ipapaalam sa kanya yung tungkol samin ni Niña. Paghanda na siya, at kung maayos na ang lahat. Sa ngayon, wag muna.

September 24

1st year anniversary namin bukas ni Tofer simula nung kinasal kami sa school. Mag o-overnight sila Carla at Mae dito para tulungan ako

sa plano bukas. Ang sarap talaga magkaroon ng supportive na friends diba? ako sobrang thankful ako sa dalawang asungot ko na yun! Kahit minsan nakakainis yung pagiging tanga nila ...well namin, pero alam niyo yun? Iba yung feeling pag sila yung kasama ko. Wala akong pinoproblema, tapos nadagdagan pa ng Ryan Lee na halos walang kamatayang ututan yung nangyayari! Solve na solve na ko!

Nakaupo si Tofer sa sofa, malamang san pa ba? Pinuntahan ko siya para ipagpaalam na dito matutulog sila Carla at Mae

"Tof, dito matutulog sila Carla and Mae, may gagawin lang kami."

"San sila matutulog?"

"Malamang sa kwarto ko. Pero pwede rin dun sa isang kwarto, pero mas masaya pag isang kwarto lang kame matutulog. Dun na lang sa kwarto ko!"

"O sige, aalis lang ako ha. late na ko sa meeting eh usapan namin 5pm, 5 mins nalang at 5pm na. sige iwan na kita ha."

"Ok, papunta na rin sila dito eh." Habang papalabas na siya ng bahay "dito ka ba mag didinner?"

"hinde." Sabi ko na nga ba eh. Mabuti na yun. Para oorder na lang kami nila Mae ng pagkain.

Nandito na sina Mae at Carla, mga 5:15pm sila nakadating dito sa bahay. Syempre bago namin pagusapan yung plano para bukas, inopen na kaagad nila yung tungkol samin.

"Bianx, ano? Level up na ba kayo? Ano na pagba-"

"Umamin na siya sakin tungkol sa pagpropose niya kay Niña, nasabi ko na rin nakita ko yung issue sa kiss."

"KISS?!" gulat na pagkasabi ni Mae.

"Oo, nakita ko na kiniss siya ni Niña nung hinahanap ko siya para sabihin yung nakuha kong resulta sa UP para mabigla siya, pero ako ata yung nabigla eh.."

"Eh ano sabi niya? Anong sinabi mo?!"

"Wala siyang sinabi, hindi nga nag sorry eh.. pati bakit naman ba kasi siya mag sosorry.. ikaw ba naman ipakasal sa babaeng bobo eh, matuwa ka ba naman nun? Pati sabi ko sa kanya na ok lang yun, matagal nang nangyari yun eh, kaya wala nalang yun."

"Eh gaga ka pala talaga eh! Kulang ka sa umpog! Hinde.. kulang ka na sa utak! Bakit mo kinunsinte yun??"

"Carla ano ba.."

"Hinde Mae, tama naman siya eh, pero sana naman maintindihan niyo na baka pag sinabi ko na iwasan niya na si Niña...."

sigh

"baka kung ano pang masabi niya na masasakit na salita sakin.. tama na yung nararamdaman kong hindi niya ako gusto, pero yung sabihin niya pa, mas masakit un.."

"Tama na nga, mag laro na lang tayo ng patintero sa labas! Sali natin si Ryan, para even!"

"O sige tara!"

Lumabas kami para puntahan si Ryan, sinabi namin sa kanya na gusto naming mag laro ng patintero, aba'y ayaw pumayag! Kunwari pa siya! Hindi lang pala siya marunong maglaro ng patintero! Ang malas naman ni Mae at kakampi niya si Ryan, yan tuloy talo sila palagi! Pag tapos naming mag laro, pinag usapan na namin yung plano ko para bukas.

"Ryan, ano sa tingin mo? Matutuwa kaya siya? Kung ikaw yung susurpresahin ko ng ganun, matutuwa ka ba?"

"Syempre! Kahit lalaki ako, matutuwa ako sa gagawin mo.. kahit naman ata sino matutuwa eh! Basta galingan mo nalang! Ayusin mo, wag ka mag kalat! Baka mamaya magaway na naman kayo eh!"

"Oo nga Bianca! Sana pag hindi niya na appreciate yung ginawa mo hayaan mo na lang siya, wag mo na lang pairalin yung pagiging manok mo!"

"Tama Bianx! Easy lang kasi sa pagiging manok!"

"MANOK!?! PATI KAYO?! KANINO NIYO NA LAMAN YAN?"

98

"Sa kanya!"

sabay tinuro nila si Ryan na nasa gitna nilang dalawa.

"Ikaw ha! para kang si Tito Boy! Wala kang sinisecret kay Cristy Fermin at Kris Aquino!!"

tapos nagtawanan kami.

Hindi namin namalayan na mag 1am na, kaya nag bye na samin si Ryan at umuwi, kaming tatlo naman pumasok na ng bahay,

nagshower na muna sila bago matulog. Ako naman iniintay ko si Tofer dumating. Grabe naman yung meeting na yan! Ang tagal matapos! Mga 1:30am nakatulog na ko sa may sofa.

Jason's house

Grabe, andito pa rin ako sa bahay ni Jason, birthday niya kasi sa 29, Wednesday yun kaya hindi naming macelebrate kaya andito kami umiinom sa bahay nila.

Jason: "Dylan pa chicks ka naman!! Teka, bakit napapadalas kayong magkasama ni Niña? Si Bianca asan? Bakit hindi mo sinama?"

"Ah.. wal-"

"Wala kasing tao sa bahay nila kaya hindi sumama si Bianca. Kami na kasi ni Dylan."

Jason: "ano!? Kayo na???" gulat na sagot ni Jason sa sinabi ni Niña

"Ha? Ah.. Oo, three months na.."

Jason: "!@#$ ka ba! Eh pano si Bianca?" bulong niya sakin

"Ganun pa rin."

Jason: "Hindi mo ba talaga siya kayang magustuhan?"

"Jason akala ko ba nasa side kita? Ano yang pinagtatatanong mo?"

Jason: "Ah. Oo naman. Joke lang yun! hehehe!" ang plastik talaga nito ni Jason! Alam ko naman na seryoso yung tanong niya eh!

Mga 3 na natapos yung party. Hinatid ko si Niña sa bahay nila, nagkwentuhan kami saglit.. andami ko pa palang hindi alam tungkol sa kanya, pero siya andami niyang alam tungkol sakin.. Birthday niya pala ngayon. September 25. birthday niya ngayon. Niyaya niya ako bukas umalis, gusto niya raw masolo niya ako. Ano pa ba magagawa ko? Edi syempre, pumayag ako sa gusto niya..

Pagkauwi ko sa bahay, nakita ko si Bianca natutulog na naman sa sofa. Grabe talaga siya, kung san san siya nakakatulog, ano ba lahi nito?! May lahing aso kaya to? kung san san nakakatulog eh.

Pero pinabayaan ko na lang siya dun. Para isipin niya na wala akong pakialam sa kanya.

Chapter 17

September 25

"10:30 am na pala.. Umaga na! sa sofa pala ko nakatulog.. anong oras kaya umuwi si Tofer? Siguro late na.. hindi manlang siya nagabalang gisingin ako para lumipat sa ako sa kwarto.. pero teka! Anniversary naming ngayon!"

Pumunta ko sa may kwarto ko, pag tingin ko tulog pa sila Mae, grabe mga batugan talaga! Mantika kung matulog! Lumabas na

lang ulit ako ng kwarto para tawagan sila Mommy, pero pag labas ko andun na si Tofer, nakabihis.

"Huy!! Goodmorning!!!" masaya kong bati sa kanya.

"Gising ka na pala. Teka, aso ka ba? Bakit kung san san ka na lang nakakatulog?"

"Tss. Teka, san ka pupunta? Bakit nakabihis ka?"

"Ahh.. oo nga pala, pupunta akong mall. May bibilhin lang ako. Pati may meeting kami ng mga 4."

"Mall? ~wow! Bibilhan niya kaya ako ng regalo? sweet naman pala siya kahit papaano eh..~ anong oras ka babalik?"

"Pagtapos." Tapos lumabas na siya ng pinto.

Mga 12 nagising sina Mae at Carla. Ang batugan talaga ng mag to! Nagluto kami at inayos na namin yung buong bahay, para pag dating ni Tofer handa na ang lahat.

Niña's house

"Niña, nandito na ko sa labas ng bahay niyo. Labas ka na!"

Lumabas na si Niña at pumasok ng kotse.

"Town tayo?" tanong ko sa kanya

"hmm.. sige!" tapos humalik siya sa pisngi ko.

"Happy Birthday Nins..." at nag drive na ako papunta ng alabang.

Hindi ako mapakali nung mga oras na yun. Lalo na nung nasa mall na kami. Feeling ko may mali. May dapat akong gawin pero hindi ko alam kung ano. Siguro masyado lang ako nahawa sa mga kabaliwan ni Bianca! Wala to. tuloy pa rin kami sa pagiikot ni Niña sa mall.

Bianx and Dylan's house

"Bianx! Ok na ang lahat. si Dylan na lang ang kulang. Kaya ikaw maligo ka ha? magkuskos ka ng libag! Tagalan mo naman sa banyo!"

"Sira ka ka!! Mukha baa kong libagin? Oo na po!! Uuwi na ba kayo? Hindi niyo man lang kami sasabayan mag dinner?"

"Eh sira palaga yang tuktok mo eh!! Nakita mo na ba yung ayos ng lamesa?? Pang dalawang tao lang yun! And malamang kayong dalawa lang dapat yung mag celebrate. Araw niyo to noh!"

"Oo nga pala.. oh sige! Tatawagan ko na lang kayo bukas!"

"Uy I like that! Chismax ha!!"

"Chismosa ka talaga ever!! Oo na, basta mag speaker na lang kayo! ayoko na ulit ulitin eh! "

"O sige, mauna na kami ni Mae. Dyan ka na lang. wag mo na kami hatid."

Umalis na nga sila. 5:00 pm na, nakaligo na ako at lahat. pero wala pa ring Tofer. Siguro kelangan ko na siyang itext.

/ 98

To: +639178**2025

Tof, uwi ka kagad ha. aftr ng miting uwi na..ok lng? my papakta kc ko syo..ü

Ayun. Tinext ko na naman siya. Pag hindi siya nagreply or tumawag ibig sabihin hindi ko na dapat siya hintayin.

Dylan and Niña at ATC

"Nins, talikod ka titingnan ko buhok mo kung magulo."

Tumalikod siya gaya ng sinabi ko.. nilabas ko yung necklace na may nakasabit na bilog at isinuot ko sa kanya

"Happy birthday.."

"aww.. thank you Dylan, laki ko tong isusuot! Promise! I love you Dylan.."

"Tara na, kelangan ko na umuwi, baka kasi pumunta sila Mommy sa bahay eh.."

"Oo nga pala. Ngayon yung anniversary niyo ni Bianca.."

"Huh? 25?"

"Oo, yung time na iniwan kita sa labas nung gym.. birthday ko yun eh.."

flashback

"Ano to..? akala ko ba...gusto mo ba siya?"

"Wag ka magalala. Wala lang to.."

"Kaya mo ba sinabing baka yun na yung last time na mag popropose ka saakin?"

"Bakit hindi mo.. Sorry. Kelangan ko na umuwi."

end

"ahh.. sorry, hindi ko alam eh.."

"Ok lang, tara na. baka mainip sila tita eh"

Hinatid ko siya sa bahay nila. Pauwi na ko ng nakita kong may nag text sakin si Bianca..

From: Chicken Little.Ü

+639178**2520

Tof, uwi ka kagad ha. aftr ng miting uwi na..ok lng? my papakta kc ko syo..ü

"Ano nanaman kaya ipapakita nito? Kahit kelan wrong timing siya."

"He is so not coming home.. late na naman yun for sure.. Bakit kelangan ako na lang lagi maghihintay? Why couldn't it be him? Couldn't he wait for me just once and prove to me that he is worth loving for.. I have been waiting here, for the Nth time. Should I let it pass? Must I be the one who's suffering? Is this God's plan for me.. to be in misery? He totally forgot that it's our anniversary today.. sabagay.. sabi nga naman niya.. kasal kasalan lang kami.."

7:12 pm na. I'm just wasting my time. Ayoko na dito. Kelangan ko ng umalis. Hindi ko alam kung san ako pupunta pero kelangan ko na talaga umalis.

7:30 pm ng nakadating si Dylan sa bahay. Nakita niya yung buong place. Ibang iba kesa sa setup ng birthday niya.. mas.. maganda.. maayos.. ang ganda ng ambiance.

"Eto ba yung sinasabi niyang ipapakita niya sakin.. ano nga bang meron ulit.."

tiningnan ko yung cake na nasa ibabaw ng table

"Happy Anniversary Goat... GOAT?! Sira to ha. pero ang sweet niya talaga. Gusto niya talaga akong surpresahin tuwing may okasyon.. may mga lobo pa! sira talaga to! isip bata talaga kahit kelan! pero good job.. hindi niya ko binigo. asan na kaya siya?"

hinanap ko siya sa loob ng bahay pero wala siya. Saan kaya siya nag punta? Naglasing nanaman kaya?

"Anniversary.. anniversary.. san kaya siya pupunta.."

Pinatay ko na yung mga kandila at nilagay sa ref yung mga pagkain. Tumakbo ako sa may kotse at umalis na ng QC.

"Kelangan maunahan ko siya dun."

**Tonight it's been a year

we met each other here

Here I am all alone

as thoughts of you go on

"Welcome back Bianx! Andito ka na ulit sa lugar na to.. kung san mo siya unang nakilala at kung san kayo kinasal *sigh* kasalan."

Naglakad lakad ako sa lugar na to kung saan ako lumaki.

Oo. Andito ko sa school namin.. nagikot ikot ako.. nagpunta ko sa gradeschool kung saan ko siya unang nakita, kung san ko siya unang nakitang ngumiti..

Hear me cryin' out to you

you said, "Never, never would I leave"

Here's a tear from me to you

and maybe it will make you hear me

Pinuntahan ko rin ang school lounge.. kung san ko siya pinagmamasdan ngumiti at tumawa habang nasa malayo ako.. kuntento na ko kahit ganito ako palagi..

I loved you

You didn't feel the same

Though we're apart

You're in my heart

Give me one more chance to

Make it real

Nagpunta rin ako sa may music room.. kung saan siya nagpropose kay Niña.. iniisip ko kung ano yung mafifeel ko kung ako mismo yung nakakita pati nakarinig nun. Wag niyo na isipin pa kung anong mararamdaman ko nun. Masakit. Alam niyo yung tipong parang tinutusok yung puso niyo? Ganun.

In a dream you are here

You smile and hold me near

And in my heart I'll pretend

that you are here again

Makakalimutan ko bang puntahan yung east wing? Kung saan ako nagtapat kay Tofer.. kung saan tiningnan niya lang ako at sinabing "ayoko sa babaeng bobo." Yung lugar kung saan biglang gumuho yung mundo ko...

Hear me cryin' out to you

You said, "Never, never would I leave"

Here's a tear from me to you

and maybe it will make you hear me

At syempre.. makakalimutan ko ba itong lugar na to? yung lugar kung saan nangyari ang lahat? yung lugar kung nasaan ako ngayon.. ang gym.. siguro dapat gumawa na lang kami ng vows para mas sincere yung wedding.. pero hindi naman namin alam na ganun yung mangyayari, na susurpresahin nila kami.. pero infairness. Ang saya ko nun.. kahit na sinabi niyang kasal kasalan lang yun.. *sigh* napapangiti parin ako everytime na naaalala ko yun.. 1 year nang nakalipas yung kasal kasalan na yun.. pero natutuwa pa rin ako..

/ 98

I loved you

You didn't feel the same

Though we're apart

You're in my heart

Give me one more chance to

Make it real

Umakyat ako sa stage.. nalala ko na naman yun.. parang kelan lang yun nangyari..

"Kung ikakasal ulit kami.. eto na lang ang sasabihin ko sa kanya.." clears throat

"Tofer.. can you give me one more chance to make it real..?

Chapter 18

Sa sobrang depressed ko, hindi ko na napigilan umiyak nung time na yun. Nandun lang ako, nakaluhod sa gym. Sana kahit papaano bigyan niya ako ng halaga..

"bakit ka ba ganito sakin.. bakit sakin ka nagagalit.. sobrang ayaw mo ba sakin kaya mo ko pinagmumukhang tanga?! kasalanan ko ba to.. kung ayaw mo naman talaga, maghiwalay na lang tayo.. habang

naghihintay ako, lumalayo ka lalo.." sorry. hindi ko talaga mapigilan ang pagiyak ko.

~ganun pala yung tingin niya.. ganun ba ako naging masama sa kanya? akala ko ok lang sa kanya.. give me one more chance to make it real..? ~

"Bianx!"

"si Tofer ba yun.. hinde.. nananaginip lang ako wala siya dito." Lumingon ako para i-check kung siya nga talaga yun, baka isa nanaman ita so mga kahibangan ko.

Grabe, hindi ako makapaniwala, nananaginip na naman ata ako! Pano..

"Pano mo.. pano mo nalaman na nandito ako..?"

papalapit siya ng papalapit sakin..

lumuhod siya at tiningnan ako sa mga mata

~ang nako! baka napansin niya na umiyak ako!~ agadagad akong nagpunas ng mukha.

ngumiti lang siya at sinabing..

"Syempre asawa kita eh. Pati dito sa lugar na to nangyari ang lahat diba?"

tapos hinawakan niya ko sa balikat ko

"Tara uwi na tayo, may binili akong bagong DVD panoorin natin.." tinanggal ko yung hawak niya saking balikat.

"Sige.. umuwi ka na.. sa alabang ako matutulog ngayon.." napatingin siya sakin

tinulungan niya akong tumayo

"Sige dun na tayo tumuloy."

"Hinde, umuwi ka na. hindi ko kayang makita ka ngayon."

Naglakad ako papalabas ng gym

"Ang kapal naman ng mukha niya, hindi niya pa rin alam na anniversary namin ngayon! tapos gusto niya pa sumama sakin sa alabang.. naaaaaaakkkkkoo!! nakakagigil ka!!! Titirisin na kita dyan eh!"

"Nagsasalita ka na naman mag isa dyan! Tara, hahatid na kita sa alabang gabi na eh."

Nagulat ako dahil nasa tabi ko na pala siya, o baka masyado lang malakas yung pagkasabi ko nun?

"KABUTI KA BA?! BIGLABIGLA KANG SUMUSULPOT EH!" natawa na lang siya at hinawakan niya yung kamay ko tapos sabay hila papaunta sa may kotse.

Umulan pala kaya niya ko biglang hinatak. Tahimik lang kami sa kotse, nakakabingi na nga eh, gusto ko mag salita pero pinipigilan ko. Gusto ko siyang tanungin ng mga oras na yun.. kung bakit hindi siya kagad umuwi, kung sino kasama niya, kung anong nangyari, kung bakit niya nakalimutan itong araw na to.. pero hindi ko kaya.

napatingin ako sa kanya

~ok lang ba sayo na mahalin kita habang buhay? Eh kung makipag hiwalay ako sayo.. pipigilan mo ba ako..? ~

May pumipigil sakin itanong ang mga yan. Mga katanungan na pag sinagot niya, baka masaktan lang ako.

~Bianca.. hindi ako galit sayo.. sana maintindihan mo yun.. masyado lang ako naguguluhan.. pero promise, pag maayos na ang lahat, ipapaalam ko sayo.. ~

Nandito na kami sa Alabang. Hindi ako niya kinausap buong byahe namin dito. Dumeretso kagad siya pag pasok ng bahay. Ako nag dadalawang isip kung dito na rin ako matutulog. Pero lumabas si Mommy at sinabing dito na rin daw ako magpalipas ng gabi.

Pagpasok ko sa loob nasa kwarto na raw si Bianca, masama raw yung pakiramdam.

Mommy Kristy: "Dylan, ano nangyari kay Bianca? Inaway mo ba? Aba! Sabi niya sakin ngayon daw yung anniversary niyo at maghahanda siya."

"Tumawag siya dito?"

Mommy Kristy: "Oo, hindi niya ba nasabi? Ay oo nga pala, wala sila Larry at Mar dito ngayon. Pumunta sila sa batangas kasi yung rest house natin dun inayos nila."

"Ah ganun ba. Sige po ma puntahan ko lang si Bianca."

Mommy Kristy: "Oh sige.."

Papaakyat na ko ng hagdanan

Mommy Kristy: "Dylan, alam kong labag sayo lahat ng nangyari last year.. wala na tayong magagawa dun. Pero sana kahit papaano.. pahalagahan mo siya.."

98

~bakit niya kaya sinabi yun sakin.. may alam ba siya?~

Umakyat na ako pagtapos mag salita ni mommy. Pumunta ako sa kwarto ni Bianca. Medyo nakabukas yung pinto, sinilip ko muna siya kung gising pa siya..

"..thank you sa pagtulong sakin ha.. mga 6 na siya na ka uwi.. masaya nga siya sa nakita niya eh.. syempre kung hindi niyo ko tinulungan hindi mangyayari lahat ng ito.."

bigla siyang umiyak habang may kausap siya sa telepono. Nagsinungaling siya, sinabi niya na nakapagcelebrate pa kami kahit hindi.. ganun ba talaga kahalaga ang anniversary?

"ano ka ba! Masyado lang akong masaya kasi nakasama ko siyang magdinner, tapos nandito kami sa bahay nila sa Alabang.. tapos kausap ko pa kayo.. miss ko na kayo... sana sa UST na lang ako nag

aral, tapos dyan din ako sa apartment niyo.. siguro mas masaya ako.. o sige na bye na. matutulog na ko eh."

Binaba niya yung phone at yinakap niya yung unan.. umiyak ulit siya.

~bakit kelangan niya pang magsinungaling? Kakausapin ko na lang siya.. sasabihin ko na yung tunay kong nararamdaman.. ~

"Bianx?"

Hindi siya sumagot.

"Papasok ako ha.."

Pagpasok ko tulog na siya. Ang gulo. Kanina umiiyak siya tapos ngayon tulog na. Napagod siguro siya. Pero hindi ako lumabas ng kwarto niya,umupo ako sa tabi niya sa kama. Pinagmamasdan ko siya matulog. Kahit pala sa pagtulog niya, umiiyak pa rin siya..

Hinawakan ko kamay niya at kinausap ko siya..

"Bianx, hindi ako galit sayo, at lalong lalo na hindi kita sinisise.. sa totoo nga gusto kitang alagaan eh. Pero naguguluhan pa ko.. sorry ha.." bakit ganun.. hindi pa rin tumitigil yung pagpatak ng luha niya

"ano ba to, tulog ka na nga tapos umiiyak ka pa, eto naman ako kinakausap yung tulog.. pareho na tayong may diperensya.. alam mo masaya ako pag kasama kita, kahit na madalas tayong magtalo kahit mababaw yung dahilan masaya ako.. hindi ibig sabihin nun hindi kita gusto.. sa totoo lang nalilito na ako eh.. talo na ko.. pero Bianx.. Wag mo kong iwan ha.."

ngumiti ako at pinunasan yung luha niya

"silence means yes.. sorry rin kung parang ang bading ko, hindi ko masabi sayo ng gising tong mga to.. basta dadating yung time na makakayanan kong magsalita ng ikatutuwa mo.. sige, lalabas na ko ha.. goodnight Bianx."

bago ako lumabas ng kwarto niya, yumuko ako..

at kiniss siya sa lips niya.

Hindi alam ni Dylan na nakita siya ng mom niya. Dahil sa tuwa ng mom niya, kinuha niya yung cellphone niya at kinunan sila ng video. Sakto pa sa part kung san kiniss niya si Bianx sa lips. Tapos bigla siyang tumakbo dahil tumayo na si Dylan.

Kinabukasan...

Sa may living room nakita ni Dylan si Bianca nakaupo nakatitig sa cellphone niya.

"Bianx?" tumingin lang siya kay Dylan. "wala lang.. goodmorning! Tara uwi na tayo?"

"Sige mauna ka na, tinatamad pa ko gumalaw eh. Pati nakikita mo bang hindi pa ko naliligo? Pwede konting konsiderasyon?!" umupo si Dylan sa tabi niya.

"Sungit mo naman, meron ka noh?? sorry nga pala kagabi.."

"WALA! Tss. Ano pa ba magagawa ko? Haaay. Ang boring mo kausap! Walang kasense sense! Sige, pupuntahan ko na lang si Kris." Tumayo siya at umakyat ng kwarto "mas ok pa yun kausap eh!"

nagulat si Dylan at napatingin kay Bianca.

"Loko yun ah!"

Pumasok si Bianca sa kwarto nila Kris para kausapin siya.

"Kris, anong ginagawa mo?"

"hindi mo ba nakikita? Nagbabasa ng magazine."

"Ahh oo nga noh. Pwede ba tayong magusap?"

"Ano ka ba?! Hindi pa ba tayo naguusap? Ate Bianca konting isip naman!"

"Aba tinawag mo akong ate!! Pahug nga.. feeling ko kasi mamaya sasama ulit pakiramdam ko eh.."

humarap si Kris kay Bianca.

"Ayaw mo? Pwede ko ulit gawing Bianca."

"Hinde!! Gusto ko nga yun eh! Pahug na.. hug hug hug.." hinug ni Bianca si Kris at pumayag naman siya.

"May problema ka ba? May bagsak ka noh??? Lagot ka!!"

Ngumiti lang si Bianca

"Kris sorry ha, kung bobo ako, kung ayaw mo ko para sa kuya mo, kung pumayag akong pakasalan ko yung kuya mo.. wag ka mag alala 2 years lang naman kami tatagal eh, so isang taon na lang maghihiwalay na kami.."

nagulat si Kris sa mga sinasabi ni Bianca, hindi niya aakalain na magsosorry siya sakanya kahit wala naman dapat ika-sorry.

"sa totoo lang nahihirapan na rin ako.. ako yung laging naghahabol, nagiintay, pati ako lang yung nagmamahal.."

tahimik lang si Kris at nakikita niyang umiiyak na si Bianca.

"Mahal ko siya eh.. Kris mahala na mahal ko siya.. *sniffsniff* hindi ko na alam ang gagawin ko.. sa sobrang pagmamahal ko sa kanya.. hindi ko na alam kung mabubuhay pa ko ng wala siya.."

"WALA KA TALAGANG KWENTA!!!

Ate.. kahit bata ako, naiintindihan kita. Bakit ka pumayag na 2 years lang? akala ko ba gusto mo siya? Pati hindi na ako galit sayo.. nakita ko kasi kung pano mo siya tratuhin, kahit nung lumipat na kayo ng bahay hindi mo siya sinuko."

"Thank you ha.. Pero ako yung nagsabing 2 years lang.. ayoko naman patagalin pa yung pagtiis niya sakin. Alam mo Kris.. mahal na mahal ko talaga kuya mo, hindi ko alam kung anong gagawin ko pag nawala siya sakin.. pero I know eventually he'll leave me.."

"Ate..

English yung dulo.. buti hindi dumugo ilong mo.."

Chapter 19

natawa sila pareho sa sinabi ni Kris.

"Sira, ubos na nga prepaid ko sa English eh! Halika pahug ulit.." at nag hug na naman sila. "wag mo to sasabihin sa kuya mo ha,secret na lang natin to.." nag nod si Kris.

Mga 3:00 pm umuwi sila Bianca. Buong biyahe ulit walang nagsasalita. Ayan na naman yung nakakabinging katahimikan. Maya maya may nagtext kay Bianca

From: Ry-unggoy.Ö

Hoooooooy! Wru?? Mis na kta. ^_^ Pmnta k knina sa bhay nyo pro wlang tao.

To: +639178**9663

Oi panget! Mis na rin kta..^^, I hav kwnto! Sa alabng kme natulog ni goatie e. jn ako papababa a! intay mko sa tpat ng bhay mo. Owk? ^_^

From: Ry-unggoy.Ö

Owk! ^__^ il w8 for u.ü kahit gano ka tagal.. iintayin kita..ü

"Sino katext mo?" tanong ni Dylan kay Bianca.

"Ah, si Ryan. Hehe! Ay dun mo pala ko baba sa kanila ha!! chismax eh!"

hindi sumagot si Dylan at pag dating sa village nila dun nga binaba ni Dylan si Bianca.

~ano kaya paguusapan nitong dalawa..baba nga rin ako. ~

"RYYYYYYY!!!!!!!!!!"

pabukas na ng pinto si Dylan

tumakbo si Bianca tapos hinug si Ryan.

"ABA LOKO TO HA!!!!" sinara ulit ni Dylan yung pinto at nagpatakbo ng mabilis. Umalis siya ng hindi nag papaalam.

"Uy baka nag selos!! Hahaha!! Sira ka talaga!"

"Pinagintay niya ko eh.. binaliwala niya lahat ng ginawa ko.. Pati ba't naman yun mag seselos satin? May something ba? Wala naman diba?"

"Sabagay.. ~mahal lang namna kita.. ~ Wag mo na nga isipin yun! Tara pasok tyo! Laro na lang tyo ps2!"

ngumiti si Bianca tapos hinatak niya si ryan papasok ng bahay.

"Kalohohan!!! Bakit niyakap niya yun? Baka mamaya may something na yung dalawang yun! Bestfriend ko pa naman din si Ryan!! Makapag internet na nga lang!!"

binuksan niya yung laptop at naginternet.

"download na nga lang ng kanta, baka mamaya sabihan na naman akong baduy ni Bianca! Peste talaga yun!"

Nagcheck ako ng ng friendster. Tiningnan ko yung profile ni Bianca

Status niya.. it's complicated?! Aba! Bakit kaya hindi married nilagay niya?!

About Me:

If in this lifetime, I wont get to have you, I'll make sure that if I meet you in my next life I wont have to think twice on saying that "I've waited a lifetime to say I love you.."

Faith in Fate...

~faith in fate..~

Who I want to meet:

SY => Tell me how you admire me. When I'm upset, hold me tight. PICK ME OVER all the girls you hang out with. Play with my hair. Pick me up, tickle me and wrestle with me. Just talk to me. Tell me jokes. Bring me flowers just because. Hold my hand and run. Just hold my hand ... let me fall asleep in your arms. Tell me I look beautiful. Look into my eyes and smile. Kiss me on my forehead . Kiss me in the rain. If you want to be with me.. TELL ME..

~Ayan na naman si SY!!! Ano niya ba yun?! Boyfriend? Sino ba si SY? Anong school nun.. kilala ko ba yun? Si Ryan kaya kilala yun?!~

"Baka si Ryan si SY.."

Habang nasa bahay nila ryan..

"Ryan, wala bang nakukwento si Tofer sayo?"

~alam na niya kaya? Ano ng gagawin ko!!~ "ha? tungkol san naman?"

"Ewan ko, tungkol sa...TALO KA! Panis!!"

"Pakyu! Ang daya mo eh!! Dinadaldal mo ko!!"

"Tss! Ako pa madaya!? Talo ka lang eh! Kanina pa nga kita natatalo eh ano kayang madaya dun? Ay. Parang gusto ko mag beach.. tumawag kasi si Papa nasa rest house daw sila nila Daddy Mar sa batangas eh.."

"Ako rin!! Gusto ko rin mag beach!! Oo meron silang bahay dun, yung amin kasi resort eh, ano tara? Sa sembreak!! Yayain natin sila Carla at Mae!"

"O sige sige! Sasabihin ko rin yan kay Dylan baka kasi magalit pag hindi ko sinama, pati baka alam mo na.. mag loko!"

"Hahaha.. ~baliw nag loloko na yun kahit kasama mo siya.~ Ang sama mo talaga mag isip! Sige sabihin natin.. ano ba yan!! September pa lang eh! Mag fa-finals pa nga lang eh!"

"oo nga noh, o sige! Tara mag simba tayo! Para naman matuwa sakin si Lord! At para mabiyayaan ako ng magagandang grades ngayong sem!"

"O sige. Pero baka naman masunog ka dun ha!"

"Baka ikaw!! Makasalanan ka eh!!"

Nagsimba kami ni Ryan sa may Ateneo. Pagtapos ng misa hinatid niya ako sa bahay. Si Tofer hindi ako kinausap pag dating ko, busy sa pag iinternet! Lumapit ako sa kanya..

"Kumain ka na ba? Sorry kung ngayon lang ako nakauwi. Nagsimba kami ni Ryan eh. Anong gusto mong ulam?"

"Ganun ba, hindi pa ako kumakain. Kahit ano na lang lutuin mo."

"Ha?" (nagpepretend hindi narinig)

"Kahit ano.."

"HA?!" (again.. see? basta joke dapat to.)

"KAHI--

"HOTDOG!!!" tumingin siya sakin ng masama "Joke lang! hehe! Spam?"

"Ang baduy mo!! Magluto ka na!"

"Tss. Cute nga eh."

Ano ba yan! Bakit naman kasi hindi siya marunong mag luto! Kung hindi hotdog, egg, kung hindi naman egg, bacon! Madals delata rin kami! Ano ba yan! Lagi kaming breakfast! Pero pag ako naman yung nagluluto wala daw lasa.. kung magkakalasa naman sobra sobra!

Habang kumakain naguusap kami

"kamusta na grades mo? Ok na naman ba?"

"oo naman! Syempre tinutulungan ako ng aking pinaka mamahal na kaibigan eh!"

napahinto ako sa pagkain at napatingin sakanya

"Kaibigan? Sino?"

"Si Ryan! Pati yung kaklase namin sa math yung gwapo! Ano nga ba pangalan nun.... *thinks* AH! Nathan!"

Chapter 20

Gwapo? May gwapo pa pala tong kaklase? Aba. Tumitingin pala to sa gwapo! Kapal ng mukha nito ha!

"Nathan?"

"Oo, dati hindi ako pinapansin nun eh! Pero ngayon kinukulit na ako, ewan ko ba!" tinuloy niya yung pagkain niya.

"Alam ba nun na may asawa ka na?" napahinto siya sa pag nguya at tumingin sakin

"Siguro, suot ko naman lagi yung-" napatingin siya sa daliri ko

~bakit hindi niya suot yung singsing.. hindi niya ba yun sinusuot..~

"Anong lagi mong suot?" yumuko siya at tinuloy ang pagkain.

"Yung wedding ring. Hindi mo ba talaga sinusuot yung wedding ring mo..?"

iiwasan ko yung tanong niya. baka sakaling makalimutan niya.

"Ah yun ba... Eh ano sinasabi sayo nung Nathan?"

"Hindi mo sinagot yung tanong ko. Nasan yung wedding ring mo?"

ok, hindi niya nakalimutan.

"Hindi na mahalaga yun." Tumayo siya at dinala yung pagkain niya sa may lababo

"Tapos na kong kumain, ikaw na maghugas. Matutulog na ko."

Bago pa ko makapagsalita tumakbo na siya papunta ng kwarto niya at sinalpak yung pinto. Hindi niya pala napapansin na hindi ko sinusuot yung wedding ring namin, akala ko alam niya pero hindi niya lang pinapansin.. mali pala ako.

Sa totoo lang yung singsing na yun.. yun yung bilog sa necklace na binigay ko kay Niña. Nakakahiya naman kung babawiin ko pa. Pero magagalit naman sa akin si Bianca pag hindi ko nabawi yun.

Fourth day na to simula nung nag talo kami. Ano ba to. nabibingi na ko sa bahay na to. masyadong tahimik! Hindi pa rin kami nagkikibuan ni Bianca.. bakit ba galit na galit siya ng dahil lang sa singsing!? Ano ba meron dun?!

"Bianx, we need to talk."

Tumingin lang siya sakin.

"Why are you so mad at me?! What did I do!?"

"Hindi mo alam?! Pwedeng paki tingnan yung daliri mo? Asan na yung wedding ring mo??"

"Dahil dun nagagalit ka na?! what's so special about that ring?!"

TELL ME I DID NOT SAY THAT!

"What do you mean?! Mababaw ako?? That was our wedding ring.." yumuko siya bigla at bumulong "parang hindi mo ko tinetreasure.."

"Ano? Bakit ka ba bumubulong!? Ok ok. Look, I'm sorry. Bibili na lang ako ng bago.. sorry talaga."

"hinde.. wag na.. ok lang.. sige matutulog na ko."

Pumasok na siya ng kwarto niya. As usual nagsuksok lang yun ng iPOD sa tenga niya.

[this will be bianca's point of view.]

Pagtapos nung araw na yun medyo nagpapansinan na kami. Pero hindi tulad nung dati na lagi ko siyang kinikulit.. October na. Matatapos na 2nd sem. Haay. Friday na naman. Sinabay ako ni Ryan sa pagpasok, unang subject namin ngayon - MATH! Badtrip. Bakit kasi kelangan pa ng math eh! Ayan tuloy na iistress ako! Sa classroom lagi kaming magkatabi ni Ryan, kaya tuloy napag kakamalan kaming "kami".

Jerome: "Lovebirds! May gagawin kayo mamaya? May meeting tayo sa library para sa project natin ha!"

"PAKYU ANONG LOVEBIRDS!?"

Sabay tumawa silang lahat.

Amy: "Sabay pa talaga kayo ha! ano ba yan! May pagnanasa pa naman din ako sayo Ryan, pero may Bianca ka na pala.."

tumawa ulit sila

"Sira kayo! Asawa yan ng bestfriend ko! Manahimik nga kayo!!"

nagulat sila at natahimik nung pagsabi ni Ryan na may asawa na ko. Napatingin silang lahat sakin. RYAN NAPALAKAS!!!

Jerome: "May asawa ka na!?"

"Ha!? Asawa? Ahh.. ehh.. hehe.."

tinaas ko yung kamay ko at pinakita yung singsing

"One year na kami nung September 25 eh.. hehehe"

Mitch: "Sino yung asawa mo?? Taga UP din ba!?"

biglang dumating yung Prof kaya tumahimik kaming lahat

"Ok class, ibibigay ko lang 'tong mga papers para alam niyo yung gagawin sa project. And by the way, yan na rin pala yung exam niyo for this class. Wala na bang tanong? Good. You may go."

Hindi parin umaalis yung mga kaklase namin kasi gusto nila malaman kung sino yung "asawa" ko.

Amy: "Jeezaz! May asawa ka na?! Bakit?! Nabuntis ka ba?? Bianx patingin na ng pic nung lalaki!"

"Ha.. Teka."

Kinuha ko yung cellphone ko at pinakita ko yung picture namin na nasa cable car kami

"Eto siya oh.."

Mitch and Amy: "Ang gwapo niya!"

"Wala kaming anak. Kontrata lang yan. Wag kayong maingay ha!! Secret lang to!"

Mayamaya may biglng pumasok ng classroom si Nathan.

"Wala pa ba yung prof.? o wala ng class? Late na ba ako? Hi Bianca.. "

Jerome: "Wala ng class Nathan, may meeting tayo mamaya ha!"

"O sige, basketball lang ako ha! Sige Bianx, kita na lang tayo later ha!" lumabas na siya ng classroom.

Amy: "Ayos ha! trip ka ata ni Nathan! Ang gugwapo naman ng nakapaligid sayo!"

"Sapakin ko kaya yun? Pa Hi Bianx hi Bianx pa siya dyan!"

"Uuuy! Selos si Ryan!!" tumawa kaming lahat pagsabi ko nun

"Sumbong kaya kita kay Dylan?!"

"Ok lang.. gwapo naman si Nathan eh.. pati hindi yun seloso noh!"

Bumulong si Ryan..

"Kung siya hinde..ako oo.."

Mitch: "May sinasabi ka ba Ry?"

"Ha?! wala, tara kain tayo ice cream!"

"Ang weird mo! Ice cream ang aga aga! Pero sige! Libre mo kami ha!"

"Mukha ka talagang libre kahit kelan! Oo na ako na manlilibre! Tara na groupmates!"

Chapter 21

Pagtapos ng 10:30-12:00 na class namin, dumeretso na kami ni Ryan sa library para sa meeting. Grabe. I must say na talagang mapagkakamalan kami ni Ryan na "lovers" isipin niyo, classmates kami sa halos lahat ng subjects namin.. tapos minsan siya kasabay ko papunta at pauwi! Pag si Dylan naman yung nag hahatid parang wala lang.. parang driver ko lang.. hehe!

"HOOOY! AMY!"

"SSHHH!" sabi ng mga tao sa library.

Ngumiti lang ako sa kanila hehe!

Napalakas ata sabi ko ng 'HOY AMY'

Amy: "Si Nathan na lang iniintay natin, asan na ba kasi yun?"

"Alam niya ba kung saan yung meeting?"

1 message

received

From: +639199**6283

Bianx!Ü san ka?Ü miss na kta..Ü

Jerome: "Ay bobo! Nakalimutan kong sabihin kung saan!"

To: +9199**6283

Hus ds?

"Palpak ka talaga Jerome! Sige magstart na tayo para pag dating niya, i-explain na lang natin kung ano share niya."

1 message

received

From: +639199**6283

Nathan Dizon

"Eto na si Nathan! Nagtext sa akin!"

Napatingin si Ryan sakin. Nagulat ata nung sinabing ka text ko si Nathan.

~ayos tong si Nathan ah!! Bilis tumactics! Baldaduhin ko kaya..~

To: +63919**6283

Oi pogi!Ü D2 kme lib. May miting kya tyo!

From: Nathan Dizon

Ok, tabi tyo ha, sve mo k ng seat.Ü

After 5 minutes dumating na si Nathan. Syempre tumabi siya sakin.

So and sitting arrangement namin:

RYAN-BIANCA-NATHAN

Jerome-Amy--Mitch

Habang nag mimeeting, pasimple akong tumitingin kay Nathan.. ~Ang gwapo niya.. kahit kaka basketball niya lang ang gwapo niya parin. Tipong pwede na kong matunaw titigan niya lang ako. Oops. Im married. Sorry. ~ mayamaya, nahuli niya akong tumingin.

Pagtapos ng meeting nagkanya kanya na kami. Wala akong naintindihan sa meeting namin. Jusko po! Pag Math na pinaguusapan natutulog bigla yung utak ko, kaya ayun. Si Ryan na lang raw ang gagawa nung share namin sa project, buti na lang Best in Math siya! Kung hindi lagot na ko nito, sang katutak na pangsabon ang maaabot ko kela Jerome! Alam niyo naman na nag mana ako sa aking pinakamamahal na Daddy! CLASS F PORLAYP!

Si Ryan umalis na, susunduin niya pa kasi yung mom niya. Kaya hindi niya ako nahatid sa bahay. Kaya eto ako mag lalakad pauwi ng bahay..

Habang nag lalakad ako para sumakay ng taxi

"MISS DY!!"

~MISS DY? Baka misis! Sino naman kaya yun..~

Huminto ako at tumingon sa likod ko.

Ang gwapo niya.. para siyang.. ibang nilalang.. ang tangkad niya, maganda eyes niya, matangos ilong, maganda pa buhok..

"Uy Nathan! Bakit?"

"Wala lang. Nakita kasi kitang magisa eh. Asan si Ryan? Uwi ka na ba?"

"Ha? Oo eh! Si Ryan kasi sinundo yung mom niya. Kaya hindi niya ako mahahatid pauwi."

"Ganun ba? Tara! Hatid kita! Saan ka ba nakatira?"

"Sa Loyola Grand Villa.. ikaw?"

Napatigil siya sa paglakad at humarap sakin

GANITO EXPRESSION NIYA ->

"You live there?? Talaga??"

"Oo, bakit?"

"Wala lang. Masama bang magsabi ng talaga??"

~malapit lang kami dun.. hihihi! ~

"Pff. Kala ko pa naman dun ka rin! Sige tara na! kuha na tayo ng taxi."

"Taxi? Hinde, dala ko naman car ng mom ko.. pero mas sweet ata kung mag tataxi tayo.." tapos ngumiti siya sakin

"HINDE! Mahal taxi!! Dun na lang tayo sa car mo! Hehe!"

Pumunta kami sa pinagparkan niya ng car. Toyota vios yung car niya, yun yung gusto ko na car eh.. kaya lang epal gusto ni Dylan CRV kaya ayun. Hindi ako makatanggi!

Pag dating naming sa bahay wala pa si Tofer. Buti na lang dala ko na yung susi, baka mamaya mag hintay na naman ako sa labas ng matagal.

"Wow! You have a nice house. But isn't this too big for one person..?"

~hala! Pano ko kaya sasabihin na dalawa kaming nakatira dito?~

"Pasok ka muna! Wala pa naman yung kasama ko eh.."

"Ahh. May kasama ka pala"

Pumasok kami ng bahay at pinaupo ko muna siya sa may sofa.

"What do you want, juice or soda?"

"Juice na lang."

Pumunta ako sa may kusina para ikuha siya ng cake at juice.

"Oh eto na."

"Thanks. Teka, asan nga pala yung kasama mo? San siya nagaaral?"

"Ah, hindi ko alam dun. Kung san san naman yun nagpupupunta eh! Sa Ateneo siya nag aaral."

"Ahh.. mayaman pala yun eh! Atenista!"

Maya maya tumayo siya, pumunta siya sa may piano at nakita yung picture namin ni Tofer.

"Who's the guy beside you? Is he your brother?" hawak hawak niya yung picture frame at tinuro yung lalaki sa picture.

"Ahh.. yan si S.Y., Dylan tawag sa kanya ng mga tao tao."

"Ahh.. You play the piano?"

"Oo, kaya lang hindi ko yan ginagamit pag andito yung kasama ko.."

"Wala naman siya diba? pwede mo ba kong tugtugan?"

"Wag naaa! nakakahiya eh.."

"Sus! Sige na!! minsan lang eh.. please?"

~argh. Nag pacute pa siya! Nakakabwiset. Kung hindi lang siya gwapo eh!~

"Sige na nga! Isa lang ha!"

"Uhm.. basta tumugtog ka na lang!"

~bakit ganun? Hindi naman kami close ni Nathan pero ang gaan gaan ng loob ko sa kanya.. hindi ko nga kayang tugtugan si Tofer eh tapos siya isang please niya lang gagawin ko na? grabe.~

pumuwesto na ko sa may piano at siya naman nakatingin sakin.

"Game na ha.. hulaan mo to! kakanta ko sa banding huli!"

"Yun! May kanta pa! bonus! Hehe! Game na!"

Tumutugtog lang ako tapos hindi niya pa mahulaan.

"I'm crazy for you, touch me once and you'll know it's true I never wanted anyone like this. It's all brand new. You'll feel it in my kiss, you'll feel it in my kiss because im crazy for you, touch me once and you'll know it's true I never wanted anyone like this it's all brand new you'll feel it in my kiss.. I'm crazy for you.. crazy for you.. crazy for you.. "

Nung tumingin ako sa kanya, nakatitig lang siya sakin tapos naka smile, nakakatuwa naman siya. Parang.... Sana ganun din si Tofer..

"Galing ko noh!? kitang kita sa mukha mo na nagalingan ka sakin!"

"Oo nga eh, ang gusto ko kasi sa babae marunong mag piano.."

"Oh? *giggles* edi gusto mo na ko niyan? Hahaha! " ngumiti lang siya sakin

"Uy Joke lang ha!"

"Ok lang baka nga ganun na nga. Hehe! Tugtog ka pa!"

Maya maya, tinugtog ko naman Bakit Ngayon Ka Lang ng Freestyle.

Hindi alam ni Bianca na nasa labas na si Dylan.

~Sino kaya yung gumagamit ng piano? May bisita kaya si Bianca? ~

Pagpasok niya ng bahay..

"Bakit ngayon ka lang.. dumating sa buhay ko, pilit binubuksan and sarado ko nang puso.. ikaw ba.. ay nararapat sa akin..

"Bianx.."

..at siya ba'y dapat ko nang limu-"

~anong.. anong bakit ngayon ka lang..

~

Napatigil si Bianca sa pagtugtog ng piano at tumayo.

"Tofer, si Nathan.. siya yung sinasabi ko sayo na tumutulong sakin sa math."

"Ikaw yung nasa picture diba? Ikaw yung.. kapatid ni Bianca?"

"Kapatid?" napatingin si Dylan kay Bianca

"Ah Nathan hindi ko siya kapatid.."

Ginagawa ko yung hand gesture na hinde dalawang kamay pa. ok ok I know I'm weird.

"Ah hindi ba? Edi mag pinsan pala kayo?"

"Hindi rin. Bianx hindi mo pa ba nasasabi sa kanya?"

/98

"Hindi pa rin?" napakamot siya ng ulo "Diba siya si es-

"Siya si Dylan." ~es...?? ~

"Nice meeting you pare."

Inabot ni Nathan yung kamay niya para makipag shake hands.

"Dylan nga pala. Nathan, right?" tapos nakipag shakehands si Tofer.

"Magkaano ano ba kayo?"

"Nathan... ano kasi, si Tofer.."

"Tofer? Kala ko ba Dylan?"

Nako baka maweirdohan samin si Nathan! Kung ano ano pa kasi ang tawag namin sa kanya eh. Bakit hindi na lang Dylan ang itawag ko sa kanya!? haay nako.

"Tofer kasi tawag niya sakin." Sabi ni Dylan.

"Ah ganun ba.. so mag kaano ano kayo?"

"Si Tofer kasi ano.. ano ko siya..

kaibigan.."

Chapter 22

Napatingin sakin si Tofer ng sabihin kong kaibigan. Bakit? Sinabi niya rin naman yun kay Niña ha, ang sabi niya pa nga kaibigan lang turingan namin.. ano naman kung sabihin kong kaibigan ko lang siya?

~kaibigan?! ~

"Ahh. Ganun ba? Oh sige, uwi na ko.. baka hinahanap na rin ako samin eh."

Habang papalabas na si Nathan sa pinto lumapit ako sa kanya

"Nathan, gusto mo pumunta sa park? Kwentuhan muna tayo.. boring sa bahay eh."

~ABA! BORING NA NAMAN!? KASAMA NIYA AKO HA!!~

Lumingon sakin si Nathan at ngumiti. Paglabas namin, sumakay kami sa kotse niya at nagpunta sa park.

Sa park nandun lang kami sa may kotse niya, naka upo. Nag kukwentuhan. Ang open niya masyado! Nakaka dalawang girlfriend pa lang siya at yung last niya 2 years yung tagal.

Nagbreak daw sila kasi sabi nung girl "I need time." Kawawa naman yun, walang relos! Bait naman kasi hindi niya niregaluhan! Ako

naman tinatanong niya kung nagka boyfriend na raw ba ako, ang sabi ko?

"Yung guy kanina, si Tofer.. sa totoo lang.."

"Boyfriend mo?"

"Hinde.."

"..."

tumingin ako sa may bintana

"Asawa ko.."

Nagulat siya at napatingin sakin.

"Asawa mo yun? Ilang taon ka na ba?!" ~ouch.. akala ko hindi na ko masasaktan ulit pero.. did I hear it right? Asawa?~

"Nineteen. Legal kami pero para samin kontrata lang yun, 2 years lang itatagal namin.."

"Bakit? Hindi mo ba siya gusto??"

"Gusto.. gustong gusto ko nga siya eh.. *sigh* " naiyak na naman ako. Sa tuwing si Tofer ang pinaguusapan hindi ko mapigilan ang hindi umiyak. "kaya lang siya.. hindi niya ako gusto.."

Hinawakan niya ang kamay ko at pinunasan niya ang mga luha ko.

"Wag kang magalala andito naman ako eh, pwede naman siguro tayong maging magkaibigan diba? ~kaibigan.. sinong niloko mo? Halos magmukha ka ng stalker kakahabol sa kanya eh~ pati yung Ryan, sa tingin ko gusto ka nun!"

ngumiti lang ako sa kanya

"Ano ka ba! Mag bestfriend si Ryan pati si Tofer noh! Wala lang yun, siguro na dala lang ng sobrang pagiging close namin yun!"

"Ganun ba? Pero lagi kayong magkasama eh, mas mapagkakamalan ko pa kayong mag boyfriend!"

~so hindi niya gusto si Ryan? Pero kasal ka parin.. legal pa! how am I suppose to deal with it.. should I just let you go?~

"Ewan ko sayo! Kung sinasapak kaya kita dyan! Gagawan mo pa kami ng issue! Nako! Pag ikaw nag loko tapos gumawa ng issue, ako unang bubugbog sayo! Susunod si Ryan!"

"Opo boss! Tara na nga hatid na kita sainyo at baka hinahanap ka na ng asawa mo!"

"Wala ngang pakialam sakin yun eh. Sige, maglilinis pa kasi kami ng bahay eh, baka mamaya sermonan na naman ako!"

~kahit na kontrata lang yon.. basta kasal kayo.. hindi parin kita kayang kalimutan.. halos nagpursige ako para lang makapag aral sa UP dahil sayo..simula nung makita pa lang kitang nag lalakad sa may village niyo.. pero kelangan kalimutan na kita.. hindi ko man lang masabi na gusto kita.. ~

Hinatid ulit ako ni Nathan sa bahay. Lumabas si Tofer para salubungin ako

"Oh bakit umalis na si Satan?"

Satan ba sinabi ko? Oh baka nabingi lang si Tofer? Ano kaya problema nito.. :-\insecure lagi pag gwapo na kasama ko! Akala ko ba wala naman siyang pakialam sakin.

"HUY! Asan na si Satan?"

"Anong Satan?! NATHAN!"

"Nathan ba? Kala ko Satan. Bakit umalis na siya?"

tingnan mo to! yung itsura niya parang nangaasar talaga na seryoso na ewan! argh!

"Uhh.. iisipin ko ha? uhhmm.. kasi.. KELANGAN NA NIYANG UMUWI?"

"Bakit ang sungit mo!?"

Pumasok na ko ng bahay, binuksan ko yung laptop at in-on ko rin yung speaker. Nagpatugtog ako ng mga bagong download na kanta. Pumasok na rin sa loob si Tofer.

"3 o'clock na! maglinis na tayo ng bahay!"

"Sige, pagtapos kumain tayo sa labas!"

"Hmm... sige! Libre mo?"

"Hinde. Ikaw syempre yung manlilibre!"

"Bahala ka! KKB na lang tayo!!"

Lumapit siya sakin at kinurot yung pisngi ko

"Kuripot talaga baby ko! Pakiss nga ko baby!"

Papalapit na ng papalapit yung mukha niya sa pisngi ko.. OMG SERYOSO SIYA SA KISS!!

"WAAAAAAH!!!"

sinigawan ko siya heeheehee!

"Tsss.. baby.. pakiss.. sapak gusto mo? maglinis ka na nga lang!!"

Maya maya may kakaibang tugtog sa playlist ko

"Zhi pa wo zi ji hui ai shang ni / Ye xu you tian hui qing bu zi jin / Xiang nian zhi rang zi ji ku le zi ji / Ai shang ni shi wo qing fei de yi!!"

Napatigil siya sa pagwawalis ng floor at napatingin sakin. Ano kayang masama kung kunwari naggigitara ko gamit yung walis? Nakakanagnga lang niya akong pinapanood.

nung una ganito itsura nita -> tapos naging ->

"What the?! You know that song?! Ikaw pala yung baduy eh!"

"Huh?! You don't know that song!? LIKE HELLO?!?! Sobrang sikat kaya yan nung 4th year highschool tayo!"

"Yung kanta?!"

"Meteor Garden yung palabas! Kadiri ka! I can't believe hindi mo napanood yun!"

"Tss. Ewan ko sayo! Kalokohan!"

"Whatever. BADUY ka lang eh! Hindi mo kasi napanood! Belat!"

tapos nilabas ko yung dila ko. gets niyo? :p ganyan haha

~Meteor Garden? Maganda ba yun? Narinig ko na rin kay Jason yun eh.. akala ko naman puro super powers yung palabas na yun! ~

"HAHA TOFER BADUUUUYYY!!! Wo ming baiii wo yao de aii wey ba wo chong huwayay shang yi gaw shay hay ji dong zai ni huali huwaayiiyay.. ni yao de ayyy"

"TAMA NA!! OO NA BADUY NA KO!! BADUY NA KO!"

Medyo napatagal yung paglinis namin ng bahay. Pano naman kasi hinarot ko pa si Tofer! Akalain mo ba naman na hindi niya pa napapanood yung meteor garden?! Aba! Sumikat ata yung F4 dito sa Pinas! Mukha pa naman din siyang Taiwanese! Kawawa talaga yun!

"Bianx 5:30 pm na! maligo ka na para makakain na tayo!"

After 15 minutes lumabas si Bianca sa banyo

"Bilis mo naman maligo!"

"Kanina pa ko sa banyo eh, mga 30 minutes na. maligo ka na! bilisan mo ha!!"

"Ibig sabihin yung nagsasalita ako wala ka?!!? "

"Parang ganun na nga.. hehe!"

Mga 6:15 ng natapos sila pareho sa pag aayos. Nagpunta sila sa Dencios, Katipunan. Nang nakarating na sila dun lahat ok na, naka upo na sila magoorder na lang.

NH<3

+639176**1749

Calling..

~putik buti na lang naka silent ako!~ "Teka lang Bianca ha. mag c-cr lang ako."

"o sige.. bilisan mo ha!" nag smile lang siya sakin

Nagmadali ako papunta sa CR.

"Hello Niña?"

"Nasan ka? Pupuntahan kita dyan. Usap tayo.."

"Wag. Mag kita na lang tayo sa bahay ni Ryan."

"O sige. Pupunta na ko dun."

~ano kaya sasabihin niya sakin.. dapat ko ba sabihin kay Bianca to..~

Bumalik na ko sa table namin ni Bianca.

"Tof anong gusto mo?"

"Bianx..."

"Bakit? May problema ka ba? Bakit parang natetense ka??"

"...."

"Natatae ka ba?"

Mahina niyang sinabi

"Hinde ah! Yung kaklase ko kasi tumawag! Nakalimutan kong may meeting pala kami.."

"Anong plano mo?"

"Ewan ko nga eh.. kanina pa raw kasi sila naghihintay sakin."

~ayos to. kasinungalingan ulit..~

"Tara puntahan natin sila! Baka mamaya ikaw pa sisihin nila pag bumagsak kayo eh.."

"Hindi naman. Sakin kasi sila nakasalalay. Mababagrade nila sa subject na yun eh. Ganito na lang, hindi ko dadalhin yung kotse. Intayin mo na lang ako dito. Saglit lang naman yun eh, pati malapit lang yung condo nung classmate ko dito. So yun."

"Bakit hindi mo na lang dalhin yung kotse?!"

"Wag na. pag natagalan ako ikaw na mag drive! Yung license mo nasa loob ng kotse. Mag ingat ka na lang.. okay? Alis na ko ha!!"

Tumayo ako at tumakbo palabas

"Meeting na naman.. lagi na lang silang may meeting! Ano ba yan! Pa ti tuloy dinner naming napapawi eh.. badtrip talaga! WAITER!"

Umorder lang ako ng iced tea. Iintayin ko siya..

Ryan's house

Nagtaxi ako papunta kela Ryan.

Sa tapat ng bahay ni Ryan, nakita ko silang magkausap. Bumaba ako sa taxi at tinawag si Niña.

"Dylan!"

"Ry, ok lang ba kung sa loob kami mag usap?"

"Sige, pasok kayo. Dito na lang ako sa labas.."

"Thanks ha.." tumingin ako kay Niña "Niña mauna ka nang pumasok. May sasabihin lang ako kay Ryan."

"Sige.." naglakad siya papasok ng bahay.

"Dylan! nababaliw ka na ba?!!?! Akala ko ba aayusin mo na to?!"

"Inaayos ko na nga eh.. alam na ni Bianca. Ang hindi niya na lang alam ay kami na."

"Nababaliw ka na talaga noh? Habang tumatagal mas lalo siyang masasaktan! Hindi mo pa rin ba alam!?"

imaginin niyo na lang yung itsura ni Ryan ngayon, galit siya na medyo naiirita na ewan! ang gulo, kumukunot yung noo! haha

/ 9

/ 98

"Alam na ano??"

"SI BIANCA! NA MAHA- ~Bianca:"subukan mong lang sabihin kay Tofer yung mga sinabi ko sayo dati, magkakalimutan tayo!" LAGOT!~ NA.."

"Na ano? Ano ba ang hindi ko alam!? ~ano tungkol kay Bianca?~ Ano ba yun?"

"NA WAG MO SIYANG PAPAIYAKIN! KUNG HINDI ILALAYO KO NA SIYA SAYO!"

Chapter 23

Ilalayo ni Ryan si Bianca sakin? Tama ba yung narinig ko?

"Mamamaya na tayo mag usap. Si Niña nag hihintay."

Tumalikod na ko sa kanya at nagsisimula ng pumasok

"Dylan, sorry.. nabigla lang ako. "

Tinaas ko lang yung kamay ko habang nakatalikod. Iniwan ko na siya sa labas. Pumasok ako sa loob ng bahay niya. Tumingin sakin si Niña, ngumiti ako at umupo sa tabi niya.

"Finally! 30 mins.. Ang tagal niyo mag usap ha! Galit ba si Ryan?"

Pano hindi tatagal? eh Puro after 5 mins!

"Hindi, nagulat lang siya. Ano ba yung paguusapan natin?"

Ryan's Point of Veiw

Si Dylan at Niña nandito sa bahay. Maguusap daw sila.. ano kaya pag uusapan nila? tungkol sa "relasyon" nila? o baka naman kay Bianca? Eto na pala si Dylan, naka.. taxi?!

"Dylan" bati ko sa kanya.

"Ry, ok lang ba kung sa loob kami mag usap?"

Hay nako Lance Kristofer Dy! may magagawa pa ba ako?! andito na kayo eh.

"Sige, pasok kayo. Dito na lang ako sa labas.." Sabi ko. Ayokong marinig paguusapan nila. Baka alam niyo na. Tungkol kay Bianca, ako pa masaktan para sa kanya.

"Thanks ha.." sabi niya sakin. Humarap siya kay Niña at may nagsalita. "Niña mauna ka nang pumasok. May sasabihin lang ako kay Ryan."

"Sige.." tumalikod at pumasok na si Niña sa loob. Paguusapan? Tungkol Saan? Makikiusap na wag sabihin kay Bianca? Ok lang ba siya?! He's cheating!! Actually matagal na eh. Kinunsinte ko naman.

"Dylan! nababaliw ka na ba?!!?! Akala ko ba aayusin mo na to?!" hindi ko napigilan bibig ko. Syempre gusto siya ni Bianca eh, ako naman gusto si Bianca. Ano ieexpect mong sasabihin ko? Diba?

"Inaayos ko na nga eh.. alam na ni Bianca. Ang hindi niya na lang alam ay kami na." Alam na ni Bianca? Na alin? Na kay Niña siyang unag nag propose??! NASABI NA NIYA YUN KAY DYLAN?!

"Nababaliw ka na talaga noh? Habang tumatagal mas lalo siyang masasaktan! Hindi mo pa rin ba alam!?"

"Alam na ano?? " nagmamaang maangan na sagot niya!

"SI BIANCA! NA MAHA--

'Bianca:"subukan mong lang sabihin kay Tofer yung mga sinabi ko sayo dati, magkakalimutan tayo!"' Pumasok sa isip ko yung sinabi ni Bianca sakin dati. PANO NA TO!! nasimulan ko na!! think Ryan think!!!

"Na ano? Ano ba ang hindi ko alam!? Ano ba yun?" Siguro iniisip na ni Dylan yung mga dapat kong sabihin. OMG! pano na to!?

Dylan's expression --> Ryan's expression -->

"NA WAG MO SIYANG PAPAIYAKIN! KUNG HINDI ILALAYO KO NA SIYA SAYO!"

HINDI YAN YUNG DAPAT KONG SASABIHIN!! Sorry Dylan.. hindi naman talaga yan yung dapat kong sasabihin eh.. Sorry talaga..

-end of POV-

Bianca's POV

Restaurant

8:48 pm na at wala parin si Dylan.

"Asan na kaya yun.. sabi niya sandali lang daw ha.. gutom na gutom na ko.."

Papalapit na yung waiter

"Ma'am may o-orderin na po ba kayo?"

"Mag babayad na ko, mukhang hindi na sisipot yung kasama ko eh. Sorry."

"Ok ma'am I'll just get your bill."

Nilapag ko na lang yung php100 at umalis na.

In the car

"Nako ikaw Lance Kristofer Fuentes Dy!!! Humanda ka sakin!! Ipagluluto mo ko ng masarap na pagkain pag uwi mo! Gutom na gutom na ko noh.."

Stinart ko na yung kotse at inatras para makauwi na ko. LORD HELP ME!

Nang makapasok ako sa village namin nilamig ako bigla.

"Minumulto ata ako.. o baka natetense lang ako.. bakit kaya.. daan na nga lang muna ko kela Ryan... baka sakaling may pagkain siyang masarap dun!"

Ng nakarating ako sa bahay ni Ryan nakita ko siya na nakaupo sa labas ng bahay niya.

~si Bianca ba yun? Kaya pala nakataxi si Dylan kanina kasi si Bianx may dala..~

~Oh bakit pumasok si Ryan sa loob? Hindi niya ba ko nakita? Oh baka akala niya si Tofer ako..~

Stinop ko yung kotse at lumabas..

~bakit parang ang lungkot niya? May problema kaya siya? Nako nasa loob pa sila Dylan.. sasabihin ko kaya.. wag na. bahala na siyang ang makakita.~

Nakita ko siyang kumanan. Ibig sabihin nag puntasiya sa kusina.

Pumasok ako sa bahay niya tapos nakita ko si Ryan na nakatayo lang may hawak na basong tubig.

~Bakit andito si Bianx..~

"Ryaaan.."

"Oh bakit? May problema ka..?"

98

Tumungo lang ako at niyakap ko siya ng mahigpit..

"Kuya Ryan.. gutom na gutom na ko.."

~teka! Bakit niya ko hinug? Hindi niya ba nakita si Dylan??~

"Bakit nakabukas yung tv.. nanonood ka ba?"

"Bianx.."

Dahan dahan kong tinanggal ko yung pagyakap ko kay Ryan dahil narinig ko na may tumawag nd pangalan ko.

Pag lingon ko.. si Dylan , katabi si Niña. Nakangiti si Niña na parang iniisip niya na

'nakakahiya ka may asawa ka na pero tingnan mo kilos mo.'

Chapter 24

Humarap ulit ako kay Ryan. Hinawakan ko yung kamay niya at inalog alog.

"Kuya.. ipagluto mo na ko.. ang sakit na ng sikmura ko.. gusto mo bang mamatay baby sis mo?" nag pout ako.

"Anong kuya! Magkaage lang tayo eh!"

"May ka pinanganak! Mas matanda ka parin. Ayaw mo ko pag luto? GUTOM NA ME!!!"

~hindi pa siya kumakain? Anong ginawa niya sa restaurant? Inintay ako?? Bakit kelangan niyang gawin un.. ~

~God. Look at her. So pathetic. Sa harap pa talaga ni Dylan! two-timer. Why does she have to do that stuff infront of Dylan? Loser.~

"Oo na tara na, pag luluto na kita.. pasalamat ka magaling akong magluto.."

"..."

"MANANG!!! PALUTO NAMAN FOOD! MAY PULUBI TAYO!"

"Ha!! akala ko ikaw magluluto?? PULUBI PALA HA!!" siniko ko siya bigla.

Inakbayan niya ako at pumunta kami sa may kusina.

Living room

"Niña, I think you should go now.."

"Basta yung pinagusapan natin ha.. Bye.."

Kiniss ako ni Niña sa pisnge at umalis na siya.

Kitchen

Habang nagluluto si manang nasa may dining table lang kami. Tahimik.

"Ry, kanina pa ba sila nandito?"

"Ha? hindi, kakadating lang nila nung dumating ka.. hinatid lang ni Niña si Dylan."

"Ahh.. ganun ba."

"Teka, san ka ba galing at gutom na gutom ka?"

"Sa Dencios."

"HA?! ANG TINDI MO! DENCIOS TAPOS NAGUGUTOM KA PA?!"

Tumawa si Ryan.

"Uminom lang ako ng iced tea dun at umupo. Wala lang.. chill.. hehe! Iba na trip ko eh.. Alam mo naman ako, COOL."

Manang: "Eto na ho ser yung pagkain, mam kain na po kayo."

"Salamat po."

"Bianx, tawagin mo na si Dylan, baka hindi pa yun kumakain eh."

"Manang, diba magkakampi tayo? Tawagin mo naman si Goatie sa may sala oh.."

Ngumiti lang si manang at pumunta sa sala para tawagin si Dylan.

Mayamaya pumunta na si Tofer sa may kusina para kumain.

Ang tahimik namin.. puro nagkikiskisang palato, kutsara at tinidor lang ang maririnig niyo.

"Ry, san mo balak pumunta sa sem break?"

"Ahh oo nga pala. Malapit na sem break. Sa beach.."

"Beach? Bakit dun? Sure ka?"

"Oo, nag plano na nga kami nila Bianca eh. Hindi p ba niya nasasabi sayo yun?" humarap sakin si Ryan "Hindi mo pa sinasabi yung plano?

Umiling lang ako.

Napahinto si Dylan sa pagkain

"Ka-kayo nag plano nun..?"

"Oo, ako si Ryan, Mae and Carla.. pupunta kami ng beach sa sembreak. Kahit na hindi beach yun ok lang! You know.. chill.."

"Ah.."

Mayamaya may binulong si Dylan

"Hindi ba nila ako isasama.."

"Ah oo nga pala Dylan, sama ka. Kahit magsama ka ng mga 2 na kaibigan ok lang. dun na lang tayo sa resort naming"

~ay narinig hihihi ~

Nauna akong natapos kumain, pumunta kagad ako sa sala para manood ng tv. Habang sila Ryan at Tofer kumakain pa rin. Ano kaya nangyayari dun? Bakit ang tagal nila?

Chapter 25

Dylan's Point of View

Tapos na kumain si Bianca, sinadya kong bagalan kumain para makausap ko si Ryan, at sa tingin ko ganun din ginagawa ni Ryan. Ayun, narinig ko na binuksan ni Bianca yung tv. Pwede na kaming mag usap ni Ryan.

"Ryan.. ano sinabi sayo ni Bianca?"

"Wala naman.. tinanong lang niya kung kanina pa kayo ni Niña dito.." napatingin ako sa kanya "Wag kang mag alala, hindi pa naman ako pipitik eh." Sabay kindat.

"Ryan, wag ka mag alala.. alam kong close kayong dalawa, at sobrang napalapit na siya sayo.. sasabihin ko talaga sakanya ang totoo pag maayos na.."

"Naniniwala naman ako sayo eh.. tara puntahan na natin siya.. ay hinde. Umuwi na pala kayong dalawa. Mag usap kayo ng masinsinan!" tapos tinapik niya ako sa likod

Sabay kaming pumunta ni Ryan sa may sala, tumabi ako kay Bianca pero hindi niya pa rin ako pinapansin.

"Bianx, uwi na tayo.."

"..."

"Tara n--

"Ryan, dito ako matutulog ngayon ha!"

"ANO?!" duet pa kami ni Ryan

"San ka matutulog dito?! Sa kwarto ko??" loko tong si Ryan ah, gusto ata makatikim ng batok nito eh!

"Wag ka ngang managinip ng gising! Diba tatlo rin naman kwarto dito? Edi dun ako sa isang kwarto! Hehe!"

"Gusto mo ba talagang matulog dito?" tanong ko sa kanya

"Yup! Gusto ko mag DVD marathon eh.. malungkot pag walang kasama manood.. kaya Ryan, dito ako matutulog at sasamahan mo akong manood! Ok lang naman yun sayo diba Tofer?" NO. NO. NO. FINAL. Sabihin mo.

"Ahh.. Oo ok lang..

Ryan, ok lang ba kung magsleepover kami dito?"

"ANONG SABI MO?!" sabay nilang sinabi.

"Oh easy lang.. magkakatabi lang tayo sinisigawan niyo pa ko."

Tumingin ako kay Bianca

"Sabi mo gusto mo dito matulog diba? Tapos mag DVD marathon?"

"Mm-mm"

Tumingin naman ako kay Ryan

"Ok lang ba sayo kung dito kami matutulog ngayon?"

"O-oo naman." Sagot ni Ryan.

"Yun naman pala eh, tara Bianca, kumuha na tayo ng damit sa bahay. Intayin mo kami Ryan ha, at ayusin mo na rin yung isang kwarto, ok? Balik kagad kami."

Hinawakan ko kagad yung kamay ni Bianca at dali daling hinila papunta sa kotse. Halatang gulat pa rin siya dahil sinabi kong

kasama akong makikisleepover kela Ryan. Parang sleepover lang eh, nung bata kami nag sisleepover din naman ako kela Ryan.. ganun din si Ryan.

"Bianx ako na lang ang baba, intayin mo na lang ako dito sa kotse, ako na kukuha ng mga gamit natin ha?"

"Sana iniwan mo na lang ako kela Ryan, pag iintayin mo lang pala ako dito eh! Bakit mo pa ko sinama?!"

Bakit ko nga ba siya sinama?

tumingin ako sa kanya

"Gusto kasi kitang kasama. Gusto ko tuwing papauwi ako ng bahay nakikita kita, pero mas ok kung katabi kita. Gusto ko pag nasa loob tayo ng bahay ikaw ang nasa sa tabi ko, kahit na hindi kita katabi.. basta't alam kong kasama kita sa loob ng bahay. Kasi tuwing wala ka, parang ang empty ng bahay. Parang may kulang sa bahay. May kulang sakin."

"Ha..? ulitin mo nga yung sinabi mo.."

Chapter 26

Hindi niya sinagot yung tanong ko. Bumaba lang siya ng kotse at nung isasara niya na yung pinto bigla siyang tumingin sakin.

Ngumiti siya bigla.

"Hindi mo narinig? Sorry.. pero hindi ko na maalala yung mga sinabi ko eh.."

Sinara niya bigla yung pinto at tumuloy na sa loob ng bahay.

"Gusto kasi kitang kasama. Gusto ko tuwing papauwi ako ng bahay nakikita kita, pero mas ok kung katabi kita. Gusto ko pag nasa loob tayo ng bahay ikaw ang nasa sa tabi ko, kahit na hindi kita katabi.. basta't alam kong kasama kita sa loob ng bahay. Kasi tuwing wala ka, parang ang empty ng bahay. Parang may kulang sa bahay. May kulang sakin..."

Namemorize ko kaagad yung mga sinabi niya.

Totoo kaya to? Seryoso kasi mukha niya nung sinabi niya ang mga to eh. Baka naman joke lang yan? Hinde.. impusible eh. Ang tindi naman ng joke niya.. PERO AMINADO KO! KINIKILIG AKO NGAYON.. heehee!! kamusta naman yon!! gusto niya raw ako sa tabi niya.. gusto niya rin kaya ako? LORD, ETO NA BA YUNG 20%?? (see chapter 5 2nd part para alam niyo yung 20% hehe :p)

Nakita ko na siyang lumabas ng pinto. Pinadlock na niya yung gate. May hawak siyang dalawang bag at unan..

"OH MY GOD! YUNG UNAN KO BA YUN!?"

Binuksan ni Tofer yung pinto sa likod ng sasakyan at nilagay yung mga gamit namin. Mayamaya binigay niya sakin yung unan ko..

"Pano mo nalaman na.."

"Nakikita ko kasing lagi mong yakap yan. Kahit nanonood ka lang ng tv dala mo pa rin yan. Pati nakikita ko pag pumapasok ako sa kwarto mo, yan yung nasa may mukha mo. Kaya yun."

"Pu-pumapasok ka sa kwarto ko??"

"Oo. Bakit?"

"Anong anong bakit?? Dapat sayo ko itatanong yun eh, BAKIT KA PUMAPASOK SA KWARTO KO PAG TULOG AKO?"

Ngumiti lang siya.. tapos stinart niya na ang kotse.

"Wala lang. Pinagmamasdan lang kita matulog. O kaya pag gusto kitang makita."

"..." gusto ko mag smile.. as in SMIIIILLLEEE pero baka mapansin niyang kinikilig ako.. nakakahiya. ang pride!

Wala pang 5 mins nakela Ryan na ulit kami.

Kukunin ko na sana yung bag ko pero pinigilan ako ni Tofer.

"Ako na mag bubuhat ng mga yan. Dalhin mo na lang yang unan mo."

Ngumiti lang siya sakin.

Ryan's POV

Dito matutulog sila Dylan ngayon.. Ano nang gagawin ko?? Kakayanin ko ba? Makikita ko lang silang magkasama dito. wala na eh! Ikaw kasi Ryan tatanga tanga ka! Ayan tuloy!

Nako. Naririnig ko na yung kotse nila. Andito na sila!

May nagbukas ng gate at mayamaya bumukas yung pinto.

"Ryan!!! Nood na tayo ng DVD bilis!!"

Si Bianca. May yakap yakap na unan.

"Sige, what do you wanna watch?"

Maya maya pumasok na si Dylan may dalang dalawang bag.

"Hmm... kahit ano! Basta gusto ko nakakatakot!"

Nakaupo na kaming tatlo, syempre magkatabi si Dylan at Bianca sa sofa, ako nasa pang isahan lang.

/ 98

Sigaw ng sigaw si Bianca, sabi niya gusto niya ng nakakatakot! Kaya SHUTTER yung pinanood namin.

Mayamaya sobrang magkatabi na si Bianx at Dylan.

"AAAAAAHHHHHHHH!!!!!!!!! TOFER!!!!!!!"

OUCH. Nakayakap lang naman si Bianx kay Dylan.

Natapos na rin yung palabas. At ayaw na manood ni Bianca ng DVD, kasi madaling araw na raw.

"Dun ako matutulog sa kwarto mo Ryan! Wala akong kasama sa isang kwarto eh.."

Napatingin si Dylan kay Bianca.

"Hindi pwede. Iistorbohin mo pa si Ryan eh. Sino ba kasing nagsabi sayo na nakakatakot panoorin natin? Wala ka naman pala eh."

Sabi ni Dylan kay Bianca. Bianca ok lang sa kwarto ko ikaw matulog..

"Eeehhh.. natatakot ako eh.. baka hindi ako makatulog.." aww.. ang cute ni Bianx.. nag pout siya.. parang puppy face aww.. cute cute!

"Tss. Oh sige, sasamahan na kita matulog sa tutulugan mo. Tara na.."

Hinawakan ni Dylan yung kamay ni Bianca at dumeretso na sa kwartong tutulugan nila. SILANG DALAWA SA IISANG KWARTO. GREAT.

Chapter 27

Seryoso ba tong si Tofer??? Ano na ba nangyayari dito?? nababaliw na ata siya eh.. baka namna ginayuma ni manang? Teka! Kung ginayuma yan, edi dapat kay manang yan nagkakaganyan! Labo.

Sa loob ng kwarto iisang kama lang ang meron. Tapos isang single na sofa sa may gilid.

Inunahan ko na si Tofer. Humiga kagad ako sa kama para hindi ako yung matutulog sa sofa o kaya sa lapag. Ang lamig kaya! Kanina pa pala binuksan ni Ryan yung aircon!

"Bakit ka biglang tumalon?"

"Wala lang.. gusto ko ng mahiga eh.. san ka matutulog?"

"Ha? ako? Ahh... sa.."

Tumingin tingin si Tofer sa loob ng kwarto at mamaya maya, nakita niya yung sofa.

"Dun na lang" tinuro niya yung sofa

"Sigurado ka? Ang hirap kaya matulog ng naka upo.."

"Sa bagay.. edi sa sahig na lang ako.."

Umupo na siya sa sahig. Kumuha ng unan at nilapag ito.

"Huy, ano ka ba! Malamig kaya yung sahig.."

"Oo nga noh. Sige dun na lang talaga ako sa sofa.."

"..."

Tumayo na siya.

~tawagin mo pangalan ko.. tawagin mo pangalan ko.. please please please..~

Habang papunta na siya dun sa sofa hinawakan ko ang kamay niya.

"Tofer, ma..ma..ma-malaki naman yung kama eh.. tabi na lang tayo.. kung gusto mo.."

~AYUN!!!!!! WOOHOO!!~

Agad agad siyang humiga sa kama. Nag kamali ata ako. Sakto lang sa dalawang tao yung kama.

Hindi ako makatulog, ang weird ng pakiramdam. Katabi ko siya sa iisang kama. First time to.. maya maya gumalaw yung kama. Alam kong si Tofer yun.

"Tof.. gising ka pa..?"

"Mm-hmm.. Hindi ka rin ba makatulog?"

"O-oo eh.. Bakit hindi ka makatulog?" tinanong ko pa siya! Malamang kasi may katabi siyang manok!

"Naiisip ko kasing katabi kita eh.. parang I find it weird.. kasi sa bahay magkahiwalay naman tayo ng kwarto.. pero dito, magkatabi na tayo.. ikaw? May iniisip ka ba?" Oo nga naman.. ang weird talaga.. sa bahay magkahiwalay kami ng kwarto eh..

"Ha? iniisip? Hinde, naalala ko kasi yung palabas.. natatakot kasi ako eh, baka kasi pag gising ko wala ka na sa tabi ko mamaya, tapos baka mamaya iba na yung katabi ko.. ala--

Bigla siyang humarap sakin at niyakap niya ako.

"Lapit ka ng konti sakin.."

niyakap niya ako.. seriously, ano ba talagang nakain niya? May sakit kaya siya..

"To-tofer.."

Hinila niya yung braso ko para lumapit yung katawan ko sa katawan niya.

"Ayan, harap ka sakin tapos yakapin mo rin ako. Bilis."

Ginawa ko yung sinabi niya.

"Bianx tingin ka sakin sa mata."

Ginawa ko ulit yung sinabi niya. Ayos to ha. Isang sabihan lang niya sunod naman ako! Ganito ko ba talaga siya kagusto? Teka, mali. Ganito ba talaga katindi yung pagmamahal ko sa kanya?

"Wag natin babaguhin yung posisyon natin hanggang mag umaga ok? Hayaan na lang natin na ganito tayo.. Wag ka na matakot.. ako naman kasama mo eh..ok?"

Nag nod lang ako.

Tama siya. Siya naman kasama ko eh.. Ipinikit ko na yung mga mata ko.. makakatulog ako ng mahimbing kasi alam kong si Tofer ang katabi ko. Si Tofer.

Chapter 28

Ryan's POV

Magkasama sila sa iisang kwarto.. hinde.. hinde.. walang masamang nangyayari.. hinde.. mali.. hindi pwede..

"HINDI PWEDE!"

Ano ba to. nababaliw na ako! Bakit naman kasi ganun yung panaginip ko?? Impusibleng magkatabi sila sa iisang kama! Malamang isa sakanila matutulog sa sahig..

"Oo. Tama yun."

Magaaway lang sila sa iisang kama. Tama tama. Matutulog na ulit ako. Wala akong dapat ipagalala.

-end of POV-

98

Dylan's POV

Nakatulog na si Bianca. Pangatlong beses ko pa lang siya nakitang matulog ng malapitan.. nakayakap pa rin siya sakin.. bakit ganito?

Parang ang saya ko kasi kasama ko siya sa iisang kwarto.. Pag si Niña naman kasama ko sa mall, masaya rin ako. Pero iba ata tong happiness na nafifeel ko eh.. dahil ba kasi katabi ko siya? O baka naman kasi nakahug siya sakin..

Ewan ko.. basta iba lang yung feeling ko. Feeling ko gusto ko na lang matulog kami habang buhay ng ganito pwesto namin.

Kung parati lang kaming ganito..

Hinawakan ko yung isang kamay ni Bianca at niyakap siya ng mahigpit

"Lord, ayoko ng magising."

-end of Dylan's POV

Kinabukasan.

Bianca's POV

Bakit ganito, parang may katabi ako sa kama..

yawn

Untiunti kong dinilat ang mga mata ko..

OH MY GOD!! Bakit ko siya katabi?? Pati.. ganito yung posisyon namin simula kagabi?? Akala ko panaginip lang..

"Tofer.. gising ka na.."

Mayamaya gumalaw siya.. unti unti niyang binuksan yung mga mata niya..

Ngumiti siya sakin tapos niyakap ako ng mahigpit at pumikit ulit. Seryoso, ok lang ba siya? Alam niya bang ako si Bianca?

"Tofer gising na.. 8 na oh!"

Inalog alog ko siya, baka sakaling marealize niya na ako yung katabi niya. Si Bianca.

"Anooo.." binuksan niya ulit yung mga mata niya

"Yung ya-yak- arm mo kasi nakapatong pa sakin.. babangon na sana ako.."

"Mamaya ka na bumangon, tulog ulit tayo.. maaga pa eh.. late na ako nakatulog kasi iniintay kitang makatulog.. mga 9 na tayo gumising.. please..?" he pouted. aww.. cute..

Hinawakan niya yung kamay ko at ipinikit niya ang mga mata niya. Iniintay niya akong makatulog? Talaga lang ha! At kelan pa niya kong inintay makatulog? Eh halos pag sa nasa bahay kami,

tinutulugan niya lang ako o kaya iniiwan basta basta sa salang tulog! Ginugoosebumps tuloy ako sa mga nangyayari.. pero to tell you honestly.. I feel.. happy. Not because he's beside me.. holding my hand and embracing me.. but because of his attitude towards me.. OK FINE, let me it. I feel happy because he's beside me, holding my hand and embracing me..

"Ang gwapo mo talaga.. ewan ko, ang dami naman mas gwapo kesa sayo pero ikaw parin ang pinipili ko.. gusto mo na rin kaya ako? Eh.. mahal mo na kaya ako..?"

Pinagmamasdan ko lang siya.. after 10 sec. nag smile siya..

I closed my eyes and placed my other hand on his chest.. i fell asleep.

"Lord.. if you're real.. please don't let this feeling end.."

Chapter 29

9:30 am na kami nagising, si Ryan nakita ko sa sala, nanonood ng tv. Mukhang ang sama ng gising kaya nagpaalam na lang kami ni Tofer para umuwi. Tumango lang sya kaya umalis na lang kami.

Pag dating namin ni Tofer sa bahay umupo kagad ako sa sofa, si Tofer naman pumasok ng kwarto niya.

"Ano kaya nangyari dun.. he's being nica and all.. sign ba yun Lord?"

Dylan's POV

Pag dating namin sa bahay pumasok kagad ako sa kwaro ko. Hindi ako makapaniwala sa mga nasabi ko kay Bianca kagabi.

Nasabi ko talaga yung mga dapat ko sabihin matagal na panahon na.. Dahil kaya sa napag usapan namin ni Niña kagabi? Oh dahil gusto ko talagang sabihin yung mga yun dahil gusto ko siya..?

FLASHBACK

"Ano ba yung paguusapan natin? Hindi ba pwedeng sa text na lang?"

"Hinde.. Dylan.."

"Ano ba yun?"

"I need a break.. cool-off na muna tayo.."

Okaaay. Kelangan ba akong matuwa kasi wala na akong masasaktan? O magalit kasi cool-off kami?

"O sige. Ikaw naman masusunod eh. I will respect your decision."

FINALLY.

"Pero I have conditions. Kelangan magkikita pa rin tayo, hindi ka pwede makipag date, hindi ka pwede magkagusto sa iba."

Now, cool-off ba talaga kami? O ganun lang talaga gusto niya? Friends with benefits.

"Kala ko ba cool-off? Bakit may mga conditions? Parang ginagawa mo akong panakip butas niyan eh."

"Fine! You can date, but just make sure you wont fall for tht person. If aalis ka, you have to tell me where you're going and kung sino kasama mo."

Kakaiba naman talaga oh.

"Yun lang ba? Bahala na. O sige. Babalikan ko pa si Bianca."

"Mamaya ka na umalis.. gusto kitang makasama ngayon.."

end of flashback

Tapos dun na dumating si Bianca. Feeling ko sinaksak ko siya kagabi sa nakita niya. Dapat ko bang ipaalam kay Bianx to? hinde.. tsaka na.. aalis naman kami eh. Tama. Hindi muna ngayon.

Lunch na.. ang awkward.. haharapin ko siya. Nahihiya ako.

"Ang gwapo mo talaga.. ewan ko, ang dami naman mas gwapo kesa sayo pero ikaw parin ang pinipili ko.. gusto mo na rin kaya ako? Eh.. mahal mo na kaya ako..?"

98

Hindi ko makalimutan yan..

"Bianx kung alam mo lang kung gano ko inintay na mahug ka.."

Lumabas na ako ng kwarto, nakita ko siya sa may sofa, nakaupo tapos nakapikit.. nakahug sa may pillow niya.. tahimik lang siya..

"Bianx?"

"..."

"Bianca.."

"yet I fell hard for your imperfections.."

"..."

"I still believe in ever after with you.."

Ok. Gets ko na. Naka iPOD siya. Kaya pala hindi niya ko naririnig eh..

"I still believe in ever after with you..?"

Umupo ako sa tabi niya. Idinilat na niya yung mga mata niya tapos tumingin lang sakin.. wala siyang reaction. Hahaha! Awkward! Ok lang yan, pareho lang tayo..

"Ano yang pinapakinggan mo? Maganda? Parinig ako.."

"Oo maganda. Bagay satin- PAKINGGAN MO NALANG! HEHE!" Aba narinig niya ko! daga talaga!

Binigay niya sakin yung iPOD at sinuksok sa tenga ko yung headphones ano ba yan! Narinig ko na yung 'bagay satin' na sinabi mo. Wag ka na mahiya haha!.

"EVER AFTER TITLE??"

"Ano ba! Wag mo nga ko sigawan! Magkatabi lang tayo eh!!!"

"ANO?!?!? HINDI KITA MARINIG!!"

Tinanggal niya yung left headphone sa tenga ko

"SABI KO WAG mo KO SIGAWAN! HINDI AKO BINGE!!!!" Jusko po!!! Sigawan daw ba ako! Ganun ba kalakas yung sinabi ko kanina?

"Sorry na baby.. papakinggan ko lang ha?"

"..." Nilagay ko ulit sa tenga ko yung headphone, medyo hininaan ko na, baka mapasigaw ako ng di oras ulit eh.

Habang pinapakinggan ko yung kanta, naka titig lang siya sakin. Siguro akala niya natutulog ako, kahit nakapikit ako.. nafifeel ko yung mga titig niya sakin.

"Tofer.. alam mo.. I.. *sigh*"

"..." I heard my name.. but I didn't move. Nakapikit pa rin ako. Nagpepretend na tulog..

"SaRangHae.. Tofer.." Dinilat ko yung mga mata ko, humarap ako sa kanya tapos ngumiti..

"I know I look so hot and gorgeous.. but stop staring. It's rude to stare you know." Nagblush siya tapos tinanggal niya yung titig niya sakin.

"Na-narinig mo?" Nagstustutter siya habang nagsasalita.

"SaRangHae? Minumura mo ba ko? Ano ibig sabihin nun?" I seriously don't know the meaning.

"Thank god.. I thought I was busted." She whispered.

"Ano ba ibigsabihin nun?"

"Uhh... it means.. it means.. 'You're ugly'" UGLY?! PANGET?! Aba!!!

"LOKO KA HA!!! SINABIHAN MO KO NG PANGET!!"

"Oo!! SARANGHAE!!!! SARANGHAE TOFER!! Gusto mo ipagsigawan ko pa sa labas!? Haha!!" May gana pa siyang tumawa! Nakakaasar naman! Akala ko ba gwapo ko? Sabi niya kagabi gwapo ko! Tapos ngayon sinasabihan niya ko ng panget..

Tumayo ako ng upuan at tiningnan ko siya.. "SARANGHAE BIANCA!!!!! SARANGHAE SARANGHAE SARANGHAE!!!!!"

Tawa lang siya ng tawa! Nabaliw na ata to! Bahala nga siya! Hindi ako mag luluto!

"Seryoso ka? Ano nga ulit???"

"SARANGHAE BIANCA! Bakit.. mali ba? Tama naman diba?" ngumiti siya sakin.

"Talaga?" Weird. What's with saranghae?!

"Oo.. Saranghae! Hmpf! Ikaw magluto! Bye! Dyan ka na!"

Umalis ako ng sala at pumasok ng kwarto ko. Bahala siya! Siya mag luto. Saranghae pala ha!! Dala ko iPOD niya. Hmpf!

-end of POV-

Bianca's POV

Hay. Sinabihan ako ng Saranghae ni Tofer kahapon! Hahaha! Pero laughtrip! Hindi naman niya alam yung tunay na meaning nun! Too

bad. Buti na lang I have Korean friends way back in highschool! Plus si Nathan na half-korean!

Speaking of Nathan.. Two weeks na simula nung sinabi ko sa kanya yung totoo. Two weeks na rin kaming hindi naguusap ng maayos.. bakit kaya ganun yun? Bigla bigla nalang akong hindi pinapansin! hmpf!

"Bianx! Ok ka lang? si pretty boy pumasok! Aba himala!"

Pretty boy tawag ni Ryan kay Nathan kasi makinis daw yung balat! Pati gwapo kaya si Nathan.. *kilig*

"Bianx??" shinake niya yung balikat ko.

"Ha?"

"Si pretty boy sabi ko andun! Hindi ka tinabihan.."

"Ah oo nga noh.. teka, kausapin ko lang siya ha.."

"Ha? ah.. o sige.." ~gusto mo ba siya? bakit kelangan mo pa siyang kausapin dahil lang hindi ka niya tinabihan.. ano ba talaga..~

Nathan's POV

Pumasok ulit ako ng Math class namin. Usually sa tabi ako ni Bianca umuupo. Pero ngayon pinilit ko na iwasan siya. Bakit? Simple lang. Kasi may asawa na siya. Tama naman diba?

"Nathan.."

Familiar yung boses na yun..

Tumayo ako para lumabas ng classroom pero naririnig ko na may sumusunod sakin.

"Nathan.."

Yun na naman yung boses na yun. Huminto na ko. Naramdaman ko yung kamay niya sa balikat ko. Tumingin ako sa kanya.

98

"Bianx.. ba-bakit..?"

"Anong bakit! Tagal mo kayang nawala.. ano ba nangyari sayo?? Nagkasakit ka ba? hindi ka na nagpapapasok sa Math and PE natin eh.. baka naman iniiwasan mo ko?"

"B-bakit naman kita iiwasan ha? sira ka talaga! Wala lang yun.. tinamad lang ako pumasok. Alam mo na. Hehehe! Koreano pa rin ako kahit papano!"

Sorry.. I have to lie.

"Tss. Sige na! sabi mo eh! Pasok na tayo.. dadating na yung prof natin in a while eh.."

"Sige, tara hehe!"

Last sem ko na rin naman to eh.. kelangan maging masaya ako! Pati next week finals na! wala ako dapat ika lungkot.. anong wala? Iiwan ko lang naman si Bianca.. Yun lang naman.. hindi masyadong masakit yun.. kasi.. sobrang masakit yun. Pati babalik narin naman ako ng korea after nung finals eh! Haay! Happy life! AJA!

Chapter 30

Finals na namin. So ibig sabihin sa bahay tahimik. Galit galit kasi eh. Pero si Tofer kinukulit parin ako! Palibasa matalino siya kaya ganun siya sakin! Huhuh Y_Y wawa si Biankie..

Last day ng exam namin. Nakita ko si Nathan.. alam kong nakita niya ako pero umiwas siya ng tingin sakin.

Tumakbo ako sa kanya at hinook ko yung arm ko sa arm niya.

"NATHAN!"

Ngumiti lang siya sakin.

"Bianx mamimiss kita!"

Ano kaya ibig niya sabihin?? Aalis ba siya?

"I'm going back to Korea.."

He answered my question. Haha! Pero.. sinabi niya bang..Ko-korea?!

"Kel--

"Mamaya na flight ko."

"Bakit ngayon mo lang sinabi sakin?? Ang sama mo!!"

"Kasi, wala lang. hehe! Hindi ko nga dapat ipapaalam eh. Pero babalik din ako noh! Sem break lang ako dun, pero, baka hindi na ko dito mag aral. So, baka ito na rin yung last day na makikita kita.."

"..." Huh? Bakit ganun.. bigla na lang siyang aalis.. hay..

"Bianx?? Gwaen cha na yo?? (are you ok?)"

Inalog alog niya ko ng mahina.

"Ha-ha?? Ah ewan! nosebleed na naman ako sayo! Mag tagalog ka o kaya english! wala ka pa sa Korea! Pinapadugo mo ilong at utak ko eh."

"AH! hehe!! sorry na po!"

"Uhm.. Nathan, since last day mo na to.. pwede bang.. sabay na tayong umuwi?"

"Oo naman, tara na! bago magbago pa isip ko. Haha!"

Naglakad kami ng nakahook yung arm ko sa arm niya, alam niyo yun? Yung pang kasal, basta yun na yun!

Ryan's POV

Nasan na ba si Bianca? Kanina ko pa siya hinahanap pero hindi ko siya makita.

Nag punta ako sa may parking lot para tingnan kung andun siya..

Ayun! Andun nga siya!

"BIAN--

"NATHAN!"

Teka! Bakit parang may mali.. ako ba hinhintay niya dito oh si Nathan?? Naka hook pa arms nila! Teka.. nagseselos ba ko? Hinde.. hinde.. BAKIT AKO MAGSESELOS! KASAL NA SI BAINX!

"tama.. hindi to selos, protective lang ako.. siguro nag karoon ako ng weird feelings para sa kanya pero.. wala lng to. tama."

Nakatingin parin ako kela Bianca, bakit parang nalungkot siya bigla? May sinabi ba si Nathan na dapat niyang ikalungkot..?

Oh ngumiti ulit. Siguro kung mag isa tong si Bianca tapos hindi ko siya kilala, mapagkakamalan ko siyang baliw! Oh san sila pupunta???

Pumasok sila sa car ni Nathan..

"Kelangan ko na makipag date.. kelangan ko na talaga makipagdate.. hindi na tama tong mga nangyayari sakin.. tama.. nababaliw na ko.. na baliw na ko sa iisang babae.."

1 message

received

Ry, hahatid ako ni Nathan, lst day nya na kc d2 sa pinas e, sori a! ingat ka sa pgdrve! alabshoo ry! mwah**

"Alabshoo alabshoo ka pa diyan.. pinapahirapan mo lang ako lalo eh!"

-end of POV-

Hinatid ako ni Nathan sa bahay. Nasa tapat lang kami ng bahay hindi pa ko bumababa ng kotse niya.

"Bianx? Ok ka lang ba?"

"Oo naman, bakit mo natanong? Nabigla lang ako.. kasi 2 weeks kitang hindi nakausap ng matino, hindi ka kasi nag papapasok, o kaya bigla bigla ka na lang mawawala.. tapos ngayon malalaman ko na aalis ka na."

"Bakit.. nalulungkot ka ba?"

"OO NOH! Akala ko kasi iniwasan mo ko dahil kasal na ko.. alam mo yun, tapos ngayon aalis ka pa! anong gusto mong isipin ko? Diba? Hehehe.. wala lang to! Siguro ang gaan kasi ng loob ko sayo. Kaya ganun.."

~Kung pipigilan mo kong umalis.. hindi na ko aalis pa.. paano pa ko makakaalis nito kung ngayon nakikitang kong nalulungkot ka..~

"Ano ka ba! Saglit lang yun noh.. siguro mga.. 7 months?"

"SEVEN MONTHS?! Ang tagal kaya nun!"

"Mabilis lang yun, basta intayin mo lang ako.. dadating ako! Ha? Pati gumalang ka nga! Sa Korea pag mas matanda yung guy sa girl ang itatawag dapat nung girl sa guy OPPA! Kaya ikaw, oppa na tatawag mo sakin!"

"Oppa? Whatever. Basta siguraduhin mo lang na babalik ka ha! Pati.. pasalubong ko! Hehehe!!"

"Mahal mga damit dun noh! Pero sige hehe! Sige na pumasok ka na, magaayos pa kasi ako ng mga damit ko eh.."

"Ah oo nga pala.. o sige.. ingat ka ha! Magtext ka sakin pag paalis ka na, pati.. mamimiss kita."

Binuksan ko yung pintuan at lumabas ng kotse..

Habang nag lalakad ako narinig ko na bumukas yung pinto ng kotse ni Nathan.

"Bianx!"

Tumingin ako sa kanya, tumatakbo siya papalapit sakin.

"Bianx.."

Bigla niya akong niyakap.

"Nathan.. ang baduy mo naman! Bakit may pahug hug ka pang nalalaman? Hahaha!"

"Sabi na sayong oppa itawag mo sakin eh!"

"Oppa, hindi ako makahinga! Ang higpit mo yumakap!"

Tinanggal niya yung pagyakap niya sakin.

"Sorry, mamimiss lang kasi kita hehe! O sige na! pasok ka na!"

"Oo na."

Patalikod na ko ng bigla niyang hinawakan yung kamay ko.

Hinatak niya ko papaharap sa kanya

Papalapit na yung mukha niya sa mukha ko

At bigla niya ko hinalikan sa pisnge..

Pagtapos nung kiss niya, tumakbo siya papapasok sa kotse niya, at umalis na.

Dylan's POV

Papauwi na ko ng bahay. Excited na kasi akong makita Baby ko.. kamusta na kaya yun.. nakasagot kaya siya sa exam niya kanina? Haay. May tiwala naman ako kay Baby na makakapasa yun eh.. Baby.. baby.. baby.

Pagdating ko sa village namin nakita kong may kotse sa tapat ng bahay, nakita ko na yan before.. kanino nga ba yan? Alam ko sa kakilala ni Bianca eh.. yung Nathan!

"Bakit andito na naman yang lalaking yan? Ano na naman ba problema niyan?"

After 8 mins bumaba na si Bianca.. papalapit na siya sa gate.

"Bakit lumabas din si Nathan.."

Ano ba to? Gaguhan? Pagtapos ng mga sinabi ko sakanya nung nagovernight kami kela Ryan ganun ganun na lang??? mag hahanap siya ng ibang hug? Bakit? Hindi ko ba siya pwedeng yakapin?!

Bumitaw na si Nathan sa yakap niya kay Bianca. Tumalikod na ulit siya ng bigla na naman siyang hinawakan ni Nathan sa kamay.. hinila.. at.

"F*CK!"

Teka, parang hindi ako makahinga.. ano ba to.. teka.. timeout.. foul na to eh.. hindi na to joke.

Bakit kelangan niyang halikan si Bianca? Ganito rin ba yung naramdaman niya nung nakita niya yung samin ni Niña? O mas doble tong sakit na nafifeel ko?

"Hinde.. wala to.. hindi totoo yung mga nakikita ko. think positive Dylan. POSITIVE!

[Gwaen cha na yo? / Kwaen cha na yo? (괜찮아요?) = are you ok?]

[Oppa (오빠) = elder brother - only girls use this. basta parang kuya. haha! weird.]

Chapter 31

Sa loob ng bahay nakita kong nakaupo si Bianca sa may sala. Mukhang ang lalim ng iniisip niya. Ano kaya yun?

"Mukhang bored ka ha?"

"..." aba! Hindi sumagot.. mukhang malalim to..

"May problema ka ba?"

"..."

"Gusto mo ba siya..?"

Napatingin siya bigla sakin. Bakit ganun, kanina kinakausap ko siya hindi manlang siya umiimik! Tapos tinanong ko lang siya kung gusto niya yung Nathan ang bilis kagad ng tingin sakin.

"Huh? Sino?"

"Tss. Kunwari ka pa. Naki-sagutin mo na lang tanong ko."

"Sino ba kasi? Si... Nathan?"

"..." turn ko naman tumahimik

"Na-nakita mo??"

"..." isa pa. kala mo! Gumaganti lang ako hmpf!

"..."

"GUSTO MO BA SIYA?"

"So nakita mo nga. Wala lang yun. Babalik na siya ng Korea.."

Hindi pa ko ganun ka tanga para maniwala. Bakit siya babalik ng korea!? Koreano ba siya?!?! Pwede ba!!

"Half korean half filipino siya.. pinoy dad niya. Nasa Korea parents niya."

"..." ANO TO??! NABASA NIYA ISIP KO?? Bakit ako hindi ko nabasa iniisip niya?? HUHU! Bakit ako hindi ako Psychic???

"Selos ka?" anong klaseng tanong ba naman yan? DAPAT ALAM MO NA!

"Sa tingin mo?"

"Ewan, kaya ko nga tinatanong eh.."

"..." alamin mo na lang.. grabe ka..

Iniwan ko na kagad siya at pumasok ng kwarto ko.

Bakit ganun? Hindi niya ba napapansin na gusto ko siya matagal na? Ano ba problema? Kelangan ko pa bang sabihin na 'Bianca! I like you!'. Ano ba to. OO NAG SESELOS AKO! BIANCA NAG SESELOS AKO! MASAYA KA NA?? ginawa ko na nga lahat para makipag hiwalay kay Niña eh!

Flashback

"Niña, we really have to stop this."

"Why? Is it because of her?"

"..."

"Do you like her?"

"I think I like her.." I whispered.

"What?! Answer my question. DO YOU LIKE HER?"

"Nins, let's end this.."

"I'll be the one to tell you when we will end this."

"But..I think I like her.."

"That's not true! Matagal na panahon na yun! Like what? Seven years ago?? Past is past."

"I know. She's my past.. but she's still my present. And I want her to be my future.."

Ok a little harsh. Medyo gulat itsura niya ngayon.

"You know? Ugh. Whatever. You can't break up with me."

"..."

-end of flashback-

See? I tried. So I'm not the bad guy here! I admit. I liked her, 7 years ago. Nung una ko siyang nakabangga nung grade 5 kami.. tapos grade 6 nagkachat kami.. sinabi sakin ni Jason na nag chachat si Bianx sa mIRC, at Bianx_20 and nickname niya dun. Kaya ginawa kong Dylan_20. 4 months kaming magkachat.. Pero one time I saw her with my cousin.

They were smiling.. Never ko siyang nakitang ngumiti sakin ng ganun.. Tapos sinabi sakin ng cousin ko na gusto niya si Bianca.. ano pa bang magagawa ko? Edi hinayaan ko na siya kay JP..

Grade 7 ng nagtransfer si Niña sa school. Nagandahan ako sa kanya. Maganda naman talaga siya eh.. madami nag kakagusto sa kanya, maraming gustong tumabi sa kanya, pero she chose me. Matalino siya.. unlike Bianca.. sabi ni Jason.

Nung nag highschool na kami, lumipat ng school si JP. Nag Lasalle siya.

Nung 4th year HS, nag cross ulit ang landas namin ni Bianx.. Siya pala yung sinasabi ni mommy na future wife ko. Ano ba dapat kong gawin? Nasaktan ko siya.. bad mood lang ako nun kasi tinurn down ako ni Niña.. pero I really didn't mean it..

Ang dami kong maling nagawa sa kanya simula nung lumpipat siya sa bahay namin. pero i have to admit, masama parin loob ko kasi gusto ko siya non, pero masaya siya sa cousin ko. At ang pinakamahirap na part dun is gusto rin siya ng cousin ko. Bitter talaga ko sa kanya, i know.

Sa araw-araw ko siyang nakikita sa bahay, minsan gusto ko siyang i-hug.. pero hindi pwede. Kasi may mga bagay akong nasabi na pain ang dinulot. So I thought that she hated me, and that she she will do this marriage just for the sake of our parents.

Then Niña came back. She said that she likes me. OK GUYS LET ME GET THIS STRAIGHT. That time I never told her that I like her too, but BOOM! Kami na. Funny, eh?? I guess I just have to deal with it.

Pero.. unti unti ko na naman siyang nagugustuhan.. sa araw-araw naming magkasama sa iisang bahay.. I'm slowly falling for her.. again..

Bianca's POV

Bakit kaya niya biglang natanong kung gusto ko si Nathan? Nakita niya kaya??

"Nakita mo?"

"..."

"..." aba mag papatalo ba ko! Yan din reply ko sa kanya!

"GUSTO MO BA SIYA?"

"So nakita mo nga. Wala lang yun. Babalik na siya ng Korea." Sabi ko

"..."

Mukhang hindi siya naniniwala. Iniisip niya ata na 'Bakit babalik si Nathan sa Korea, Korean ba siya?' Nako masabi na nga!

"Half korean half filipino siya.. pinoy dad niya. Nasa Korea parents niya."

"..."

"Selos ka?"

"Sa tingin mo?" Ang labo niya. Bakit niya ibabalik sakin yung tanong?

"Ewan, kaya ko nga tinatanong eh.."

"..." tahimik na naman siya! Aba!!!

Ayun. Iniwan niya na ko at pumasok siya sa pesteng kwarto niya! Sana naman sinagot niya tanong ko diba?!?! Kamusta naman yon!?

7 pm na, hindi pa rin niya ko pinapansin.. Y_Y teka! Pano ba naman niya ko papansinin??? Eh hindi nga siya lumabas ng kwarto! Malamang nagbabasa lang yun ng mga libro niya! Ano ba yun! Sem break na nga tapos magbabasa pa rin siya ng libro! Jusko kung ako nga ayokong nag babasa eh, kabaligtaran ko talaga siya kahit kelan!

Pero naguiguilty ako eh..hindi kasi ako nag luto. Hindi rin naman siya nagluto. Kaya tumawag na lang ako sa Mcdo para magpadeliver ng food. Anong inorder ko? Mc Chicken meal sa kanya, at sakin? 2 pc chicken! Yum!! Go bigtime naman yun kanya noh! so para fair! Heeheehee!

After 30 minutes dumating na si manong mcdo. Badtrip! Ang mahal pala nung meal niya. Hmpf!

Nilapag ko yung food sa dining table.

Naglakad ako sa may kwarto ni Tofer.

Kumatok ako.

"Tof.. kain na tayo.."

"..."

"Galit ka pa rin? Uhm.. sige, mukhang ayaw mo ko makita ngayon eh.. lalabas na lang muna ko para makakain ka na.."

"..."

Naglakad na ko papalayo sa may kwarto ni Tofer ng biglang bumukas yung pinto ng kwarto niya.

"Wag ka na lumabas.. gabi na. Tara sabay na tayong kumain.."

"..."

Ngumiti ako sa kanya.

-end of POV-

Dylan's POV

7:47 pm na. andito pa rin ako sa kwarto ko. Gustong gusto ko na lumabas ng kwarto, malamang gutom na yun. Pero hindi ko parin matanggal sa isip ko yung kanina eh.. parang masyado akong pinarusahan ni Lord dahil hindi ako naging mabuting asawa.

Kumakatok na si Bianx..

"Tof.. kain na tayo.."

Ano? Nagluto siya? Bakit? Inaamo ba niya ko dahil sa nakita ko kanina?

/

"Galit ka pa rin? Uhm.. sige, mukhang ayaw mo ko makita ngayon eh.. lalabas na lang muna ko para makakain ka na.." sabi niya

BIANX HINDI AKO GALIT! Nagmadali akong bumangon sa kama at binuksan ang pinto. Sakto! Nakahawak na siya sa doorknob!

"Wag ka na lumabas.. gabi na. Tara sabay na tayong kumain.."

"..."

Ngumiti lang siya.

Nagpunta kami sa may dining table dahil dun nakapatong yung pagkain.

"Bianx, sa may sala tayo kumain, may papanoorin tayo.."

"Talaga?? Ano??"

Ngumiti lang ako sa kanya.

Pumasok ako ng kwarto para kunin yung DVD na binili ko. Nahirapan pa kong mamili ha! buti na lang alam ko number ni Carla and Mae kaya tinanong ko kung ano yung sobrang gustong movie na hindi pa napapanood ni Bianx pero gustong gusto niyang panoorin.

Flashback

Dinial ko number ni Carla

Calling..

Carla Gamboa

+639175**7584

Ring lang ng ring.. walang sumasagot.. pano ko malalaman kung anong movie gusto niyang panoorin??

"KAYA NGA MAY MAE EH!!"

Dinial ko number ni Mae..

Calling..

Mae Aduna

+639176**9542

Pangatlong ring..

"Hello?"

"Mae? Uhh.. kasi, gusto ko lang itanong kung anong movie yung hindi pa napapanood ni Bianx na sobrang gusto niyang panoorin. Gets mo ba? yung movie na hindi niya pa napapanood pero gusto niyang panoorin? Hindi mo pa rin gets? Yung gustong gusto ni Bianx na-

"GETS KO! Ano ka ba! 50 first dates! Jusko. You don't have to repeat it over and over again! Geez. I'm not stupid.. Ok fine, I'm a bit stupid."

"THANKS MAE!! SOBRANG THANK YOU!!!"

"Wala yun, hehe! Pasayahin mo si Bianx ha!"

"Yes ma'am! AY! Pakisabi nga kay Carla itapon na niya yun cellphone niya! Hindi naman niya sinasagot yung mga tumatawag sa kanya eh! Sige baba ko na ha! bye!! "

-end of flash back-

Lumabas ako ng kwarto ko, at pinasok yung cd sa DVD player.

Tumingin ako kay Bianca, kitang kita sa kanya na nagulat siya sa palabas.

"Seryoso ka bang gusto mo yan panoorin??"

"Oo naman, bakit? Ayaw mo ba? ang alam ko gusto mo yan panooorin eh.." nakangiting sagot ko sa kanya.

Napanganga siya

"Oo nga.. pano mo nalaman???"

Ngumiti lang ako sa kanya

"Huy pano nga!!"

"May nagsabi sakin.. tara kain na tayo! Gusto mo ipaghimay kita?"

"Hmm... sige!!" pa hmm hmm pa siya! Alam ko naman hindi niya kayang mag himay ng chicken gamit spoon and fork! Haha!

"Oh eto na! play na natin ha!"

"Sige, kain na rin tayo."

Tumango ako at ngumiti.

Fries pa lang yung kinakain ko. Si Bianx nakafocus talaga sa panonood. Nung naubos na yung fries ko binuksan ko bigla yung

burger.. uhh.. mc chicken, kasi hindi nman siya burger na hamburger! So chicken burger.. wait, pwede ba natin tawagin yun na burger kahit na hindi hamburger? Anyway.

"Bianx, gusto mo ng burger?"

"Hmm?"

"Burger." Nilapit ko sa may bibig niya yung burger ko. Nakatingin parin siya sakin. After 5 seconds kumagat na siya.

Pag kagat niya, ako na ulit kumain ng burger. Pero napansin ko na last bite na lang.. si Bianx wala ng kinakain.

"Bianx oh." Nilapit ko na naman sa may bibig niya yung last subo ng burger.

"Bakit mo ko papakainin ng tira??? Ano ko? ASO??"

"Ikaw first bite eh, dapat ikaw rin last." Nilapit ko pa maslalo yung burger as in pag ngumanga siya diretso loob na yun.

Wala siyang choice kung hindi kainin yun.

Actually ngayon lang ako naging ganun. Siya yung first person na naka "first bite" and "last bite" sa burger ko. Ibang Dylan na noh? dapat lang.

Nasa part na kami na nalaman na ni Drew na may sakit siya. Napansin ko si Bianx ang layo na sa tabi ko.

"Bakit ang layo mo naman? Lapit ka naman sakin."

Tumingin lang siya sakin tapos humarap ulit sa tv.

"Ako na nga lang lalapit." Sobrang magkatabi na kami ngayon. As in magkatabi. Hinawakan ko ulo niya at isinandal sa balikat ko.

"Bianx.. kung inaantok ka na, pwede kang sumandal sa balikat ko. Pag naiiyak ka naman pwede mo akong yakapin. Kung may gusto kang puntahan, sabihin mo lang sakin.. gusto ko ako unang makakaalam. Pupunta kagad tayo sa lugar na yun.."

'Kung gusto mo akong makasama habang buhay sabihin mo lang sakin.. Simula ngayon pasasayahin na kita.. aalagaan kita, hinding hindi na kita sasaktan..' I thought.

"..." nakita ko lang siyang nag smile ng konti..

Natapos na yung palabas at nakasandal pa rin si Bianca, teka bakit parang nababasa yung t-shirt ko??

"Bianx..? ok ka lang??"

Tiningnan ko siya, umiiyak.

"Ok lang ako, na touch lang ako masyado sa ginawa ni Adam Sandler.."

Pinunasan ko yung mga luha niya.

"Tofer.."

"Hm?"

"..."

"Diba gusto mo mag beach? Tara sabihin natin kay Ryan na pumunta tayo sa resort nila next week. Tawagan na rin natin sila Mae and Carla.."

Napatayo siya sa upuan sa gulat.

"TALAGA???"

"Mm-hmm." Nag nod ako.

Tumayo ako

"Masaya ka ba?"

"Oo!! Sobra!! Seryoso to ha?? walang bawian ha!!"

"Oo nga!"

"Pinky promise??" nilapit niya yung pinky finger niya sa may mukha ko.

"Ang lapit naman masyado!! Oo promise!" at nag pinky promise kami. Ok childish.

Chapter 32

Bianca's POV

Waah. Ang saya ko! Pupunta kami ng beach!! Kelangan tawagan ko na si Ryan, baka mag bago pa isip ni Goatie eh!

"Tof, tawagan na natin si Ryan!! Tara na!!"

Hinila ko siya para maupo, tapos kinuha ko yung chordless,

Dinial ko na yung number ni Ryan sa bahay pero ring lang to ng ring.

"Bakit ganun.. walang sumasagot.."

Dinial ko ulit.. naka 5 na rings bago pa to sagutin

"Ryan!! Bakit ang tagal mong sagutin???"

"Ay. Wala ho si Ser dito. Sabi niya ho gagabihin siya. Sino ho sila?"

"Ay manang!! Si Bianca to! Paki sabi kay Ryan tawag siya pag dating niya ha?? Sige po Baboo!!"

Pinindot ko na yung off. Natulala ako.. bakit kaya gagabihin si Ryan?

"Bianx? Ok ka lang?" hindi ko napansin yung sinabi ni Tofer. Nagiisip pa rin ako kung nasasaan si Ryan, gagabihin lang naman yun pag ako kasama niya o kaya paguuwi siya sa bahay nila sa south.. pero ngayon sino kaya kasama niya?

"Bianx.." hinawakan niya yung kamay ko at medyo shinake.

"Ha..ha?" tanong ko.

"Wala.. wala pa si Ryan sa bahay? Bakit hindi mo tawagan sa cellphone?"

"Ayoko.."

"Eh mas madali kaya kung dun mo siya tatawagan! Ano ka ba! Tawagan mo na!"

"Ayoko!! Tataas bill ko noh! Bakit kaya hindi ikaw yung tumawag?? Tutal wala ka naman tinatawagan diyan eh.. wala ka rin tinetext."

"Ha? Eh.. ayoko! Mataas din bill ko eh! Haha! Landline na lang! libre naman tayo dyan eh!"

"Wag na nga, puntahan na lang natin siya mamaya!"

Ngumiti ako sa kanya. Hawak niya pa pala yung kamay ko. Napatingin ako sa kamay ko tapos bigla niyang binitawan yung kamay ko. Awkward. Hahaha! Nakakahiya. Nagblush tuloy siya.

"Hahaha! Tingnan mo yung mukha mo! Ang pula!"

"Mapula? Tss. Rosy cheeks talaga ko eh!"

"Ang kapaaaaal! Sige na nga! Baka bawiin mo yung beach eh!"

"Hindi ko babawiin yun, sa isang kondisyon." Ano ba to! May kondisyon pa! nakakaasar naman. Ano na naman kaya yun?

"Sige, ano yun? Kahit ano!" sabi ko. Kahit ano? Oo! Para lang sa beach!

"Kahit ano ha??" ang kulit niya ha. Tumungo lang ako bilang sagot.

"Umm.. Bianx?"

"Ano? Game na! ano ba yun??"

"Can I..." and tagal naman!! Ano ba yun??

"Wha-

"kiss you?"

"Sus kiss lang pala eh! ... WHAT?!?! Are you insane?? KISS?? What's wrong with you??? NO!!!" kiss? Nababaliw na ata siya eh.. "first kiss yun.. dapat special yung lugar.."I whispered.

Pagkatapos ng mga sinabi ko nagpout lang si Tofer, mukhang nalungkot ata.

Tumayo ako pero hinawakan ni Tofer yung kamay ko.

"Bianx.." lumingon ako sa kanya. Bigla niya akong hinila papapunta sa mukha niya. Tapos.. alam niyo na. his lips met mine. Goodbye first kiss..

Tinulak ko siya tapos tinakpan ko yung bibig ko.

"Ano ka ba! First kiss ko yun eh.."

"..." nakatingin lang siya sakin

"..."

"Tulog ka ba talaga nun?.. I mean, hindi mo nafeel?" huh? Ano yung hindi ko nafeel?

"Ang alin?"

"Nung natulog tayo sa bahay namin.. yung naghanda ka.. pumasok ako sa kwarto mo nun.. tapos may sinabi ako.."

"..." yung anniversary namin??? Pumasok siya sa kwarto? Sinabi? Naramdaman? Ok weird.

"Hindi mo talaga alam yung mga sinasabi ko?"

Umiling ako. "hinde.."

"Ah ganun ba? Ok.. never mind! Hehe! Ako na first kiss mo ngayon! Ibig sabihin hindi ka na pwede kumiss ng ibang tao, ako na yung may ari ng lips mo! Ok?? GOOD."

"Ang daya mo! Pero sayo hindi ako yung una.. tss. Walang kwenta." Tinakpan ko kagad yung bibig ko pag sabi ko nun! oh no.. na kakahiya..

Ngumiti lang siya, yung pilit na ngiti. Haha! Ang panget naman niya!

"Pangit ng ngiti mo! Nakakatakot! Haha!"

"Hindi nga ikaw yung first kiss ko, pero wag kang mag alala, virgin pa ko eh! Muahahaha!"

"AY NAKO ANG BABOY MO! NAKAKADIRI KA!!"

"Ako baboy? Ano ano?? Ulit nga. Sinong baboy?" aba loko to ha!!

"AKO!!! Bwiset!!" Bakit ba kasi baboy pa hinirit ko eh!! Nakakainis!!!!

"Tara, labas tayo! Lakad lakad.. holding hands.. alam mo na, ginagawa ng mag asawa.. hehe!"

"Mag asawa ka dyan! Hindi pa nga tayo nag dedate eh tapos sasabihin mo mag asawa na kagad tayo?"

"Oo nga noh? Ano ka!! Na date na kaya kita sa tagaytay!!!"

"Hindi yun date! Sinira mo araw ko nun eh. Pati ang ginagawa ng magasawa hindi nag lalakad sa labas! Nagkakandado sa loob ng kwarto! Timang ka pala eh!"

Natawa sa mga sinabi ko si Tofer. Ano kayang nakakatawa? Diba sa loob naman talaga ng kwarto yung magasawa?

"Mas kakaiba pala ikaw magisip kesa sakin eh! Anong gusto mo, magkandado rin tayo sa kwarto? Tara na nga Baby! Labas na tayo." Nasa may pintuan na siya ng bahay. Binuksan na niya ito.

"Sige, basta wag mo ko iiwanan magisang naglalakad ha! Ayoko ng feeling eh."

"Oo na, hawakan mo kamay ko para hindi kita iwan." Ngumiti ako tapos tumakbo ko papalapit sa kanya at hinawakan ko yung kamay niya.

Dylan's POV

Tumawag siya kela Ryan.. nung una walang sumasagot hanggang sa biglang natutulala na si Bianx.

"Bianx? Ok ka lang?"

"..." tulala pa rin siya. Ano kaya sinabi ni Ryan?

"Bianx.." hinawakan ko yung kamay niya at medyo shinakeshake.

"Ha..ha?" yun! Ibig sabihin malalim nga iniisip niya. Siguro hindi si Ryan yung nkausap niya. Si manang siguro yun. Asan kaya si Ryan ng ganitong oras?

"Wala.. wala pa si Ryan sa bahay? Bakit hindi mo tawagan sa cellphone?"

"Ayoko.." ayaw niya? Bakit kaya? Ano bang meron sa kanila ngayon? LQ?

"Eh mas madali kaya kung dun mo siya tatawagan! Ano ka ba! Tawagan mo na!" tama naman diba? Hehe mas mapapabilis pag cellphone! Nako namamanok na naman tong babaeng to!

"Ayoko!! Tataas bill ko noh! Bakit kaya hindi ikaw yung tumawag?? Tutal wala ka naman tinatawagan diyan eh.. wala ka rin tinetext." Yun yon eh! Tataas yung bill niya. At ako?? Mababa ba bill ko? Eh halos sa cellphone kami nag tetelepono ni Niña! Pano kaya to?

"Ha? Eh.. ayoko! Mataas din bill ko eh! Haha! Landline na lang! libre naman tayo dyan eh!" Mataas din bill ko kakatawag kay Niña nun eh! Pati bakit nga naman ba namin hindi naisip na libre kami sa PLDT? Eh Kami may ari nun eh! Nahahawa na ko sa kamanukan niya! Grabe! Oh my good Lord!

"Wag na nga, puntahan na lang natin siya mamaya!" ahh. Kaya pala. Gusto niyang Makita! Tss. HINDI PWEDE! Ayoko!

Napansin ko siyang nakatingin sa kamay namin. WAAAH! Hawak ko pa kamay niya!! Hassle naman oh!

Agad agad kong binitawan yung kamay niya. Awkward.

"Hahaha! Tingnan mo yung mukha mo! Ang pula!" May gana pa siyang mangasar ha! Tingnan niya kaya yung kanya! Mapula rin!

"Mapula? Tss. Rosy cheeks talaga ko eh!" haha! Totoo naman eh! Baby face eh!

"Ang kapaaaaal! Sige na nga! Baka bawiin mo yung beach eh!" deny pa siya! Haha! Pero gusto niya naman mag OO sakin haha!

"Hindi ko babawiin yun, sa isang kondisyon." Akala niya ba libre yung beach? Hindi noh. Syempre may kapalit yun! Simple lang naman hiling ko eh..

"Sige, ano yun? Kahit ano!" OH NABASA NIYO HA!! KAHIT ANO! K-A-H-I-T A-N-O!

"Kahit ano ha??" mukhang nakulitan siya kasi kumunot yung noo! Haha bakit ba! Baka bigla niyang bawiin yung kahit ano eh.

"Umm.. Bianx?" eto na! nag sisimula na kong tanungin siya..

"Ano? Game na! ano ba yun??" Haha! Naiirita na siya! Ano siya sabik malaman yung kondisyon?

"Can I..." nakatingin lang siya sakin na naiinip na.

"Wha-

"kiss you?" hihirit ka pa ha! Walang tanggihan!

"Sus kiss lang pala eh! ... WHAT?!?! Are you insane?? KISS?? What's wrong with you??? NO!!!" SABI NIYA KAHIT ANO! Y_Y daya talaga nito.. may binulong pa siya.. ANO DAW YUN!?

Pagtapos nung naging reaction niya sa condition ko wala akong nagawa.. nag pout lang ako.. puppy face! Hehe!

Tumayo siya.. no you're not going anywhere without giving me a kiss. =p

Hinawakan ko yung kamay niya.. "Bianx.." sabi ko.. at bigla ko siyang hinila at sabay hawak sa mukha niya.. I kissed her.

Chapter 33

Alam kong may hangover parin kayo dun sa kiss pero ibang chapter na to eh. Let's move on..

Lumabas kami ng bahay ni Bianx.. naka holding hands... oh tama na kinikilig na naman kayo eh! Sa totoo lang ako rin eh. Nag lalakad kami sa street namin.. nakakatuwa, walang tao.. wala masyadong sasakyan.. tahimik. Parang kaming dalawa lang yung tao sa mundo ngayon. Mahal pa rin talaga ko ni Lord despite ng mga nagawa ko before sa kanya.

"Tofer.. ang ganda ng moon oh.. tingnan mo" tinuro niya kung nasan yun moon. Bianx.. malamang alam kong nasa langit yun moon.. hindi mo ko kelangang gawing tanga.. -_-

"Maganda?" tumingin ako sa kanya

NEED TO BE NEXT TO YOU PLAYING

"Oo.." sabi niya habang nakatingin din sakin..

"Tss.. Mas maganda pa Baby ko dyan eh.."

Ngumiti lang siya sakin tapos bumitaw siya sa hawak niya sa kamay ko.. bakit kaya? Papalapit na siya ng papalapit sa mukha ko..

"Huy may bayad yun!" nag skiskip siya habang papalayo sakin. Humarap ulit siya sakin nilabas niya yung dila niya.

"Libre yun! Beeeelat!" nagsimula na kong tumakbo para habulin siya.

Haha! Naabutan ko siya! Hmpf!

"Waaah! Sorry na sorry na! ikaw rin naman eh! Sorry na!"

"Tss. Ikaw talaga! Tara na nga!" nilink niya yung arm niya sa arm ko, yung parang pang kasal haha! Ang kulit. Para tuloy kaming magasawa na talaga..

Bianca's POV

Naglalakad na kami ni Tofer sa street.. hawak niya parin yung kamay ko.. kilig. Tumingala ako para tumingin sa langit.. LORD THANK YOU.. tapos ngumiti ako. Napansin ko ang ganda pala ng moon.. ngayon ko lang napansin eh.. kasi siguro kasama ko si Tofer.. dati hindi ko napapansin yan eh.. pano malungkot ako nun.. siguro.

"Tofer.. ang ganda ng moon oh.. tingnan mo" tinuro ko yung moon. Yung itsura niya nung tumingin sakin parang Bianx-alam-ko-kung-nasan-yung-moon- look. Sorry na.

"Maganda?" tumingin siya sakin

"Oo.." habang nakatingin din sa kanya

"Tss.. Mas maganda pa Baby ko dyan eh.."

OMG! Bakit ganito yung feeling.. parang may gusto kong gawin sa kanya na hindi ko alam.. parang gusto ko siyang samplin o kaya bugbugin na parang ewan! Parang gusto ko lang ilabas tong KILIG FEELING. Hahaha! Kamusta naman yun! Kilig pala yon!!

Binitawan ko yung hawak ko sa kamay niya.

naglean ako sa kanya..

Yup. Tama! I kissed him..

Ang cute niya kasi nung sinabi niya yun eh.. tapos sa kanya pa galing.. hindi ko alam kung tatalon ako sa tuwa o sasaktan ko siya eh! Haaay.

Ibang Tofer na siya. Simula nung nagbago siya feeling ko laging tumutugtog yung Need To Be Next To You pag magkasama kami. O kaya naman pa gang layo layo niya tapos pag dating sa bahay isang malaking smile yung makikita ko ganito oh ^_____^ tapos sa taong mahal ko pa manggagaling diba ang saya?

"Mas maganda ba talaga ko sa moon?" tanong ko sa kanya habang nag lalakad kami.

"Ha? Sinong nagsabi nun?"

"Ikaw! Kanina lang kaya!!"

"Ako? Ah.. baka ibang Bianca iniisip ko nun.. baka si Bianca King, o kaya Bianca Gonzales, o kaya-

"FINE! Hindi na." tumahimik lang siya.

"Hindi ka ba naniniwala na mas maganda ka kesa sa moon? Kelangan ko bang ulit pa sayo para lang maliwanagan ka na MAS MAGANDA KA KESA SA MOON?"

"..."

"Tapos ngayon tatahimik ka.."

"Bakit ang bait mo ngayon.. naninibago ako.. hindi ko maexplain yung feeling pero ibang iba ka.. may kasalanan ka bang nagawa???"

"Wala noh. Wala lang. gusto ko lang magbago. Para cool. Kaya ikaw, tama na pag dududa!! Ok?" Para cool? Anong klaseng sagot un Pag hindi pa siya nagbago hindi siya cool? Ang weird niya talaga. Weird na nga kumilos, weird pa sumagot! Kahit kelan kambing siya! Hahaha!

"Yes boss!" hindi ko pa rin tinatanggal yung hawak ko sa braso niya. Baka kasi pag bumitaw ako, bigla siyang mawala..

-end of POV-

music will stop here.

Ryan's POV

Andito ako ngayon sa Makati. Kasama ko mga HS friends ko. Tinawagan ko sila para uminom. Bakit? Ewan ko rin.

"Pare ano ba nagyari sayo? Binusted ka ba? Putik! FIRST TIME!!" sabi ni john

"Gag*! Hinde. Hinde ko naman nililigawan yun eh. Siguro, sabihin na lang natin na.. I have to let her go."

"Aba Ryan!! May sakit ka ba?? Parang wala ka ata sa sarili mo ngayon ha!" sabi sakin ni Alexa.

"Haha!! Tingnan mo to. Seryoso ako!"

"Single ka pa pala eh! Edi panahon na para makipag date ka ulit!" sabi naman ni Rob

Ang kukulit ng mga barkada ko. Hindi mo alam kung dinadamayan ako o nangaasar eh.

Ngayong gabi, hindi ko na iisipin si Bianca. Tama. Iinom ako! 20 shots! Kakayanin ko! Malaki naman bahay alak ko eh! After ng 20 shots, goodbye Bianca na!

After 1 hour

"Ry tama na! naka 19 na shots ka na! tapos 5 beer! Pinapatay mo ba sarili mo??" sabay hampas sa balikat ko ni Francis

"Sira ka pala eh! Buhay pa ko diba? Wala pa kong tama! Ano ka ba! Isang shot na lang panalo na ko! Haha!" kinuha ko yung tequila at nag lagay ako sa shot glass.

"Sandra! Sayo tong shot na to! Pag nalunok ko na tong last shot na to, tayo na!"

Ngumiti lang siya sakin. Alam ko naman na matagal na niya akong gusto eh. Putik wala akong plano magseryoso ng mga walang kwentang babae. Alam ko naman na nangongolekta lang siya ng lalaki eh. At alam kong gusto niya ako sa koleksyon niya.

98

Ininom ko na yung last shot. Lumapit sakin si Sandra at hinalikan niya ako. Sa sobrang hilo ko, hinalikan ko na rin siya. Tsk tsk. !@#$ talaga. Hahaha!

From now on, sister na lang talaga turin ko sa kanya. Weird naman din yung feelings ko para kay Bianx eh. Hanggang mag kapatid lang talaga turingan naming. Hindi na pupuwedeng humigit pa don.

Goodbye, Bianca Marie..

Chapter 34

Nakahawak pa rin si Bianx sa may braso ko, nakakatuwa.. feeling ko para kaming highschool na mag boyfriend. Yun nga lang nagskip kami sa pag dedate at sa pag liligawan. Pero who cares? We're happy.

Nasa may park na kami. Nakakatuwa, walang tao. Kaming dalawa lang. parang ipinagkaloob ni Lord 'tong time na to para samin.

"Bianx upo muna tayo dun oh" tinuro ko yung bench sa may court.

Nag nod lang siya at naglakad kami papunta sa may bench.

Tinanggal ni Bianca yung paghawak niya sa braso ko at umupo. Umupo rin ako sa tabi niya. Nakatingin lang kami pareho sa langit.. ang daming stars ang ganda ng moon. Perfect.

"TOFER FALLING STAR!!!! WISH!!! BILIS MAG WISH TAYO!" pinikit niya mga mata niya. Siguro nag wish siya.. pinikit ko na lang rin ang mga mata ko.

BEAUTIFUL AS YOU PLAYING

Pagdilat ko nakangiti siya nakatingin pa rin sa langit. Bakit ngayon ko lang naisip to, na masaya ako tuwing kasama ko si Bianca.. na masaya ko kasi siya yung ipinagkasundo sakin, na dapat nung simula pa lang pinasaya ko na siya.. na dapat walang Niña.

"Tofer anong winish mo?" tanong niya sakin habang nakangiti siya.

Hinawakan ko yung kamay niya, ngumiti ako..

"Hindi ko na kelangan mag wish, kasi natupad na yung dapat kong i-wish..sa totoo nga masaya ako eh, masayang masaya. Despite the fights, the tampuhan and tears.. kasama ko pa rin siya. And gusto ko nga humingi ng favor sa kanya eh.."

"Ano yung favor mo sa kanya?" tumingin ulit ako sa langit

"Na sana.. hindi niya ako iwan, na kahit anong mangyari.. nasa tabi ko lang siya.. Yung tipong lahat iniwan na ko, pero siya nasa tabi ko pa rin.." tapos tumingin ako sa kanya, nag smile siya.. tapos sumandal sa balikat ko.

"I won't leave you.."

"Bakit? Ikaw ba yun? Hahaha! Ikaw talaga! Halatang gustong gusto mo ko eh! Hindi naman ako nag sabi ng pangalan ah! Magpakipot ka naman kahit papaano!" Tapos tumawa ko

"Kahit kelan talaga hindi mo kayang isara yang bibig mo noh? Kinikilig na ko eh tapos sasabihin mo bigla na-EWAN! Uwi na ko! BABOO!!" Binitawan niya kamay ko tapos tumayo siya. Nagmamadali siyang maglakad papalayo. Tapos biglang tumakbo.

"BIANCA!!!"

Huminto siya.. hindi siya lumingon sakin. Nakatayo lang siya. Tumayo ako mabagal akong naglalakad papunta sa kanya. Siguro mga 8 meters away kami. Sumigaw ako...

"ANG SABI MO HINDI MO KO IIWAN! BAKIT MO KO BIGLANG INIWAN?"

Lumingon siya sakin. Nakayuko lang ako tapos naka pout yung lips ko. Nag sisimula na siyang mag lakad papunta sakin. Tapos bigla siyang tumakbo at hinug ako. I hugged her back.

"I'm sorry.. *huk* I'm sorry.. *huk* sorry.. *huk* hindi na kita iiwan.. *sniff*"

"Talaga..?"

"Oo.. *huk*" tinanggal na naming ung hug, umiiyak siya. Pinunasan ko mga luha niya..

"Eh bakit ka ba umiiyak??"

"Ewan ko.. bigla na lang tumulo eh."

"Tss. Naguilty ka lang kasi iniwan mo ko! Wag mo na gagawin yun ha?"

"Oo."

"Promise??"

"Oo nga.."

"Hindi nga. Promise???" Nako mukhang nairita na siya! Nag salubong bigla yun kilay niya eh hahaha!

"LINTEK! SINABI NG OO EH!"

"HAHA! Inaasar lang talaga kita! Tara na! Puntahan na natin si Kuya Ryan mo!"

"Kuya Ryan? Hahaha! Ang yabang mo! June ka nga pinanganak eh! Edi dapat Kuya Tofer kita?"

"Kuya Tofer ka dyan! Hindi pwede! Kasi kasal tayo. Dapat ang tawag mo sakin, Baby.. Honey.. Babe, Darling.. yun mga ganun!" natawa siya bigla! Nakangiti lang ako sa kanya.

Nagsimula na kaming mag lakad papunta sa bahay ni Ryan. Tawa parin siya ng tawa.

"Bakit naman gusto mo ng ganun tatawag ko sayo? Gusto mo DARLING? DEAR? SWEETHEART?" tumawa ulit siya ng malakas.

"Pang matanda na yun eh! Hindi bagay satin! Sige.. Baby na lang! kaya lang hindi ka naman baby face... tapos tingnan mo yung mukha mo.. hindi ka na gwapo.."

Huminto kami tapos hinawakan niya mukha ko

"Tofer ang pangit mo na, mukha ka ng lolo, ang dami mong wrinkles oh.." tinititigan niya lang ako eh! Kunwari pa siya.

/

98

"Sino kaya mukhang matanda satin? Tingnan mo nga ikaw oh.. ang haba na ng buhok mo, kelan ka ba huling nag pagupit? Mukha ka ng manang!" hinawakan ko yung buhok niya.

"Seryoso mukha na akong manang?? Kelangan ko na ba magpagupit??" na conscious ata siya sa mga sinabi ko.

"..." hinawakan ko lang kamay niya at nagsimulang mag lakad.

"Hindi mo naman sinagot tanong ko eh.. ano nga??"

Hindi pa rin ako nag salita. Hindi na rin siya nangulit.

"Alam mo, kahit na mag mukha ka pang manang, kahit na dumami wrinkles mo, kahit sobrang slow ka at naïve.. Ok lang sakin. Basta ang alam ko nag promise ka sakin na hindi mo ko iiwan. Ikaw lang ang makakasama ko, ikaw ang gusto kong makasama. Yun lang naman ang mahalaga sakin eh.."

MUSIC WILL STOP HERE.

"Ayos. Hindi napigilan ng kambing ko! bumigay! Sabi ko na nga ba.. matagal mo na kong gusto eh! Tss. Siguro yung mga panahon na inaasar mo ko.. tapos inaasar kita kinikilig ka noh? " Natulala lang ako sa kanya parang ganito -> O_O hahaha "HAAY!. Sabi ko na nga ba eh! Gandang ganda ka na sakin nung simula pa lang. Kaya siguro hindi ka tumanggi na pakasalan ako kasi alam mo na magiging maganda at gwapo mga anak mo! haha! i knew it! "

O_O

"Tingnan mo tinititigan mo pa rin ako.. tama na! natutunaw na ko eh.. " Panahon na siguro para mag salita ako.

"Alam mo.. ang bading nung hirit mo eh! Sana tumahimik ka na lang." Turn naman niya para gumanito O_O

"See. Ur gay."

"Tss. Sige na. Gay na ko. Nahawa kasi ako sa pagiging gay mo eh!" OK IM NOT WINNING!

"Oo gay na ko. Kasi nag kagusto ko sa isang gay. Too bad."

Bianca -> O_O

"Sinong gusto mo?"

"Shut up. You're annoying."

Nag smile lang siya sakin. Na gets niya kaya? haha! Slow kasi yung batang yun eh. pero sana gets niya. Muahahha!

Chapter 35

Ano ba to, masyado na ko kinikilig ngayong araw na to. Halos nakalimutan ko na nga yung pag alis ni Nathan eh. Haay. Sana lagi na lang kaming ganito. Naglalakad, holding hands.. tahimik.. walang away, walang istorbo..

"Tofer." Lumingon siya sakin.. grabe ang gwapo niya.. hindi totoong may wrinkles na siya, style lang yun para matitigan ko siya. Tapos baby face nga siya.. ang ganda pa ng pagka singkit ng eyes niya.. haay. 'Can I have you forever?' gusto kong itanong sa kanya yan.

"Bakit?"

"Gu..gus-gust.."

"I like you.."

Hinigpitan niya yung hawak niya sa kamay ko, yung tipong ayaw niya akong pakawalan sa pagka hawak niya. Ganun.

"Can you tell me how much you like me?"

"Tumingin ka sa langit.." uhh.. ano kuneksyon nun sa tanong ko? weird.

"Hindi mo naman sinagot yung tanong ko eh!"

"Just look."

Tumingin ako sa langit. Ang daming stars.

"Ano naman?" nakatingin kami pareho sa langit.

"Then count the stars." napatingin kao bigla sa kanya, habang siya nakatingin pa rin sa langit.. naka ngiti.

"Nababaliw ka na ba? Impusible yung pinapagawa mo eh!" tumingin siya sakin..

"Exactly. Ganun din ka impossible ang pag explain kung gano kita gusto."

Nag smile siya sakin at inalis na niya yung tingin niya. Ibig sabihin hindi niya maexplain kung gano niya ko kagusto? Maraming dahilan? O hindi niya lang talaga maexplain? Oh well. He told me he likes me anyway. Yun lang.

"Me too.. I can't even explain how much I love you.." bulong ko.

"Nagsasalita ka na naman mag isa dyan! HAY NAKO! Bakit ba kasi minsan nababaliw na yung asawa ko eh! Baka pati ako mahawa pa sa kabaliwan mo!"

"Bakit ako nagging baliw?? HA? Sabihin mo nga? Nakakaasar ka talaga!" binitawan ko kamay niya. Nag grin lang siya. GRR! Nangaasar talaga siya!

Maya maya

"OHMYGOD!" badtrip!! Bakit ngayon pa?!

"Ok ka lang?? kaya mo pang maglakad???"

"Ok lang ako.. ouch.." Natapilok ako! Anong kamalasan ba tong nangyayari sakin!!!

"Anong ok?? May ok bang nag ouch?? Sabi ko naman sayo diba, sabihin mo lang sakin kung nasasaktan ka.. bakit ba ganyan ka?"

"Masakit, masakit.."

"halika bubuhatin na kita, sumakay ka sa likod ko."

Ayoko na siyang galitin, baka mamaya mag talo pa kami.. umakyat ako sa may likod niya.

"Mabigat ako.. wag na lang."

"Tss. Ok lang.. para san pa ko kung walang magbubuhat sayo diba? Chix talaga oh!!"

"EH AYOKO!!! Mabigat ako.. aasarin mo lang ako pag tapos eh.."

"Ano ka ba!! ano ba mas mabigat, GOAT o CHICKEN?!"

"Goat."

"Eh ano mas malakas, GOAT o CHICKEN?!"

"Go..at.."

Ano ba yan! may point siya.. hahaha! Nakakaasar! feeling ko napaka bobo ko talaga pag siya kasama ko! argh.

98

Naglakad na kami papunta kela Ryan, buhat buhat pa rin niya ko.. nasa may tapat na kami ng bahay ni Ryan. Maya maya nakita na naming padating nay un kotse ni Ryan.

Bumukas yung pinto ng kotse, at babae yung lumabas..

"Tofer kilala mo ba yung babae..?"

"Hinde eh. Ngayon ko lang yan nakita. Hinde mo rin ba kilala?"

"Hinde.." hindi niya rin kilala.. sino kaya yun.. bumibilis tibok ng puso ko.. bakit kaya..

Bumukas yung pinto sa may passenger's seat. Si Ryan na yung bumaba.

Nag lakad si Tofer papunta sa may kotse.

"Ry! San ka galing?"

"Sorry.. lasing na kasi si Ryan eh.. kanina pa kasi kami umiinom, naparami inom niya.."

"Sandy, sa bahay ka na matulog.. tara na sa loob... sino ba yang kinakausap mo? Nanlalalaki ka na kagad gusto mo mag break na tayo??"

"Hinde, ano ka ba Ry, kaibigan mo ata sila eh."

Tumingin samin si Ryan. Tapos tumingin siya sakin.. pangiti pa lang ako sa kanya ng bigla niyang inalis yung tingin niya sakin..

"Tofer, baba mo na ko.."

"Ano ka ba.."

"Sige na."

Binaba ako ni Tofer. Nag lakad ako papunta kay Ryan.

"Sandy pasok na tayo.. ang sakit na ng ulo ko. Feeling ko na susuka ako eh." Nasusuka ba siya dahil nakita niya ako? Ano bang nagawa kong kasalanan? Bakit ganun siya kumilos? Hinde.. lasing lang siya. Hindi niya alam mga pinag sasasabi niya. Tama.. Ryan.. bakit ka ba nag lasing..

Pumasok na sila Ryan sa loob ng bahay. Iniwan niya kami ni Tofer sa labas. Wala manlang siyang sinabi sakin.. samin..

"Bianca, uwi na tayo.. lasing si Ryan.. pabayaan na muna natin siya."

"Ha.. eh.. teka. Yung babae.. dyan matutulog kela Ryan.. sabihin na lang natin sa kanya na ihahatid natin siya sa bahay niya. Tama, tara sabihin natin un!"

"Ano ka ba! Nakakahiya yun! Pabayaan na lang natin sila dyan. Gawin nila kung anong gusto nilang gawin.. wag na tayong makialam!"

"PERO HINDE PWEDE!"

"Ba-bakit hinde pwede? Nagseselos ka ba..?"

Nagseselos? Sino ako? Nagseselos nga ba ako? Bakit niya naman ako tatanungin ng ganun? Mukha ba akong nagseselos?

"Oo.. kasi pag nag ka girlfriend siya.. mawawalan na siya ng time para sakin.. sino na makakasama ko pag wala ka? Sino mag aalaga sakin pag iniwan mo ko? Para na kaming magkapatid ni Ryan.. tapos hindi niya pa sinasabi sakin na may nililigawan siya. Tapos

ang cold niya pa ngayon.. Ayoko magalit sakin si Ryan.. kasi pag nagalit siya.. pano na ko?"

"Aww.. nagseselos ang baby ko.. hinde yan ano ka ba! Hinde ka naman matitiis niyan ni Ryan eh, pati ikaw parin number one sa kanya. Alam ko yun."

"Pano mo nalaman?"

"Eh kasi.. gusto ka niya.."

Chapter 36

One week after.

Mae's POV

"BIAAAAAANXXXX!!!!!!!" aba sabay pa kami ni Carla sumigaw!

"GRABE!!! Nagkita rin tayo sa wakas!! Sobrang miss ko na kayo!!!"

"Miss ka na rin namin! Alam mo ba tuwing gabi gusto naming tumawag sayo.. kaya lang badtrip, lagi kaming may assignments!! Tapos araw araw pa may quiz! Pero ok lang.. nakasurvive naman kaming penguin friends mo eh!"

"OO noh! Teka, asan si Dylan? Sino nag drive sayo dito?"

"Ah, nag cr lang siya saglit. Ready na ba kayo?? Tara na sa kotse! Si Ryan kanina pa umalis eh!"

Si RYAN??? Kasama siya.. makakasama ko siya sa beach.. pero malamang ang focus lang nun ay kay Bianx.. ganun naman talaga eh. Makakasama ko nga siya hindi naman ako pinapansin. Para san pa kaya yun? Oh well.

Pumunta na kami sa may kotse nila Bianx, andun na rin si Dylan, ngumiti siya samin ni Carla. Aba! Himala to! Ngumingiti na pala siya? Kelan pa siya natutuong igalaw muscles niya sa may bibig pag

nakikita kami? Pero sa bagay. Ang alam ko pinapasaya niya na si Bianx.. at alam kong masaya si bianx. Ok na yun!

2 hours kaming nag biyahe. Ang tagal. Bumakat na ata yung pwet ko sa upuan eh! Hindi na kami nag stop over kasi may dala naman kaing chips pati inumin.

"Ang ganda nung place!!"

"Oo nga eh! Grabe.."

"Andito na pala kayo.. tara lagay na natin yung mga gamit niyo sa loob.."

Kilala ko yung boses na yun.. OMG! Siya kaya yun?? Ang bilis ng tibok ng puso ko.. grabe.. Lord sign ba to?

Dahan dahan akong lumingon..

"Mae!" sabay niyakap niya ako. OH GOD OH GOD! Hindi ako makagalaw.. Ryan.. Bakit ka ba ganyan?

"RYAN!! HINDI NA ATA MAKAHINGA SI MAE!!!" narinig ko na sinabi ni Carla. Tinanggal na ni Ryan yung yakap niya sakin. Tumingin k okay Carla. Carla.. you are soooo dead. Ngumiti lang siya sakin.

"It was really nice talking to you. I hope na I'll get to meet you again sometime.. Bye.."

"Bye Bianca.."

Nag smile ako tapos nag wave sa kanya. Tumalikod na ko at nagsimulang mag lakad papalayo sa kanya. Lumingon ulit ako sa girl na yun at nakita kong nag lalakad na rin siya.

"HEY!! I DID'NT GET YOU YOUR NAME!! WHAT'S YOUR NAME??"

She looked back and smiled at me then answered..

"ATHENA!"

Chapter 40

Athena.. wow. I'll remember that name. Bumalik na ko sa mansion. Everyone's there. Tahimik sila.. ano kaya nangyari?

"Carla, anong nangyari?" tiningnan ko sila isa isa, si Mae... bakit ganun.. nakakapanibago.

"Mae?"

Hindi siya sumagot..

"Ryan?" tumingin lang siya sakin..

"Tara kain na tayo.. ikaw na lang iniintay namin Bianx.."

"Ganun ba? Sorry.. tara na.." lahat kami pumunta na sa may dinning room. Ayos. Tahimik. Si Mae naman hindi kumakain. Ano kaya nangyari?

"Gusto niyo mag stroll tayo sa beach?? Tara! It'll be fun!" ngumiti lang ako sa kanya.. hindi ko ata siya kayang kausapin.

"Sige after nito." SINABI KO BANG GUSTO KO??? Lintek.

Lahat kami nagpunta na sa may beach.. Si Mae naman hindi na kinaya! Tumakbo na at umiyak. Sinundan siya ni Carla. Kaya pala siya ganun kasi nakipag break na sakanya si Chino! Ang kapal naman ng mukha nung chino na yun!! Hindi naman siya gwapo eh! Fine. Matangkad siya and chinito and haay. Ok gwapo. Si Ryan lang kasama ko. Nako naiwan na naman ako sa kanya. Mamaya makita ako ni Tofer kasama siya, baka kung ano pa ang isipin nun.. pero ok lang! I don't care..

"Bianx!! May secret tayo.." uy chismis!!

"Ano un?"

"Alam mo.. nagkaron ako ng weird feelings sayo.. alam mo yun? Wala lang.. gusto ko lang ilabas, ang pangit kasi kung itatago ko eh.."

"OMG! Ako rin!! Kasi lagi ikaw yung andyan para sakin eh.. tapos etong si Tofer lagi akong sinasaktan! Haha! Weird."

"And.. alam mo ba, kaninang umaga.. nung hinug ko si Mae.. iba yung feeling.. parang.. may spark.. nung ikaw hinuhug ko parang wala lang eh.. pero nung kay may parang alam mo yun?? Hindi ko maexplain eh.. sorry.."

"Let's just say may magic! Haha! You mean.."

"Yeah.. teka, may tatawagan lang ako." OMG! CAN THIS BE LOVE?! Hahaha!

Kinuha niya yung phone niya at may tinawagan.. hindi ko na nakita kung sino, basta may pinindot siya un na un!

"Hello sandy? Break na tayo. Sa totoo lang kaya lang kita pinatulog sa bahay kasi yung girlfriend ko nanlalaki. Pero ok na kami. Kaya

wag mo na ko tatawagan o kukulitin. Baka magalit siya sakin. Alam kong siya na talaga yung pakakasalan kong girl."

Tuloy tuloy niyang sinabi yung mga yun. Grabe. Ibig sabihin, magic nga talaga yung naramdaman niya! Ibang klaseng spark un! Kasi 'alam kong siya na yung pakakasalan kong girl' yung binitawan niyang mga salita eh! Aba ayos to ha!

"Yun lang yun??"

"Oo. Ngayon ikaw.. tulong mo naman ang kakailanganin ko!" Si kuya Ryan! In love!!

"Oo naman! malakas ka sakin eh! Pati wag mo siyang papaiyakin ha!! Kung hinde, ako makakatapat mo!"

"Anong akala mo sakin! Player? "

"OO! ANO PA NGA BA!!" biro ko.

Binuhat niya ko bigla yung parang sa mga bigas! Hahaha! Basta buhat bigas. Tapos tumakbo takbo sa beach habang buhat buhat ako!

"BAWIIN MO YUN KUNG HINDI, HINDI KITA IBABABA!!"

"TOTOO NAMAN KASI YUN EEEEHHHHH!!!!"

"TOTOO PALA HA!"

"BABA MO NA KO MONKEY BRAIN!!!"

Binaba na niya ko tapos hinug niya ko

"Ikaw talaga sis! Pahug ako ha, wag kang magalala hinding hinde ko siya sasaktan, as in hinde! Promise ko yan sayo. Kaya galingan mo paglakad sakin ha!"

"Oo na! ilalakad na kita."

FAST FORWARD

Pauwi na kami.. hindi pa rin ako makapaniwala sa nakita ko.. si Tofer nasa room ni Niña, nakahug sa isa't isa.. bakit ba kasi kelangan iwanang bukas yung pintuan.. edi sana walang nasasaktan ngayon..

Dylan's POV

Asan na ba si Bianca? Lagi na lang siyang nawawala pag hinahanap ko siya! Yayayain ko pa naman din sana siyang mag stroll.. pero nawawala siya! Nakakainis naman!

"BABA MO NA KO MONKEY BRAIN!!!"

Ayun! Narinig ko na boses niya! Tumakbo na ko sa lugar na yun, pero mali ata timing ko..

"Bakit ba laging ganitong eksena nakikita ko sayo Bianca?"

Nakahug sila ni Ryan, parang ang saya saya nilang dalawa.. una si Nathan tapos ngayon naman si Ryan.. sa susunod pwede bang ako na?

Fast forward

Ilang minutes na lang uuwi na kami, si Niña pupuntahan ko sa room niya para sabihin na andun na yung sundo niya, iniintay na siya sa may parking.

Nakabukas yung door nung room niya, nakita ko siya naka upo, pumasok lang ako.

"Uy ikaw pala.."

"Oo, andyan na yung driver mo sa may labas.."

"Ah.. okay.." binitbit niya yung bag niya at naglakad papalapit sakin.

"Can I hug you for the last time?" hinug ko na lang siya para naman at least hindi siya malungkot sa naging decision ko last last night.

"Sorry talaga.." bumitaw na siya sa hug niya

"Ok lang.. sige alis na ko.."

So maluwag na konsensya ko. Wala na kong dapat pang isipin kung hindi si Bianca na lang. Wala nang masasaktan at wala ng mang gugulo pa.

It's been two months since nung nag beach kami.. two months na rin yung nakalipas since nag decide si Bianca na lumipat ng school. and hulaan niyo kung saan? Sa SFC pa. So ibig sabihin lilipat siya sa bahay namin sa alabang. Dun na siya titira with our parents. Ayoko nga pumayag sa umpisa pero wala eh, talagang gusto niya. Ayaw niyang gumastos ng kalahating milyon noh? Nakakaasar. Pero ok lang.. 1 year lang siyang magaaral dito.. 9 months to be exact. Tapos after nun may diploma ka na, then you're off to London baby!

Alam kong tatanungin niyo ko kung bakit ako pumayag dun.. teka, sino bang nagsabing pumayag ako? Alam niyo ba kung kelan lang

niya sinabi sakin na hindi siya nag enroll for this sem at sino mga kakonchaba niya? Last last week lang naman! And LAHAT sila alam except me... kung hindi pa siya na dulas malamang hindi niya sasabihin sakin yun.. kaya eto ako ngayon mag-isa..si Bianx nasa alabang.. bukas December 24 na. Wow. Merry Christmas Dylan.

Binuksan ko yung laptop para mag check ng email, naka automatic sign in pala yung MSN ni Bianca, biglang may nag pop.. may nag message sa kanya.

SangMin: Bianx!!! It's been a long time.. I miss you.. MERRY CHRISTMAS!!

Sang Min?? Sino kaya yun? Tiningnan ko yung email address niya, at siya si.. NATHAN.

SangMin: What's up??? I'm still here in Korea.. uy, DL mo nga pala Without You - 1tym astig yan grabe! Translate ko sayo pag kita natin!

SangMin: Oh yeah, I forgot, I'll be back on May 1! Don't worry, may pasalubong ako sayo! Hehe! Sige na! log off na ko! Bye!

"Bwiset. Kahit wag ka na umuwi."

Wala na! sira na araw ko.. tapos si Bianca two weeks ko ng hindi nakikita.. alam niyo ba kung gano kasakit yun? Hindi ko rin magawang umuwi dahil yung prof ko sa isang subject grabe mag bigay ng assignments at panay take home exam!! Nakaka bwiset! Haay. Buti na lang at Christmas break. Pero dahil bad vibes nga kami ni Bianca, I'm stuck here in QC! Ano na kaya ginagawa niya dun..

Bianca's POV

Two weeks ko ng hindi nakikita si Tofer.. kahit tawag wala.. galit pa rin kaya siya sakin? Bakit ba kasi nagsinungaling pa ko eh.. alam ko naman na hindi siya magagalit pag sinabi ko yun.. pero bakit nagsinungaling pa ko? Ayan tuloy.. oh well. Siguro dapat ako na unang magtext sa kanya. Kasalanan ko rin naman eh..

To: My TwstdSunshine

I miss you. Wag kna magalit skn.. m sorry.. I wanna see you na..

Nasend ko na. Teka.. nasend ko?? Waaaaah!! Hindi ko alam gagawin ko.. baka isipin niya na mahal ko siya. Na sobra sobra yung pag mamahal ko sa kanya. Oh well totoo naman eh. Pero kahit na!! nakakahiya..

3 hours ng nakalipas pero hindi pa rin siya nag rereply. Hopeless.

"Ate bakit tulala ka na naman dyan?"

"Ha? Ahh.. I miss Tofer.." tapos napatingin ako sa kanya.. "and I wanna see him.." tapos nag pout ako.

"Tawagan ko gusto mo? Papuntahin ko dito?"

"WAG!!!"

"Akala ko ba namimiss mo siya?"

"Oo nga.. pero.. gusto ko kusa siyang pupunta dito.. yung tipong namiss niya ko.."

Panget naman kasi kung uuwi siya dito dahil tinawagan natin siya, walang kilig..

"Ahh.. ok! Gusto mo pumunta ng mall? Para naman maaliw tayo. Ang boring kaya dito.. pati bili na rin tayo ng damit.."

"Sige, ikaw mag dadrive.."

"Adik ka noh? Grade 6 pa lang ako! 12 years old! Ok ka lang?"

"Sige, ako na hihiram ng kotse." Ginagawa lang akong driver nito ni Kris eh! Pero I love him for that! At least hindi na niya ko binubully unlike before.

Nagready na kami ni Kris at mag paalam na kela mommy Kristy,

"Ma, alis kami ni ate ha. Peram kami ni ate ng kotse.." hindi pinapansin ni mommy si Kris dahil may binabasa siya sa cell phone niya. Tapos bigla siyang nag smile samin. As in WIDE SMILE! Nagulat nga kami ni Kris eh, kasi ngayon lang ulit siya nag smile ng sobrang wide as in akala mo nanalo siya s lotto! Pala smile siya pero ung smile na smile lang.. eto iba eh!

Mommy Kristy: "Wait! Sasama ako! Bibihis lang ako ha!!"

Kaya pala siya nagsmile kasi sasama siya..

Sa mall nag ikot ikot kami, si mommy nakapagtataka, usually mga 4 na damit lang binibili niya sakin eh.. pero ngayon exagge!! 8 binili niya! Tapos 5 na shoes! Wala pa akong nagastos miski isang piso! Si Kris natatawa na lang kasi ang kulit ni mommy, halos lahat ng napasukan naming store binibilhan niya ko ng damit, 3 na skirt, 3 na top, at 2 na dress na ung nabili ko! Sobrang nanghihinayang ako sa ginastos niya para sakin!

Si kris naman nag pabili lang ng PSP at mga 4 na bala nung PSP! Ayos! Ang mahal mahal nung bala eh! 4 pa pinabili niya! Ano ba sila! Di ba sila nanghihinayang?

4:40pm na. Sa wakas at makakauwi na kami. Nag aya na kasi si mommy umuwi eh.. baka na pagod ung credit card niya! Haha!

Pag dating naming sa bahay sinabihan ako ni mommy na maligo dahil may pupuntahan kaming party. Ano ba to! Rush naman masyado! Agad agad akong pumunta sa taas para ilagay na yung mga biniling damit sa room ko, at nag punta na ko sa banyo para maligo.

Tapos na kong maligo, pumunta na ko sa kwarto ko para magbihis. Kaya lang hindi ako makapag decide sa susuotin ko. Si mommy kumakatok na, siguro kelangan ko na talaga ang tulong niya, since maganda siya mamili ng mga damit.

"MAAAAAA! I need your help.. hindi ko alam susuotin ko, anong klaseng party ba yun?"

"Hmm.. suotin mo yung binili natin dress!! Maganda yun."

"Ma, dalawa un eh! Ano dun??"

"Ahh.. eto!! Eto, bilis! Pupunta pa tayo ng parlor eh! Ikaw na bahala pumili ng shoes mo, ok?? Intayin kita sa baba."

Eto na ba susuotin ko? Eh.. sabagay, maganda naman siya, simple pero maganda.. oh well. Hindi ko naman party un para pabonggahin pa yung suot ko.

Nung natapos na kong magbihis, bumaba kaagad ako at si mommy nagiintay na sa kotse. Dumeretso kami sa parlor. Pinaayos niya yung buhok ko at pinalagyan ng make-up, light lang naman. Pina manicure at pedicure na rin niya ko. Isa't kalahating oras rin akong nakaupo. Dun. Haaay. Ano ba talaga ang meron at kelangan magpaparlor pa ko? Saan ba kami pupunta? Si Tofer kaya sasama..?

Dylan's POV

11: 59 am na.. kating kati na kong itext si Bianca..

1 message

received

Sender:

..EverAfter

+639178**2520

I miss you. Wag kna magalit skn.. m sorry.. I wanna see you na..

Tiningnan ko kung anong oras niya sinend yung message..

Sent:

23-December-2***

09:14:54

Ano to!!! Lag??? Kanina pa tong message na to eh, ibig sabihin 3 hours na kong hindi nag rereply! 12:02 na oh! Hassle naman!

Tinext ko kaagad si Mommy , kelangan bumawi ako.

To: Mommy

Mom, I'l have a date wit Bianx latr at Vivere suite, dnt tel her yet. I'l surprise her. Buy her nice clothes ok? Jst wna patch thngs up wit hr. 8:30 dpat nandun na sya. Mom! Pls DNT TEL HER! OK? Luv u mom.

Sender:

Mommy

+639189**2547

Ok baby. I wont tell her. Brianca, Kris and I will be going to glorietta. I'll buy her nice clothes for you! Love u 2.

Ayos! Ngayon ang kelangan ko na lang ay mag punta sa Vivere, swerte ko at family friend namin yung GM dun!

/ 98

Teka, sinabi ko bang pupunta? Nako tinatamad pa ko eh! Tawagan ko na lang muna!

Calling..

Tita Elvie

"Hello?"

"Hello Tita Elvie? Si Dylan po to!"

"Oh, napatawag ka? Do you need something?"

"Uhm.. Tita, gusto ko lang sana humingi ng favor.. BIG favor actually.."

"Okay, what's that?"

"Pwede po ba akong magpareserve sa Skyline?"

"Okay.. Why, what's meron?"

"Tita I know hindi pwede magpareserve pero.. it's a celebration.."

"Celebration? Nino?"

"My Girl and I"

"Ohhh... Really?? Okay! I'll reserve a spot for you, do good okay??"

"Yes tita! Thank you sooo much!"

"No problem, dear. And oh. We'll hire a good band for you."

"Wow! Thank you talaga tita!"

"Okay, see you dear. Bye!"

Binaba na naming yung fone. Ayos! Kahit na bawal magpareserve, pinayagan pa rin ako. Sweet! Ngayon, kelangan makapag check in na ko. Para dun na ko mag ready and dun na kami matulog, if ever.. haha!

Hours had passed. Nandito na rin ako sa Vivere. OMG! Hindi ko alam kung anong sasabihin ko! Yung tiffany na ring na inorder ko from the internet last month dala ko na.. eto dapat yung Christmas gift ko sa kanya eh.. pero, I'll make this night soooo special na sobrang hindi niya na to makakalimutan..

Chapter 41

Bianca's POV

Andito na kami nila mommy sa Vivere. Si Papa, Daddy, Kris at Mommy.. kumpleto kami.. si Dylan kaya, pupunta?

"Ay Bianx, mauna ka na. punta ka sa may receptionist tapos hanapin mo na lang si Miss Elvie. Alam na nila yung gagawin nila. Ok?"

Nag nod lang ako tapos pumasok na ko sa loob. Wow! Lagi ko tong nakikita pag nagpupunta kami nila Carla at Mae sa festival, pero never pa kong nakapasok dito. Ang ganda nung loob, ang ganda

nung stairs! Para tuloy akong princess habang umaakyat ako sa may stairs.

Ni lead niya ko sa isang girl na naka upo sa may couch. Nasa mid 40's na siya, pero maganda pa rin siya. Prim and proper. Siguro siya yung boss dito.

"Ma'am, Miss Bianca's here."

Kilala niya ako? Nasabi ko ba pangalan ko kanina? Oh wanted lang talaga ako dito?

"OH. Hi hon." Kumiss siya sa pisngi ko (beso beso?) "You look so pretty tonight! Mas maganda ka sa personal kesa sa picture. Oh halika na, I'll guide you to Skyline! Grabe, you'll love it! Everything's perfect."

Skyline? I'll love it? Perfect? Omg! Ang alam ko lang is.. GUTOM NA KO! Ano ba talagang meron?

Sumakay kami sa elevator, at pinindot niya ung pang 31st floor. OMG! Ang layo pa!

Pag dating naman sa 'Skyline' may band na nag peperform.. ang kinakanta nila ay Why I love you so much ni Monica.. patapos na rin halos yun song..

Pumasok na kami sa place, tapos nag tinginan sakin yung mga tao, naka smile silang lahat sakin.

"Bianca, just go straight tapos andun na yung seat niyo."

Nag smile ako tapos nag nod.

Naglakad ako tapos nakita ko yung table na may nakalagay na, RESERVED FOR MR. DY

Baka kay Daddy naka pangalan. Umupo ako sa table na yun, tapos nag salita yung girl

"There's this guy, who likes this girl so much.. the girl sort of lied to him, that caused him to get mad at her.. which is wrong. He said

that he wanna patch things up with her, and by doing this, the girl might forgive him."

Lied? Parang pareho kami ha..

Namatay yung ilaw, tapos nag salita na naman ung girl

"Everybody, Let's give it up for Mr. Lance Dy"

Bumukas ulit yung ilaw, pero spot light lang.. biglang naka tayo na si Tofer sa stage, may hawak na mic.

"I dedicate this song.. to my girl.."

Nag start na mag guitar yung guitarist..

"Gusto kong magpaliwanag sa'yo

Ngunit di kinakausap

Di inaasahang diringgin mo.

Nakatingala sa ulap.

Alam kong nasaktan na naman kita

Ngunit di ko naman sinasadya.

Hinding-hindi na mauulit sinta.

Sana'y maniwala ka.

Sabihin mo na kung anong gusto mo.

Kahit ano'y gagawin para lamang sa'yo.

Sabihin mo na kung papa'no mo mapapatawad.

Ilang araw mo nang di pinapansin?

Ilang araw pang lilipas?

Nakatanga sa harapan ng salamin.

Naghihintay ng bawat bukas.

Lahat naman tayo'y nagkakamali.

Sinong di nagsasala?

Ngunit kung paano babawi sa pagkakamali.

Iyan ang mahalaga

Sabihin mo na kung anong gusto mo.

Kahit ano'y gagawin para lamang sa'yo.

Sabihin mo na kung papa'no mo mapapatawad".

Bumaba siya ng stage at lumapit sa may table ko..

"Patawarin mo sana sinta".

Lumuhod siya sa tapat ko..

"Di ko sinasadya"

At hinawakan niya ang kamay ko..

"Sabihin mo na kung anong gusto mo.

Kahit ano'y gagawin para lamang sa'yo.

Sabihin mo na kung papa'no mo mapapatawad"

Tumayo ulit siya at bumalik sa stage.

"Sabihin mo na sinta' kung papa'no mo mapapatawad.."

Nahihiya ako.. masyado akong nabigla sa pagluhod niya.. hindi naman niya kelangan lumuhod eh..

"Bianca baby, I'm sorry.. will you forgive me?"

"..."

Binigay na ni Tofer yung mic sa girl

"Okaaay.. while she's thinking, let's give a hand for Mr. Lance Dy for that great performance!" nagpalakpakan yung mga tao. Si Tofer naman halatang nadisappoint.

Pababa na sana si Tofer ng stage ng bigla akong tumayo.

"Tofer wait.." huminto siya, nasa stage pa rin siya nakatingin sakin.. ako naman nasa baba hindi alam ang sasabihin.. lahat ng tao tahimik. Nakatingin sakin..

"I'm sorry.." sabay tumakbo ako papunta sa kanya.

Hinug niya ko.

"Baby I'm sorry.. promise ko hindi na ko magagalit.."

"Ako dapat mag sorry.. hindi na ko mag sisinungaling.. hindi na ko mag tatago ng secret sayo." Nagpalakpakan yung mga tao. Tapos nung tinanggal na namin ung hug, nakita naming sila mommy sa isang table, si Kris ng thumbs up sakin, pinipicturan naman kami ni papa at daddy. Ang kulit! One big happy family na kami!

Bumaba na kami ni Tofer sa stage at umupo sa table namin, syempre kelangan naming mag solo ngayong gabi.

"I didn't know you can sing.."

"Wala ka kasing tiwala sakin eh.. haha!"

Kumain na kami ng dinner tapos nagusap usap na lang..

"Bakit ba kelangan pumunta pa tayo dito? Pwede mo naman akong tawagan.. o kaya sa bahay na lang.. bakit gumastos ka pa?"

"Wala lang.. ay.. I have BIG BIG FAVOR to ask you.."

"Ano yun?"

May nilabas siyang mini box. Binuksan niya ito.. OMG! TIFFANY RING!!!!

"I could spend forever with you, you know that?" nakatingin lang ako sa kanya, hinihintay yung sunod niyang sasabihin..

"Couldn't we start forever now..?"

Tinanggal niya yung ring sa box, kinuha niya yung kamay ko.. tinanggal niya yung isang ring, at pinasok yung tiffany ring..

"Let's get married.. this time, let's make it real.."

Make it real? Narinig niya ba kong sinabi ko un nung nasa school gym kami??? Pero.. speechless ako.

"Hindi ko alam sasabihin ko.." yumuko siya at nag pout.

Tumayo ako sa upuan ko at nilapit ko yung chair ko sa chair niya. Then I hugged him.

"I love y.. I would love to spend my forever with you baby.."

Pumunta kami sa may table nila mommy, si Tofer kasi atat!

"Oh? Bakit kayo nandito?" aba, ayaw ata kami nilang kasama!

"Mom, Dad, Pa, Kris.."

"Bakit?" sabay sabay nilang sinabi.

"I wanna marry Bianca, for real.."

Nagulat silang lahat sa sinabi ni Tofer. Si Mommy teary eyed na.

"Papa, gusto kong pakasalan si Bianca sa simbahan.. hindi ko naman po siya mamadaliin eh, kahit after graduation niya natin gawin ung wedding, tutal i-iinherit ko rin yung company ni Daddy eh. Please, Papa.. hindi ko na siya sasaktan, papasayahin ko siya. Gagawin ko lahat ng makakaya ko para lang mapaligaya ko siya.. Plea--

Cinut ni Papa si Tofer.

"Ano ka ba Dylan, matagal ko na binigay sayo ang anak ko.. matagal ko na siya pinagkatiwala sayo.. ngayon panatag na loob ko kasi alam kong hindi mo siya sasaktan.."

Hinug ni Papa si Tofer, aww. Hindi ko na rin mapigilang maluha..

That night, lahat nung taong nasa Skyline, libre ung food. Kasi sila mommy nag bayad.

Happy ending na ba kami..? Sana.

Summer vacation na, sabi ni Tofer mukhang Malabo raw na makapag bakasyon siya, kasi may summer class siya.. so mag kalayo na naman kami.. eto ako ilang months nang bum! Ilang months na rin ang nakalipas mula nung nag propose sakin si Tofer.. SI TOFER YUNG GUY NA CRUSH KO FOR 6 YEARS NAG PROPOSE LANG NAMAN SAKIN! How cool is that? Haha!

Dylan's POV

Summer.. nakakaasar. Wala si Bianca dito, namimiss ko na siya. Ano kayang ginagawa niya ngayon? Siguro nag lalaro sila ni Kris. Yung dalawang yun! Ang hirap nang paghiwalayin!

"Dylan! Ano ka ba! Kanina pa ko kumakatok sa labas!!! Hindi mo ba naririnig???"

"Ha? Hinde eh.. kanina ka pa ba?" Napakamot ng ulo si Ryan.

"Oo, kanina pa! as in kanina pa!! alam mo bang ang init init sa labas? Alukin mo naman ako ng inumin!!" Hinampas ko lang siya sa may balikat at tumayo para ikuha siya ng inumin.

"Dylan! Alam mo naman na nililigawan ko si Mae diba..?" Nililigawan niya si Mae?? Bakit hindi ko alam?

Bumalik ako sa may sala, para ibigay yung inumin ni Ryan.

"Nililigawan mo nga ba si Mae? Kelan pa? Bakit hindi ko alam?"

"Pare, ang lakas ng tama ko kay Mae.. nung nasa resort tayo, iba eh.. Hindi ba nasabi ni Bianca?"

Umiling ako

"Ahh. Ngayon alam mo na. mahal ko si Mae. I love her. I'll do everything, anything for her."

"Dapat lang, maganda si Mae noh! Wag mo siyang itulad sa iba mong babae! Pati lagot ka kay Bianca at Carla niyan pag ginago mo siya."

"Gagy, sure na ko kay Mae.. kaya ikaw! Puntahan mo na si Bianca! At baka namimiss ka na nun!!"

"Ha.. eh.. hindi pwede eh.. baka sa sabado pa ko makauwi.. I miss her big time.."

"Ako rin eh. Miss ko na si Mae. Sige! Bibisitahin ko pa siya eh!"

Wow. Ang lakas nga ng tama niya!

"Sige, ikamusta mo na lang ako sa kanila ha!"

Kumaway lang siya at lumabas na na pintuan.

Bakit kaya hindi pa tumatawag sakin si Bianca? Ok lang kaya siya? Masyado siyang masaya pag kalaro niya si Kris malamang hindi mag papaistorbo un.. Haaay.

Ryan's POV

After 30 mins, nandito na ko sa apartment ni Mae sa UST. Naka bukas ng konti ung door, kaya pumasok na ko.

"Mae, sorry sa mga nagawa ko.. can I have you back? Alam ko naman na mahal mo pa ko eh.."

Hinug lang ni Mae yung guy.. siya siguro si Chino.. pero akala ko ba nasa Indonesia na siya? Bakit andito pa rin siya? Bakit ganito yung feeling.. bakit parang nasasaktan ako..

Nagtago ako sa may cr, hindi ko naririnig pinaguusapan nila.. ayoko rin naman marinig un eh.. pero hindi ako makagalaw sa lugar ko ngayon. Parang naglue ako..

Lumabas na ko ng cr, next na labas, yung main door. Binilisan ko mag lakad. At sa aking kaengotan, nasalpak ko ung pinto. Malamang narinig nila Mae yun.

Mae's POV

Si Chino, bumalik ng pilipinas. Una sabi niya, break na kami.. hindi na raw kami pwedeng magsama. Pero bakit pa siya bumalik dito? Para san pa?

"Mae, sorry sa mga nagawa ko.. can I have you back? Alam ko naman na mahal mo pa ko eh.."

Nagulat ako sa mga sinabi niya. Speechless ako masyado.

Hinug ko lang siya.. tapos hinug niya rin ako.

Nung bumitaw na ko sa hug, nag simula na kong mag salita.

"Chino, I'm sorry.. pero may gusto na kong iba.. alam kong hindi niya ko gusto, pero may hope ako na magugustuhan niya ko someday.. I'm sorry.."

Maya maya, may narinig ako na nagsalpak ng pinto. Tumayo ako at tiningnan kung sino yun, wala naming tao, si Carla kadate si Vander. Lumabas ako ng apartment para tingnan kung sino yun, lalaki, nakatalikod. Naglalakad papalayo.. si Ryan..

"RYAN!" nag stop lang siya, pero hindi siya lumingon..

Nilapitan ko siya. At ngayon humarap na siya sakin.

"Uy Mae.. wala lang.. napadaan lang ako.. sige, balik ka na sa loob.. nandun si Chino eh.."

"Ha? Ah.. hehe! Ok lang yun, tara pasok ka! Alam mo ba miss--

"Mae, I love you.. ikaw lang yung unang girl na nakapag patibok ng puso ko ng ganito.. kung iniisip mo ung dati kay Bianca, wala yun. Ikaw na ang mahalaga ngayon. Hindi ko kakayaning mawala ka pa sakin.. pero kung mahal mo pa talaga si Chino, ok lang.. I'm willing to let you go.."

OMG! He did not just say that.. si Ryan? Gusto ako? I mean, mahal ako?? Dream come true! Pero.. teka wala pa akong nasasagot!! Nagsisimula na siyang mag lakad papalayo sakin.. Teka, hinde.. hinde ko pupwedeng hayaan mawala na lang sakin si Ryan ng ganun ganun lang.. bakit? eh gusto ko rin naman siya eh! bakit kelangan ko pa magpakipot.. happiness ko na ang nakataya dito!

"Ryan.. I.. I.. I like you.." tumigil siya sa pag lalakad at lumingon sakin, lumapit siya sa akin.

"Seryoso? Hindi nga?? Mae, wag mo naman akong biruin ng ganyan.."

"Noon pa lang gusto na kita.. I'd rather lose Chino.. wag lang ikaw.."

Hinug ako ni Ryan.

"I love you Mae.. please be my girl.."

"I love you too Ryan.."

Happy ending na ko. Ibang klase pala talaga pag nagintay ka. So worth it naman pala lahat ng sakripisyo k okay Chino eh, si Ryan kapalit. Si Ryan na sobrang gusto ko. Pero parang ang unfair kay Chino.. anong unfair dun? Siya nakipag break sakin. Iniwan niya ko dito sa pinas at pumunta siya ng Indonesia! Kasalanan ko bang magustuhan ko ung taong andito at nakikita ko? At balita ko rin naman eh may babae siya dun sa Indonesia.. yun ung reason kung bakit siya nakipag break sakin.. kakaiba nga naman. Pero ngayon.. si Ryan lang talaga.. siya lang ang alam kong mamahalin ko ngayon..

Chapter 42

April 30 na. ang boring. Si Kris nasa school, mag eenroll pa lang haha! Ako mag isa dito sa bahay. Binuksan ko ung desktop para mag check ng email, nag sign in na rin ako sa MSN, si SangMin online..

SangMin: Bianx!!! I miss you!!!

98

Bianca: Nathan!!! I miss you too! Kelan ka uwi dito??

SangMin: Nasa pinas na ko loko! Napaaga uwi ko eh, dito na nga pala ko nakatira sa Parañaque!

Bianca: Nasa alabang ako ngayon! Lilipat na ko ng school eh..

SangMin: Talaga?! Sa SFC ako mag aaral, HRM course ko. Ikaw?

Bianca: DUN DIN!!!! O M G! HRM din course ko!

SangMin: Talaga?? Ayos! Sige, alis na ko. Impt lang. hehe! Bye! miss you!

Bianca: Okay! ^_____^

Nag sign out na kami pareho. Nasa pinas na si Nathan.. at pareho pa kami ng school.. at mag kacourse pa kami.. ok na yun. At least alam kong may kakilala na ko... hindi na ko magpapakahirap makipag kilala sa mga tao tao dun. Si Nathan.. ano na kaya itsura niya ngayon? Ganun pa rin kaya.. ang tagal ko na siyang hindi nakikita eh.. ang gaan ng feeling ko nung nalaman kong nasa pinas na siya, at iisang course at school lang kami.. teka, bakit ko ba iniisip yun? Nakalimutan ko na bang nag propose sakin si Tofer? Hinde. Wag ganun.

6:00 pm na! wala pa rin akong magawa! Paikot ikot na ko sa bahay, gumulong gulong na ko sa kama ko. Nakatulog na ko lahat lahat at eto parin ako, bored. Nakakaasar! Wala pa sila Kris! Ano ba to! Nakakabwiset naman!

Calling..

Mae-ganda.Ö

"Mae!!"

"Bianx.. may secret akong tinatago sayo.."

"Ha? Ano yun??"

"Kami na ni Ryan.. hehe! Sorry.. gusto ko kasi munang isecret sainyo eh.. kaya hindi muna naming sinabi."

"TALAGA?! OMG! IM SOOO HAPPY FOR YOU!"

"Thank you! Kung hindi dahil sayo, wala kami! Teka! Nag mumukmok na si Ryan! Haha! Wala daw akong time sa kanya kasi kausap kita! Haha! Sige bye!!"

"Sige! Sabihin mo sa kanya pakyu siya! Hehe! Baboo!"

Si Carla at Ryan na.. Ako at si Tofer seryoso na, si Carla at Vander, mukhang totohanan na.. kaming tatlong magkakaibigan, nahanap na yung para samin.. kuntento kami sa kung anong meron kami, hindi porket mahina kami sa school, wala na kaming karapatan maging masaya, at makahanap ng 'true love'. Ewan ko ba, parang lahat ok na, wala ng problema, yung tipong.. forever na to. Pero hindi pa tayo nakakasigurado kung tunay na 'happy ending' yung mangyayari. Ewan. Sablay yung feeling.

Calling..

My TwstdSunshine

"BABY!"

"Tofer.."

"Tss.. bakit Tofer? Ayaw mo Baby? Nakakaasar naman.. haay."

"Weh! Nag tampo na baby ko! Bakit napatawag ka? Teka, bakit sa cellphone pa?? hindi na lang sa landline? Loko ka!!"

"Baby.. wala ako sa bahay eh.. nag aya kasi yung mga classmates ko maginuman.. ok lang ba?"

"Ano ka ba! Oo naman noh, basta wag ka lang magpapakalasing ha? Just enjoy there, ok? Teka, pano ka uuwi? Dala mo yung auto?"

"Sasabay ako sa classmate ko, miss na kita.."

"Miss na rin kita.. teka, san ba yan? Kaninong bahay?"

"Sa makati, condo ng classmate ko, Steffi name niya."

"Steffi? Parang ngayon ko lang narinig yung name na yun ha.. kilala ko ba siya?"

"Nope, ngayon ko lang siya naging close eh, mabait siya beb. Pakikilala ko siya sayo one time, hm?"

"O sige! Baka naman maganda yan ha! Makalimutan mo ko bigla.."

"Alam mo bang ang mahal ng nagastos ko sa tiffany ring mo? Nag research pa ko kung anong style yung gusto mo! Tapos kakalimutan na lang kita bigla? Yung effort pa lang, halatang.. tama na! ang cheesy eh!"

"Tss. Binitin mo eh! Di nga, ano nga yun beb?"

"Hindi ba halatang I really like you that much? Hm?"

"Tsssssss.."

"Hahaha! Uy kinikilig siya! Haha! Umamin ka na! hanggang ngayon alam kong kinikilig ka pa rin sakin, to naman! Ikakasal na tayo eh, ayaw mo pang umamin!"

"Wala naman akong sinabing hindi ako kinikilig ha! Ano ka ba! Tataas na naman bill mo! Mataas na nga credit card mo, mataas pa yung bill mo sa line! Tsktsk."

"Eto naman! Namiss na nga kita eh.. I miss you baby, text mo ko ha? Bye.."

"Opo chief! Bye! I miss you too!"

Yan and bagong Lance Kristofer F. Dy., after niyang magpropose sakin, lahat nagbago, hindi na kami nag aaway, minsan lang kami magkatampuhan, pero yung tipong tampong pambata lang. madalas siyang tumatawag sakin pag gabi, o kaya pag wala siyang magawa, tatawag siya.. ngayon tumawag siya para mag paalam na pupunta siya sa bahay ng kaklase niya.. ngayon lang siya nagpaalam sakin. Natutuwa ako pero naninibago. Parang hindi siya yung nakilala kong Lance Dy nung high school kami, parang hindi siya yung nakasama ko nung nasa QC pa ko, parang.. habang tumatagal.. mas lalo ko siyang minamahal.

Minsan sa mga nangyayari, gusto ko na iumpog yung ulo ko sa pader, baka sakaling magising ako. Minsan naman gusto ko siyang

sampalin, baka kasi wala lang siya sa sarili niya, pero paulit ulit yun nangyayari eh, parang daily routine na.

98

Ok naman ang lahat eh, alam naming gusto namin ang isa't isa.. ang hindi na lang niya alam na.. mahal na mahal ko siya, tipong siya na yung iniikutan ng mundo ko, mas mahal ko siya kesa sa sarili ko.. kaya lang. hindi ko alam kung mahal niya rin ako. Not even once, nasabihan niya ko ng 'I love you' kahit aksidente o sinasadya, wala pa rin. Ako pakipot. I was about to say 'I love you Tofer' pero wala. Nabading ako. Hindi ko alam kung bakit.

Siguro, gusto ko lang na mauna siyang sabihin niya sakin na mahal niya ako kasi ako naman yung naunang nagsabing gusto ko siya eh.. pero ngayon. Wala ng pride pride. Wala ng hiya hiya. Ok fine, hindi ko kaya. Gagawa ako ng way o ng code para lang masabi ko sa kanya na mahal ko siya.

Dylan's POV

Niyaya akong maginuman ng mga kaklase ko, ayoko sana sumama pero makulit sila, minsan lang naman daw. Sa totoo lang hindi ko

masabing baka hindi pumayag yung asawa ko. Hindi naman kasi nila alam na kasal ako eh. Ang alam lang nila may girlfriend ako. Tinawagan ko si Bianca para itanong kung ok lang na sumama ako sa inuman, at ang sagot niya? Syempre pumayag siya. Nagsisise ako kung bakit mas pinili ko si Niña dati kesa kay Bianca, ang daming bawal kay Niña.. kay Bianca naman lahat ok lang. pero syempre alam ko limitasyon ko. Ayokong abusuhin yung pag payag sakin ni Bianx sa pag alis. Miss ko na siya. Gusto ko siyang Makita. Pero hindi pa pupwede.

Kanina muntik ko na masabing 'I love you' sa kanya, pero hindi ko kinaya. Natatakot pa rin ako. Baka kasi ako lang yung nagmamahal, baka siya mabigla. Siguro sasabihin ko na lang na mahal ko siya, day before ng wedding namin. Ilang months lang naman iintayin ko eh. Kaya yun! Pero excited na kong masabi sa kanya yun.. parang yun na lang yung iniintay ko eh, yung masabi kong mahal ko siya. Mahal na mahal ko siya.. siya lang ang babaeng mamahalin ko.. at pag nawala pa siya sakin.. hindi ko na ata kakayanin pang mag mahal ng iba, siguro makakahanap ako ng iba, pero hindi ko na makakayanang mahalin pa yun katulad ng pagmamahal ko kay Bianca..

"Dylan, bakit mag isa ka lang dito? Di ka ba nag eenjoy?"

Siya si Steffi. Blockmate ko siya. Mabait siya, matalino at maasikaso. Sweet din siya sabi nung iba, ngayon lang kami naging close. Sabi ng mga blockmates ko gusto daw ako ni Steffi. Ewan ko ba, hindi ko naman siya trip eh. And wala akong balak lokohin si Bianca. Si Bianca lang ang tinitibok ng puso ko. Alam kong korni pero yung ang totoo. Ika nga sa chick flick na pinanood namin ni Bianx 'She's the only girl who made my heart beat faster and slower at the same time' if yung guy, ganun yung nafifeel sa girlfriend niya, ganun din ako kay Bianca.

"Ha? AH! Nag eenjoy ako. Tinawagan ko lang si Bianca para sabihin na andito ako sa bahay mo."

"So.. let me guess.. pinapauwi ka na niya?"

"Nope. Sabi niya mag enjoy ako. She's not like other girls. Hehe! Akala ko nga rin magagalit eh. Pero ok lang sa kanya."

"Ahh.. Okay. So ano mo ba siya? Nililigawan mo?"

"No. Kami na. actually, i-kakasal na kami eh. After niyang grumaduate."

"O-o-ohh.. nice.. tara dun tayo! Baka hinahanap ka na nila eh."

"Okay!"

Haaaay. Nababaliw na ko kakaisip kay Bianca. Dati halos araw araw kaming magkasama pero binabali wala ko lang siya nun, ngayong tinake over na niya ako, magkalayo naman kami.. halos ilang weeks na rin kaming hindi nagkikita.. hanggang send send na lang si mommy sakin ng MMS ng picture ni Bianca, kung anong ginagawa niya, habang tulog siya, at habang wala lang.. nagkukulitan sila ni Kris.

Bianca, bakit mo ba ko ginaganito.. I miss you so much that it makes me wanna go there and hug you tightly..

1 message

received

Sender:

..EverAfter

+639178**2520

Lalala..Ü

Lalala? Ano kaya yun? Mga trip talaga nito ni Bianx oh! mareplyan na nga lang.

Chapter 43

To: My TwstdSunshine

Lalala..Ü

Ayan! Nasabihan ko na siya ng I love you! Haha! Lalala means I love you.. diba? Song yun eh, ngayon siya na bahala sa meaning ng lalala! I'm so good!

11:59 pm

From: My TwstdSunshine

Lalala? Wala ka na nman magawa jan.. Beb.. I miss you. Mmwah*

Ano ba to! Napangiti niya ko bigla, palagi na lang siyang ganyan! Pinapakilig ako! Eto naman ako, hindi ko mapigilan.. pero wala eh! Ganun talaga, I like him that much.. no! I love him that much!

To: My TwstdSunshine

Beb.. I wanna see you now.. I miss you too..

After 5 minutes, wala pa rin yung reply niya. Nakahiga lang ako sa kwarto ko iniisip siya.. namimiss siya. Ano na kaya ginagawa niya? Baka naman nalasing na yun? Hinde.. sabi ko sa kanya wag siya magpapakalasing eh. Susunod naman yun sakin.. nakauwi na kaya siya? Oh baka naman nakatulog na siya.. haay.. siya na nga talaga ang mundo ko. Ang bilis ng oras.. 12:40 am na.. hindi pa rin niya ko tinetext! Sabi niya text kami pero wala na kong messages na narereceive! Bwiset siya! Hmph!

Calling..

My TwstdSunshine

"Beb, miss mo na ko?"

"Mm-mm.."

"Gusto mo kong makita?"

"Mm-mm.."

"Ako rin eh.. kaya lang hindi pwede.. walang masasakyan papunta dyan eh, gabi na masyado.."

"I understand.."

"Uhmm.. gusto mo pumunta ko dyan ngayon?"

"Hinde wag na.. baka mapano ka pa eh.. naiintindihan naman kita eh.."

"Buti naman.. beb, tingin ka sa bintana! Kinakawayan kita from makati! Bilis!!"

Kakawayan niya ako from makati? Nababaliw na talaga siya noh? Haaay. Kung hindi ko lang siya mahal eh..

Bumangon ako ng kama at naglakad papapunta sa may bintana, tinabi ko ung kurtina, tumingin sa labas at kumaway..

"Tss. I can't believe na gagawin mo talaga yun.. hahaha!"

"Ha? Hindi kaya!! Ano ako? Utu-uto? Baliw!!!"

"Hindi ba? Tss.. tingin ka sa baba.."

Tumingin ako sa baba.. pag kita ko, andun siya, nakatayo, kumakaway sakin.. naka ngiti..

"Ba..ba..bakit ka nandito? Akala ko ba nasa Makati ka?"

"Sabi mo diba gusto mo ko makita? Kaya andito na ko! Pati, gusto na rin kita makita eh, dapat uuwi ako dyan last Friday eh, pero hindi ako nakauwi.. busy masyado.."

"Tsss. Ewan ko sayo! Umalis ka na nga! Nakakabwiset."

Binaba ko na ung cellphone ko.

Dylan's POV

Sender:

..EverAfter

+639178**2520

Beb.. I wanna ssee you now.. I miss you too..

I wanna see you now.. pag kareceive ko ng text niya na yan, agad agad akong nagpaalam umuwi, pumayag naman sila kasi akala nila emergency, kumuha ako ng taxi.

Saktong 12:30 am nakarating ako sa tapat ng bahay namin sa alabang. Nakapatay na ilaw. Yung room na lang ni Bianca yung nakabukas ang ilaw.. hindi ko alam ang sasabihin ko sa kanya, alam kong magtatanong yun kung bakit ako andito.. kelangan magi sip ako ng sasabihin ko..

10 minutes bago ko siya tinawagan.

Calling..

..EverAfter

"Beb, miss mo na ko?"

"Mm-mm.."

"Gusto mo kong makita?"

"Mm-mm.."

"Ako rin eh.. kaya lang hindi pwede.. walang masasakyan papunta dyan eh, gabi na masyado.."

"I understand.."

"Uhmm.. gusto mo pumunta ko dyan ngayon?"

"Hinde wag na.. baka mapano ka pa eh.. naiintindihan naman kita eh.."

"Buti naman.. beb, tingin ka sa bintana! Kinakawayan kita from makati! Bilis!!"

Nakita ko na lang siya bigla sa may bintana, kumakaway.. nung ginawa niya yun, napasmile lang ako.. ang cute niyang tingnan mula dito sa labas. Kinawayan ko rin siya pero hindi niya ko nakikita, feeling ko nakatingin nga siya sa may Makati! Haha!

"Tss. I can't believe na gagawin mo talaga yun.. hahaha!"

"Ha? Hindi kaya!! Ano ako? Utu-uto? Baliw!!!"

"Hindi ba? Tss.. tingin ka sa baba.."

Tumingin siya sa may baba, una nag smile siya, as in smile.. pero biglang sumimangot

"Ba..ba..bakit ka nandito? Akala ko ba nasa Makati ka?"

"Sabi mo diba gusto mo ko makita? Kaya andito na ko! Pati, gusto na rin kita makita eh, dapat uuwi ako dyan last Friday eh, pero hindi ako nakauwi.. busy masyado.."

"Tsss. Ewan ko sayo! Umalis ka na nga! Nakakabwiset."

Tapos bigla niyang binaba yung fone.

Anong ginawa kong masama dun? Pumunta ko dahil sabi niya gusto niya kong makita, and gusto ko rin siya makita, nag explain naman ako diba? Hindi ba siya natuwa?

Pinatay na ni Bianca yung ilaw niya, feeling ko natulog na yun.. mali ata yung ginawa kong pag surprise sa kanya.. dapat siguro nagpaalam muna ko.. haay. Siguro nga, pumunta ko dito para sa wala..

Papalakad na ko.. nalulungkot pa rin ako sa naging expression niya, sa pag baba niya nung phone.. feeling ko hindi siya nasiyahan.. feeling ko ang bobo ko.. feeling ko..

"HOY! AALIS KA NA LANG BA BASTA BASTA?!"

Napahinto ako sa pag lalakad ko, lumingon ako, si Bianca nakapamewang tapos naka pout. Ang cute niya talaga! Mukhang bata! Napasmile na naman niya ko.

"Akala ko ba galit ka sakin..?"

"Oo nga! Kasi hindi ka manlang pumasok ng bahay.. ganun din eh, malayo pa rin tayo nun sa isa't isa.. edi mamimiss pa rin kita.. diba?"

"Cheeeeeeesy!"

"Ayaw mo? DI WAG!"

"Ay nako! Tampo na naman.."

Binilisan ko yung pag lalakad at hinawakan ko yung kamay niya.

/ 98

"Pasok na tayo.."

Nagsmile lang siya sakin. Bianca. I love you.. please.. just stay beside me.. papasayahin kita.. kuntento na ko sayo.. I cannot ask for more..

Fast forward

Bianca's POV

After ilang months na nakalipas, andito na ko sa SFC, si Nathan lang lagi kong kasama, parang siya si Ryan dati.. pero mas gwapo nga lang si Nathan! Hahaha! Andami ring Koreans dito sa SFC, minsan

yung mga babaeng koreano nagpapacute kay Nathan, madalas naman kakausapin nila ko para lang itanong kung ano cellphone number ni Nathan, at araw araw nila sakin tinatanong si Nathan. Ano ba to! Para tuloy akong personal assistant ni Nathan sa nangyayari. Pero ok lang, nakakatuwa naman eh. Akala pa nga nila kami, kaya tuloy may nagtanong kay Nathan kung bakit pinay pinatulan niya, alam niyo ba ang sagot niya? "Eh kasi, mas masarap mahalin ang mga Filipina, alam mong totoo sila, at half-filipino ako eh, so ok lang naman siguro yun." English nga lang. ayoko na itranslate baka dumugo pa ilong ko! So sa school na to, sikat kami. Sumikat ako dahil kay Nathan, haha! Pero nung may program, kumanta ako kaya rin ako nakilala dahil dun. Naaliw sila masyado sa boses ko, jusko po! Wala bang kumakanta dito? Sa UP ang dami kong kalaban eh. Pero dito wala pa ata!

"Bianx!! Muni muni ka na naman dyan ha!! Pahug nga!"

Lumapit ako para i-hug siya, wala naman sigurong masama sa hug diba? Si Tofer nga hindi ako hinuhug eh!

"I told you!! Bianca's SangMin oppa's girlfriend! Stop fantasizing there!"

Napabitaw kagad ako sa hug ko kay Nathan, may mga koreana na naman na sinusundan si Nathan, ano ba to! Uso ba ganito sa korea??

"Pabayaan mo na sila.. sorry ha.. pati ikaw nagkakaroon ng issue sakin.. haha! Nawawala na talaga sila sa sarili nila! Haaay."

"Grabe ganyan ka ba kagwapo para sa kanila? Hahaha! Halos magkandarapa sila eh! First time kong makakita ng ganito. Haha! Siguro sa korea sikat ka noh?"

"Ha? Ahh..eh.. hehehe.. parang ganun na nga.. naalala ko sayo ung sister ko eh haha!"

"Sister? May sister ka? Bakit hindi ko alam yun?"

Bakit hindi niya nabanggit sakin before na may sister siya? And hindi niya nabanggit name nun kahit isang beses lang eh.. bakit kaya ganun? I'm willing to meet her!

"Yeah, I have a little sister.. half sis ko siya actually, she's a pure pinoy.. pero she grew up in korea."

"Ahh.. pinoy.."

"yup! In demand siya sa korea! Nung pumasok sila nung bestfriend niya sa school na pinapasukan ko, nagdisguise pa nga sila para wag silang lapitan ng mga tao dun, pero syempre alam na kapatid ko siya, lumabas ung tunay na anyo nila, loko kasi yun eh.. gusto ng tahimik na buhay, unlike me, iba ko sa korea, magulo buhay ko dun."

In demand?! Wow! Ibig sabihin maganda talaga yung sis niya! Nako, naklakahiya tuloy tumabi dun.. sabagay gwapo siya eh, ibang klase kagwapuhan niya.. hahaha! Ewan ko ba, kinikilig ako pag nagssmile siya, pero STOP! MAY TOFER AKO!

"Ah! Ibig sabihin chick yung sister mo?? Maganda! As in WOW! Ganun ba yun?"

"I can't say.. she's my sister.. pero as a guy, yup she's pretty. Pinay siya na para na siyang Korean in a way. Kasi dun siya lumaki."

"Gwapo ka e-- ah, ang ibig kong sabihin, may itsura ka, kaya siguro maganda yung sister mo! I wanna meet her.."

"Maganda nga siya, hehe. Sige, pero not now.."

"Okay! Uy, sige! Uwi na ko! Hehehe! Baka nandyan na si mommy sa labas eh! Bye Nate!!"

Nagsimula na kong maglakad papalabas ng gate ng bigla niya ko hinabol at hinawakan yung kamay ko.

"Hoy! Ikaw, kinalimutan mo hug ko.."

"Ay oo nga pala! Sorry!"

Hinug ko siya.. wow.. ang bango niya.. kahit na napawisan kami lahat lahat ang bango niya pa rin, nakakaconscious tuloy. Hahaha!

"Sige na! baka naiinip na si mommy eh! Bye!"

Tumakbo na ko papalabas, lumingon lingon ako para hanapin yung kotse pero wala pa rin.. pero may familiar akong kotse na nakita.. bakit siya nan dito...

Chapter 44

Ay. Akala ko siya yung classmate ko sa UP, hindi pala. Oh well. Ang tagal parin ni Mommy! Akala ko ba siya yung susundo? Bakit parang ang tagal niya? Nagpunta ko sa may parking lot para tingnan kung andun siya, sa pag lalakad ko may nakita na naman akong familiar na mukha.. babae, sino nga ba siya? Yan yung nag beach kami eh.. ah! Si.. Athena! Tatawagin ko na sana siya ng bigla siyang tumakbo sa isang gwapong lalaki. Baka siguro boyfriend niya yun. Pero bakit andito siya? Ditto rin ba siya mag aaral? Oh baka naman dito ung boyfriend niya? Ewan.. malalaman ko na lang yun pag tumagal tagal..

Maya maya, bumalik na lang ako sa may tapat ng building ng school para dun mag intay, pero nagulat ako ng may nag park na kotse sa tapat ko, sure ako yun yung car ni Tofer, pero bakit siya yung

sumundo sakin? Akala ko ba si mommy? Eto talagang lalaking to! Mahilig mang gulat! Pero ok lang, masaya naman ako eh.. kasi makakasama ko siya.

Dylan's POV

"Hello ma! Ako na lang susundo kay Bianx ha! Andito na rin ako sa tapat ng school niya eh."

"Oh sige, tama yan. Sa labas na rin kayo kumain kasi wala akong lulutuin ngayon, pupunta kami ng party nila Papa Mar at Daddy mo, si Kris nag overnight kela JP, umuwi na kasi sila galling states.. hineram siya ng tita mo at namimiss na raw niya ito. O sige na, mag reready pa ko eh!"

"Sige, ingat na lang kayo!"

Grabe, napaaga ata dating ko dito ha. 4pm na, anong oras ba uwian nun? 5? Grabe naman, naexcite ako masyado. Pano ba naman, 3 weeks ko na siyang hindi nakikita, gusto ko na rin siya mahug noh! Habang nag iintay ako sa kotse binuksan ko yung radio, nakakainip mag intay pero buti na lang magaganda yung tugtog. 5pm na, ang bilis ng oras, ano ba to, naeexcite ba talaga kong Makita siya? Bakit

ang bilis ng oras.. bumaba ko ng kotse para i-check kung andun na siya, gusto ko siya ma surprise! Nasa malayo pa lang ako nakikita ko na siya.. siya nga yun.. palapit na ko.. pero nakita ko si Nathan.. SI NATHAN?! Anong ginagawa niya sa SFC?! Dito rin ba siya nag aaral? Bkit hindi sinabi sakin ni Bianca?! Kaya ba niya gusto lumipat dito dahil sa kanya? Hinde.. baka naman may ibang dahilan siya.. ok lang ok lang.. schoolmates lang sil-- tama ba tong nakikita ko? HUG NA NAMAN?! Ano ba!

"Bianca.. bakit ba kelangan ibang tao pa ihug mo.. kung kelangan mo ng hug.. bakit hindi na lang ako yung i-hug mo..?"

Wala akong magawa.. nakatayo lang ako dun.. pinapanood sila.. pero wala lang naman siguro yun diba? Bumitaw na sila sa hug, nakita siguro nila ko.. mali. Hindi pa pala nila ko nakikita.

Nakatayo lang ako dun, pinapanood sila magkwentuhan.. eto ba yung nagpapatagal sa kanila? Bakit ba kasi kelangan gawa sa glass lang? hindi na lang cement para hindi nakikita ng mga tao yung pinaggagawa nila.

5 mins din silang nag uusap, tapos nakita kong papaalis na si Bianca, si Nathan.. hinabol siya.. nag hug na naman sila..

Bumalik na ko sa kotse, stinart ko na yung auto at umalis..

Hindi ko alam kung bakit ganito na lang ako.. tuwing nakikita ko siyang may kahug na lalaki lagi akong nasasaktan, parang naiinsecure ako pero ako naman yung pinili niya. Hindi ko pwedeng sabihin kay Bianca yun dahil alam kong sasabihin niya na wala akong dapat ika selos dahil ako yung pinili niya. Bakit ba ko nagiging ganito? Ayoko talaga yung feeling..

Umikot ako para balikan si Bianca sa tapat ng school niya, pero pag balik ko wala na siya. Andun siya sa may parking lot nakatayo, parang medyo tulala siya na parang may nakita siyang hindi kapani kapaniwala. Nakita ko siya nag lalakad na pabalik ng school. umiwas ako ng tingin. Baka isipin niya kanina ko pa siya nakita. Binuksan niya yung kotse at umupo na. nag pretend akong nag tetext.

"Beb! Miss you. Siguro namiss mo ko kaya ikaw sumundo sakin noh? Bakit nga pala napaaga uwi mo? Diba dapat gabi ka pa uuwi?"

Kunwari nag tetext pa rin ako. Nag send na lang ako ng quote kay Steffi, ayan. Nakatingin lang sakin si Bianca. Hindi pa rin ako sumasagot sa tanong niya.

"Beb?"

"Wala lang. Bakit, ayaw mo ba?" medyo cold yung dating pero nag smile lang siya sakin. Pinatong ko yung cellphone ko sa may lalagyanan ng inumin.

Habang nag dadrive ako, tahimik lang ako, si Bianca dada ng dada, kesyo daw ganito, ganyan, ganun. Nakakairita. Puro siya Nathan! Ano naman mapapala ko dun? Yayaman ba kami kakakwento niya tungkol sa nangyari sa kanila kanina ni Nathan? Hindi.

"Huy! Kanina pa ko nag kukwento! Ikaw naman mag kwento. Pati kanina ka pa walang imik dyan ha! May problema ka ba?" umiling lang ako.

Dumaan kami sa isang gas station, bumaba ako saglit para mag bayad.

Pag balik ko sa kotse iba na expression ng mukha ni Bianca. Ano kaya problema nito?

Bianca's POV

Si Tofer, simula nung sumakay ako sa kotse parang iba siya. Iba yung sagot niya sakin. Basta iba siya. Kuwento ko ng kwento tungkol sa nangyari samin ni Nathan tapos parang yung reaction nniya lang sakin, 'ah, okay.' Ano ba yun! Tinanong ko kung may problema siya, umiling lang siya sakin. Ayoko naman siyang kulitin dahil mukhang badtrip siya.

98

Nagstop kami sa isang gasoline station sa may alabang. Bumaba siya ng sasakyan. Sakto may nag text. Kinuha ko ung cellphone niya tapos tiningnan ko kung sino yung nag text.

Sender:

Steffi

+63919922****

Dylan, im here in town, meet tayo here, u want?

Steffi?? Parang narinig ko na to ha.. sino nga ba ulit siya? Parang familiar yung name niya. Pero hindi ko maalala kung san ko narinig yung name niya. Baka classmate siya ni Dylan.. dinelete ko yung message niya. Baka kasi malaman ni Tofer na binasa ko yung message niya, magalit pa yun. Pati hindi naman ata kami pupunta sa ATC eh, kaya malamang wala rin siyang paki. Hahaha! I am so mean! Bakit ba? May karapatan naman ako eh.

After 5 mins, hindi pa rin bumabalik si Tofer. Nakakainip naman! Ano ba ginagawa niya? Bakit ang tagal niya. Maya maya, biglang nagring yung cellphone ni Tofer,

Calling..

Steffi

+63919922****

OH MY GOD! Anong gagawin ko? Sasagutin ko ba? Duh. Malamang.

Pinindot ko na yung answer button..

"DIYOS KO DYLAN! ANG TAGAL MONG SAGUTIN HA!"

"..."

"Teka, bakit hindi ka nagrereply? Dito ko sa town! Punta ka bilis! Kasama ko si Kring. Punta ka ha! Intayin ka naming!"

"..."

"Hello??"

"Ay.. Sorry, iniwan kasi ni Dylan yung cellphone niya sa kotse, lumabas siya saglit. Sasabihin ko na lang yung mga sinabi mo.."

"Eh sino to? Bakit mo sinagot cellphone niya? Ikaw ba yung cousin niyang si Bianca?" COUSIN?! Sira ulo tong Lance Kristofer Fuentes Dy na to ha!! Pinsan niya ko?! Yun ung sinasabi niya sa mga kaklase niya? Leche! Napaka walang kwenta niya!

"Ah, oo. Si Bianca nga to."

"Sige Bianca, paki sabi na lang kay Dylan ha. Bye."

Pinsan pala ha. Napaka walang kwenta niya. Bwiset.

Steffi's POV

Napaagaalis ni Dylan sa school. hindi na siya nag last subject dahil daw uuwi siya sa alabang. Ibig sabihin sa Monday ko ulit siya makikita. Ibig sabihin matagal tagal ko siyang hindi makikita.

Nagtext siya sakin ng quote. Namiss ko na naman siya.. hindi ko alam yung irereply ko. Si Kring nag aya mag mall, natuwa ako kasi tinanong niya ko kung sang mall ko gusto pumunta, sabi ko kaagad sa ACT. Dahil alam ko malapit sila Dylan dun. Para makasama ko siya at Makita. 5:30 nakarating na kami sa atc. Tinext ko na si Dylan, pero ang tagal niyang mag reply. Hindi ako mapakali. Tinawagan ko siya..

"DIYOS KO DYLAN! ANG TAGAL MONG SAGUTIN HA!"

"..."

"Teka, bakit hindi ka nagrereply? Dito ko sa town! Punta ka bilis! Kasama ko si Kring. Punta ka ha! Intayin ka naming!"

"..."

"Hello??" tuloy tuloy akong nagsalita, pero hindi siya nag sasalita.

